

Lungsod at County ng San Francisco Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Ang Inyong Lungsod. Ang Inyong Pagpili.

vote 投票 bumoto 투표 bỏ phiếu

Eleksyon sa Hunyo 5, 2018

Magbubukas ang mga botohan mula
7 a.m. hanggang 8 p.m.



Maghanda

Basahin ang pamplet na ito.

Pagpasyahan ang inyong mga boto.

Markahan ang inyong mga napili sa Worksheet ng Balota para makatipid ng oras sa pagboto. *(tingnan ang huling pahina)*

Magplano

Piliin kung aling opsyon sa pagboto ang naaayon sa inyong iskedyul:

- sa pamamagitan ng mail (humiling nang hindi lalampas ng Mayo 29)
- sa City Hall mula Mayo 7
- sa inyong lugar ng botohan.

Bumoto

Maging botante sa eleksyong ito!

Maging Poll Worker din!

Maaari ninyong obserbahan ang proseso ng Eleksyon!

(Bisitahin ang sfelections.org)

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari rin ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa sfelections.org.



**SAN FRANCISCO
ELECTIONS**

Inilathala ng:

Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco

Mga Importanteng Petsa

Magbubukas ang City Hall Voting Center
(Sentro ng Botohan sa City Hall)

Lunes, Mayo 7

Huling araw para magparehistro upang makaboto

Lunes, Mayo 21

- Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang *sfelections.org*, “Rehistrasyon para sa mga Espesyal na Kalagayan”
- Maaaring magparehistro at bumoto ang mga bagong mamamayan ng Estados Unidos sa City Hall hanggang sa araw ng Eleksyon

Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center

Sabado at Linggo, Mayo 26–27

Huling araw para humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota

Martes, Mayo 29

Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center

Sabado at Linggo, Hunyo 2–3

Bukas ang mga Drop-off Station (Lugar na Paghuhulugan) ng Balota sa ilang pasukan ng City Hall

Sabado–Martes, Hunyo 2–5

Oras ng botohan sa Araw ng Eleksyon (lahat ng mga lugar ng botohan at sa City Hall Voting Center)

**Martes, Hunyo 5,
mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.**

Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon



TELEPONO

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386



KOREO

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634



EMAIL

Gamitin ang form para sa email sa
sfelections.org/sfvote

Ang mga oras na bukas ang opisina ay Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga pista opisyal) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tingnan ang *sfelections.org* para:

- ➔ I-check ang status ng inyong pagpaparehistro bilang botante
- ➔ Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon
- ➔ Dagdagan ang kaalaman tungkol sa ranked-choice voting (pagboto na aantasin ang mga piniling kandidato)
- ➔ Humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota
- ➔ I-check ang status ng inyong vote-by-mail na balota
- ➔ Tingnan ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan
- ➔ Tingnan ang inyong halimbawang balota

Return Address:

Napirmahan na ba ninyo ang kabila
ng inyong Aplikasyon para sa
Vote-by-Mail na balota?



Dikitan ng isang
first-class
selyo dito.
Hindi ihahatid
ng Post Office
kung wala nito.



**DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PLACE ROOM 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4608**



Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon — Hunyo 5, 2018

Pangkalahatang Impormasyon

Mga importanteng petsa ng eleksyon ... (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante	3
Komite para Gawing mas Simple ang Balota	3
Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan	4
Kung saan at kailan boboto	5
Kung paano bumoto	6
Ranked-choice voting	7
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	8
Remote Accessible na Sistemang Vote-by-Mail	9
Access para sa mga botanteng may kapansanan	10
Mga primaryang eleksyon sa California	34
Tulong sa wikang Filipino	46
Libreng mga klase sa Ingles	46
Batas sa mga karapatan ng botante	58
Pagiging kumpidensiyal at mga rekord ng botante	58
Programang Ligtas sa Tahanan	58
Mga madalas na itanong	76
Talatuntunan	79
Worksheet ng Balota	(huling pahina)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon	(loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon	(loob ng likod na pabalat)
Address ng inyong lugar ng botohan	(likod na pabalat)
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota	(likod na pabalat)
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado	(likod na pabalat)

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan	14
Mga pag-endorso ng partido	15
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos	16
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado	21
Mga Kandidato para sa Punong-bayan	23
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor (Distrito 8 lamang)	27
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 4	29
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 7	30
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 9	31
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 11	33

Mga Panrehiyon at Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento	35
Mga salitang dapat ninyong malaman	36
3 Panrehiyong Panukala 3	38
A Mga Revenue Bond (Utang para sa Proyekong Kumikita) para sa Pamublikong Utilidad	42
B Pagbabawal sa mga Naitalagang Komisyoner sa Pagtakbo para sa Puwesto	47
C Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pangangalaga at Edukasyon ng Bata	50
D Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pabahay at mga Serbisyong Tumutugon sa Homelessness o Kawalan ng Tahanan	54
E Pagbabawal sa mga Nagbebenta ng Sigarilyo at Tabako sa Pagtitinda ng mga May Lasang Produkto ng Tabako	59
F Pagpopondo ng Lungsod sa Legal na Representasyon sa mga Nangungupahan sa Residensiyal na Gusali sa mga Paghahabla upang Mapaalis sila sa Tinitirhan	62
G Parcel Tax (Buwis sa Parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama- samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)	66
H Polisiya sa Paggamit ng Taser ng mga Pulis ng San Francisco	70
I Relokasyon ng mga Propesyonal na Sports Team (Koponang Pampalakasan)	74

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Merrill Communications LLC



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Director

Mahal na Botante ng San Francisco,

Abril 10, 2018

Dahil sa hindi inaasahang pagyao ni Mayor Ed Lee, ihahalal ng mga botante ang susunod na Mayor ng Lungsod sa Hunyo 5, 2018, sa Consolidated Statewide Direct Primary Election (Pinagsamang Pambuon-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon). Makikita nating muli sa balota ang labanan para sa pagiging Mayor (Punong-Bayan) sa eleksyon sa Nobyembre 2019.

Bukod rito, dahil sa nabakanteng posisyon, pipiliin ng mga botanteng nakatira sa Superbisoryal na Distrito 8 ang kanilang susunod na kina-tawan sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa eleksyong ito sa Hunyo, at muli na namang boboto para sa mga kandidato sa gayon ding puwesto sa eleksyon sa Nobyembre 2018.

Multi-card na mga Balota

Hindi nakapagtata kang boboto tayong muli gamit ang multi-card na balota, na binubuo ng apat na card. Kasama sa balota para sa eleksyon sa Hunyo 5 ang mga pederal, pang-estado, at lokal na labanan, pati na rin ang mga pang-estado at lokal na panukalang-batas, at isang rehi-yonal na panukalang-batas.

Worksheet ng Balota (sinusulatang papel para maghanda sa pagboto)

Katulad ng bawat eleksyon, kasama sa Voter Information Pamphlet (Pamphlet ng Impormasyon para sa Botante) ang "Worksheet ng Balota," na nagkakaloob ng espasyo upang maisulat ninyo ang mga napili para sa bawat labanan at panukalang-batas bago ninyo markahan ang inyong mga ballot card.

Online na Voter Information Pamphlet

Makukuha rin ang Voter Information Pamphlet sa mga digital na bersiyon sa sfelections.org sa magagamit na HTML at open XML na format sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Naka-format ang nilalaman para sa smart devices (elektronikong kagamitan na konektado sa iba pang kagamitan), na nagpapahintulot sa mga botante ng maraming pagkakataon na mapag-aralan ang Pamphlet at pag-isipan ang mga pipiliin sa pagboto.

Maagang Pagboto sa Voting Center (Sentro ng Botohan) sa City Hall

Puwedeng bumoto ang lahat ng rehistradong botante sa City Hall mula Lunes hanggang Biyernes, simula Lunes, Mayo 7, 8 a.m.–5 p.m., at sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, Mayo 26–27 at Hunyo 2–3, 10 a.m.–4 p.m.

Para sa pagboto nang Sabado at Linggo, pumasok sa City Hall mula sa Grove Street o McAllister Street.

Mga Estasyon para sa Paghuhulog ng Balotang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Patuloy na magkakaloob ang Departamento ng mga Ballot Drop-Off stations (Lugar na Paghuhulugan), at matatagpuan ang mga ito sa bangketang nasa harap ng City Hall. Gayon pa man, magdaraos ang Civic Center ng malaking pagtitipon sa Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, na mangangailangan ng ilang pagbabago sa lugar ng mga Drop-Off station ng balota, mula sa mga nakaraang eleksyon.

Sabado-Linggo, Hunyo 2-3, 10 a.m.–4 p.m.

Matatagpuan ang mga estasyon sa mga bangketa na kapwa nasa Grove Street at McAllister Street

Lunes, Hunyo 4, 8 a.m.–5 p.m.

Matatagpuan ang mga estasyon sa mga bangketa na nasa Grove Street at Goodlett Place (Polk St.)

Martes, Hunyo 5, 7 a.m.–8 p.m.

Matatagpuan ang mga estasyon sa mga bangketa na nasa Grove Street at Goodlett Place (Polk St.)

Magbubukas ang mga botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 5, nang 7 a.m. at magsasara nang 8 p.m. sa kabuuan ng Lungsod.

Pangwakas, repasuhin ang magkabilaang bahagi ng lahat ng card ng balota, at nang walang labanan o panukalang-batas na malalampasan —kaya't mas may dahilan para gamitin ang Ballot Worksheet.


Gumagalang,
John Arntz, Direktor



Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante

Makatatanggap kayo ng ***dalawang*** gabay ng impormasyon para sa botante para sa eleksiyon ito:

1 Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco (*ang gabay na ito*)



Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante bago sumapit ang bawat eleksyon at ipinadadala ito sa mail sa bawat rehistradong botante alin-sunod sa batas.

Kasama sa pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa pagboto sa San Francisco, mga kandidatong tumatakbo para sa lokal at ilang mga katungkulan sa estado at pederal, at lokal


na mga panukala sa balota. Para sa detalye, tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman o Index.

Ang pamplet na ito ay may iba't ibang format:

- Sa sfelections.org sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta. Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310.

Mahamanap ninyo ang halimbawang balota sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Mahahanap rin ninyo ang kopya sa sfelections.org. Kung gusto ninyo ng ekstrang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

2 Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng Estado ng California



Ang California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) ay gumagawa ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng Estado, na may impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa ilang katungkulan ng estado at pederal at sa mga panukala ng estado. Maaari ninyo itong makita sa sos.ca.gov.



Maaari ninyong dalhin ang mga pamplet na ito sa inyong lugar ng botohan. May mga kopya rin ang bawat lugar ng botohan. Tanungin ang isang manggagawa sa lugar ng botohan kung nais ninyong makakita ng isa.



Magtipid ng papel at sa halip, basahin ang pamplet na ito online: sfelections.org/viponline.

Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Nagtatrabaho ang Ballot Simplification Committee sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuo sa simpleng salita ng bawat panukalang-batas sa balotang lokal. Sinusulat o sinusuri din ng Komite ang iba pang impormasyon na nasa pamplet na ito, pati ang glossary ng "Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman" at ang "Mga Madalas Itanong" (FAQs).

Ang mga miyembro ng Komite ay may mga karanasan sa pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Binoboluntaryo nila ang kanilang oras para ihanda ang mga materyales na ito para sa mga botante.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Scott Patterson

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at ng Telebisyon)

Ashley Raveche

Nominado ng:

League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

Joshua White, *ex officio**

Deputy City Attorney (Kinatawang Abogado ng Lungsod)

**Ayon sa batas, ang City Attorney, o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.*



Tingnan ang Likod na Pabalat para sa Lokasyon ng Inyong Lugar ng Botohan

Maaaring nagbago ang inyong lugar ng botohan para sa eleksiyong ito!

Sa likod na pabalat ng pamplet na ito, matatagpuan ninyo ang:

1 Address ng inyong lugar ng botohan

2 Indikasyon kung ang inyong lugar ng botohan ay **madaling mapuntahan at mapasukan ng mga botanteng may mga kapan-sanan**. Para makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa accessible voting (mga paraan para mapadali ang pagboto), tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman.

DEPARTMENT OF ELECTIONS, City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375 TTY: (415) 554-4386
sfelections.org

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address ng inyong lugar ng botohan: Address na Pang-koreo / Mailing Address:

1

 **Madali bang makarating at makapasok sa pasukan at sa lugar ng botohan?** **2**

**Aplikasyon para sa Vote-by-Mail para sa Hunyo 5, 2018,
Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon**
Dapat nasa tanggapan na ng Departamento ng mga Eleksyon itong Aplikasyon nang hindi lalampas ng 5 p.m. sa Mayo 29.

Pangalan/Name:

Kung nakasulat ang "PERM" sa itaas, HUWAG ipadala ang aplikasyong ito. Kayo ng Botanteng Permanente na Banahoto sa

**Makikita rin ang address ng inyong lugar ng botohan sa
sfelections.org/pollsite**

Bakit Nagbabago ang mga Lugar ng Botohan?

Hindi pag-aari ng Departamento ng mga Eleksyon ang alinmang lugar na ginagamit bilang lugar ng botohan; umaasa ito sa komunidad na magbigay ng mga lokasyong mapupuntahan ng lahat ng mga botante. Kung may pag-aari kayong lugar na maaaring naaangkop bilang lugar ng botohan para sa mga eleksyon sa hinaharap, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Nahuling Pagbabago ng Lugar ng Botohan

Kung hindi na maaaring magamit ang isang lugar ng botohan pagkatapos na ipadala sa mail ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ipagbibigay-alam ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga botanteng naapektuhan sa pamamagitan ng:

- **Mga Card ng Pagbibigay-abiso para sa "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na ipinadala sa mail sa lahat ng nakarehistrong botante sa presinto.
- **Mga Karatulang "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na nakapaskil sa dating lokasyon.



Kung Saan at Kailan Boboto




Bumoto sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall)

Simula sa Mayo 7 hanggang sa Araw ng Eleksyon, maaaring bumoto ang sinumang botante ng San Francisco sa City Hall Voting Center, sa labas ng Room 48:

- **Lunes hanggang Biyernes**, Mayo 7–Hunyo 4 (sarado sa pista opisyal sa Mayo 28), 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- **Sabado at Linggo**, Mayo 26–27 at Hunyo 2–3, 10 a.m. hanggang 4 p.m. (pumasok sa Grove Street o McAllister Street)

★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Hunyo 5, 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Pagboto sa pamamagitan ng Pag-Mail (Koreo)

Maaaring humiling ang sinumang botante ng vote-by-mail na balota, para sa eleksyong ito lamang o para sa lahat ng eleksyon.

- Kung palagi kayong bumoboto sa pamamagitan ng mail, ipadadala ang balota ninyo sa unang bahagi ng Mayo. Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balota pagdating ng Mayo 11, mangyaring tumawag.
- **Bagong serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan:** Ang remote accessible na sistema na vote-by-mail ay isang opsyon sa pagpapadala ng balota na pinapayagan ang mga botanteng may kapansanan na i-access ang kanilang balota gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 9).
- Pagkatanggap ninyo ng inyong balota, basahin nang mabuti at sundin ang mga instruksiyon na kalakip nito.
- Mayroong **tatlong paraan para sa pagbabalik ng inyong balota:**
 - I-mail ito sa Departamento ng mga Eleksyon. Ang pambalik na sobre ay dapat ma-postmark ng U.S. postal service o matatakan ng petsa ng kompanyang naghahatid ng sulat bago o sa Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 5, AT matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalam-pas ng Biyernes, Hunyo 8.
 - Ihulog ito sa City Hall Drop-off Station (Lugar na Paghuhulugan sa City Hall).
 - Ihulog ito sa anumang lugar ng botohan sa California sa Araw ng Eleksyon.

Hanapin ang mga detalye sa mga instruksiyong kalakip ng inyong balota, o tingnan ang sfelections.org/vbm.

- Para tiyakin ang status ng inyong vote-by-mail na balota anumang oras mula sa panahon ng pagpapadala sa mail hanggang sa matapos itong bilangan, tingnan ang sfelections.org/vbmstatus o tumawag sa (866) 325-9163 toll free (walang bayad na tawag). Kung **hindi maaaring** bilangan ang inyong

balota, ipakikita ng tool na ito kung paano ninyo itatama ang isyu bago ang Araw ng Eleksyon para mabilang namin ang inyong balota.

- Simula sa Mayo 21, maaari ninyong panoorin ang pagbukas at pagproseso ng mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon sa sfelections.org/observe.

Iwasan ang mga isyung ito para matiyak na mabibilang ang inyong balota!

Ang mga pinakakaraniwang dahilan kung bakit hindi maaaring bilangan ang mga vote-by-mail na balota ay mga isyu sa pirma at mga nahuling pagbabalik:


- hindi pinirmahan ng botante ang pambalik na sobre,
- hindi magkatugma ang pirma ng botante sa sobre, sa pirma ng botante sa mga rekord ng Departamento ng mga Eleksyon,
- na-postmark ang balota ng botante matapos ang Araw ng Eleksyon, o natanggap nang lampas sa tatlong araw matapos ang Araw ng Eleksyon.

Kung Paano Humiling na Bumoto sa Pamamagitan ng Mail

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng vote by mail para sa eleksyon sa Hunyo 5, dapat matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan ng Mayo 29. Mayroong ilang paraan para hilingin ang pagboto sa pamamagitan ng mail:

- Sagutan at ibalik ang aplikasyon na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito.
- Tingnan ang sfelections.org/vbm.
- Tumawag sa (415) 554-4310, o pumunta sa Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.
- I-mail, i-fax, o i-email ang naka-scan na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon kasama ang inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, ang address ng inyong tirahan, ang address kung saan ninyo gustong i-mail ang inyong balota, at ang inyong pirma.

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng mail sa lahat ng mga eleksyon, tukuyin na gusto ninyong maging permanenteng vote by mail na botante.



Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

- Ang lugar kung saan kayo nakatira ang batayan kung aling mga labanan at mga kandidato ang lilitaw sa inyong balota. Para matanggap ang balotang may wastong mga labanan at kandidato, bumoto sa lugar ng botohan na itinalaga sa inyo.
- I-check ang address ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito, o tingnan ang sfelections.org/pollsite.
- Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Kung Paano Bumoto

Piliin Ang Inyong Pinapaborang Wika

Tatlong bersiyon ng balota ang nakahanda, ang bawat isa ay may Ingles at isa pang ibang wika:

- Ingles at Tsino
- Ingles at Espanyol
- Ingles at Filipino

Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail (koreo):

Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon na mas gusto ninyo ng balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, tatanggap kayo ng balota sa Ingles at sa wikang binanggit ninyo. Para makasigurado na makatatanggap kayo ng mas pinapaboran ninyong bersiyon ng balota, i-check o i-update ang inyong language preference (mas pinapaborang wika) sa sfelections.org/language. Kung hindi ninyo nagawa ito at kapag hindi ninyo ipinaalam ang inyong pinapaborang wika bago i-mail ang inyong balota, nakasaad sa mga instruksiyong nakalakip kasama ng balota kung paano ipagpapalit ito para sa isang balota na nasa inyong pinapaborang wika.

Kung bumoboto kayo sa lugar ng botohan:

Ang mga balota sa Ingles at lahat ng mga sertipikadong wika (Tsino, Espanyol, at Filipino) ay makukuha sa City Hall Voting Center at sa lahat ng mga lugar ng botohan. Ang bawat lugar ng botohan ay magkakaroon din ng mga facsimile ballot sa Vietnamese at Koreano; ang mga ito ay eksaktong kopya ng opisyal na balota na may mga nilalamang salin, para sa mga botante, at nang magamit na sanggunian.

Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon bago dumating ang Araw ng Eleksyon na mas gusto ninyo ang balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, bibigyan kayo ng manggagawa sa lugar ng botohan ng balota na may Ingles at ng wikang pinili ninyo. Ipaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon ang inyong pinapaborang wika sa sfelections.org/language. Kapag hindi ninyo nagawa ito, maaari ninyong hilingin ang inyong pinapaborang wika sa isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Piliin Ang Format ng Inyong Balota

- Tatanggap kayo ng balotang papel maliban na lamang kapag hiniling ninyong gamitin ang accessible voting machine (nagagamit na makinang pamboto) (para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 10).
- Kung gagamitin ninyo ang accessible voting machine, magbigay ng mga instruksiyon ang makina.
- **Bagong serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan:** Ang remote accessible na sistema na vote-by-mail ay isang opsiyon sa pagpapadala ng balota na pinapayagan ang mga

botanteng may kapansanan na i-access ang kanilang balota gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 9).

Markahan ang Inyong Balotang Papel

- Basahin ang mga instruksiyon na naka-print sa bawat balotang card.
- Basahin ang harap at likod ng bawat card para sa mga pinaglalaman.
- Para sa bawat labanan, naka-print sa itaas ng talaan ng mga pangalan ang bilang ng mga kandidato na maaari ninyong piliin. Kapag mahigit sa pinahihintulatang kandidato ang minarkahan ninyo, o pareho ninyong minarkahan ng "00" at ng "HINDI" ang labanan para sa panukalang-batas, hindi mabibilang ang inyong boto para sa labanang iyon o para sa pinili ninyo.
- Gumamit ng panulat na may itim o dark blue na tinta, o #2 na lapis.
- Kumpletuhin ang arrow na nakaturo sa pinili ninyo para sa labanan o panukalang-batas, tulad ng naka-larawan sa litrato ①
- Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwanang blangko ang labanan o ang panukalang-batas na iyon. Bibilangin pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang-batas.

① Paano mamarkahan ang inyong pinili:

ELEANOR ROOSEVELT Incumbent Kasalukuyang nanunungkulan	← 
CESAR CHAVEZ Labor Organizer Tagapag-ayos ng mga Manggagawa	← 
WALTER LUM Publisher Tagapaglathala	← 
MARTIN LUTHER KING, JR. Minister Ministro	← 
	← 



Ranked-Choice Voting (Pagboto na Aantasin ang Mga Piniling Kandidato)

Para sa eleksyong ito, gagamit ang mga botante ng San Francisco ng ranked-choice (pag-antas ng mga kandidato) na pagboto para ihalal ang Mayor (Punong-bayan). Ihahalal din ng mga botante sa Superbisoryal na Distrito 8 ang kanilang miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) gamit ang ranked-choice na pagboto.

Paano Isinasagawa ang Ranked-Choice Voting

- Una, ang boto para sa unang pinili ng lahat ay bibilangin.
- Kung ang isang kandidato ay may pinakamaraming boto para sa unang pinili—mahigit sa kalahati—panalo ang kandidatong iyon.
- Kung walang kandidatong may pinakamaraming boto para sa unang pinili, ang kandidatong nasa huling puwesto ay tatanggalin.
- Ang mga boto para sa tinanggal na kandidato ay ililipat sa susunod na piniling kandidato na minarkahan sa mga balotang iyon.

- Kung may karamihan ng mga boto ang isang kandidato pagkatapos na mailipat itong mga boto, panalo ang kandidatong iyon.
- Kung wala pa ring kandidatong may pinakamaraming boto, itutuloy ang proseso ng pagtatanggal ng mga kandidato at paglilipat ng mga boto hanggang sa ang isang kandidato ang may mayorya.

Paano Mamarkahan ang Labanan na Gumagamit ng Ranked-Choice Voting

- Para sa ranked-choice voting, ang mga pangalan ng lahat ng kandidato ay nakatala sa tatlong umuulit na hanay sa balota. Ito ay nagpapahintulot sa inyo na antasin ang hanggang sa tatlong kandidato para sa iisang katungkulan: isang paborito, at dalawang iba pa.
- Pumili ng **isa lamang na gusto** sa bawat hanay, tulad ng inilalarawan sa litrato ②
- Para antasin ang mas kaunti sa tatlong kandidato, iwanang blangko ang anumang natitirang mga hanay.
- Para bumoto sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, tingnan ang susunod na pahina.

②

Paano mamarkahan ang labanan sa ranked-choice voting:

1 FIRST CHOICE UNANG PINILI	2 SECOND CHOICE PANGALAWANG PINILI	3 THIRD CHOICE PANGATLONG PINILI
Vote for One Bumoto ng Isa	Vote for One: Must be different than your first choice Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa unang pinili ninyo	Vote for One: Must be different than your first and second choices Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa una at pangalawang pinili ninyo
OCEAN KARAGATAN	OCEAN KARAGATAN	OCEAN KARAGATAN
MOUNTAIN BUNDOK	MOUNTAIN BUNDOK	MOUNTAIN BUNDOK
LAKE LAWA	LAKE LAWA	LAKE LAWA
FOREST GUBAT	FOREST GUBAT	FOREST GUBAT
BEACH TABING-DAGAT	BEACH TABING-DAGAT	BEACH TABING-DAGAT



Paano ko mamarkahan ang aking balota kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa labanang ranked-choice

Kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa isang katungkulan, markahan ang inyong (mga) pinili at iwanang blanko ang anumang natitirang mga hanay.

Para sa mga labanang gumagamit ng ranked-choice voting, itinatagda ng Batas ng San Francisco na payagan ang bawat botante na mag-antas ng hindi bababa sa tatlong mga pinili. Gayunman, minsan mas mababa sa tatlong mga kandidato ang naghahain ng papeles para kumandidato para sa isang katungkulan.

Maaaring may ibang mga taong naghain para maging mga isinusulat-lamang na kandidato. Para sa mas maraming impormasyon, tingnan sa ibaba.

Paano Bumoto para sa Kuwalipikadong Isinusulat-lamang na Kandidato

- Bukod sa mga kandidatong nakalista sa balota, maaaring mayroong mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato. Ang ibig sabihin ng “kuwalipikado” ay mga kandidatong nagsumite ng mga dokumentong kailangan para tumakbo para sa isang katungkulan.
- Ang tanging mabibilang na mga botong isinusulat-lamang ay iyong mga boto para sa kuwalipikadong mga kandidato.
- Para sa listahan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato, tingnan ang sfelections.org/writein sa o pagkaraan ng Mayo 25, o humiling sa isang manggagawa sa lugar ng botohan.
- Bago kayo maghain ng isinusulat-lamang na boto, tiyakin na:
 - hindi nakalista sa balota** ang kandidato.
 - nasa kuwalipikadong isinusulat-lamang na listahan** ang kandidato.
 - isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyong nasa katapusan **ng** listahan ng mga kandidato at **kumpletuhin ang arrow** na nakaturo sa espasyo, tulad ng inilalarawan sa litrato

3 Paano bumoto para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato:

ELEANOR ROOSEVELT Incumbent Kasalukuyang nanunungkulan	←	
CESAR CHAVEZ Labor Organizer Tagapag-ayos ng mga Manggagawa	←	
WALTER LUM Publisher Tagapaglathala	←	
MARTIN LUTHER KING, JR. Minister Ministro	←	
<i>John Hancock</i>	←	

Kung Paano Makakukuha ng Bagong Balota Kapag Nagkamali Kayo

- Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail:** sundin ang mga instruksiyon na kalakip ng inyong balota, o tumawag sa (415) 554-4310.
- Kung bumoboto kayo nang personal:** humiling sa manggagawa sa lugar ng botohan para sa kapalit na balota.



Remote Accessible na Sistemang Vote-by-Mail

Bagong Serbisyo para sa mga Botante na may Kapansanan

Kung mayroon kayong kapansanan, puwede ninyong magamit ang remote accessible na sistemang vote-by-mail, na bagong opsiyon nang pagpapadala ng balota, at kung saan, pahihintulutan kayong i-access ang inyong balota at markahan ito gamit ang anumang kompyuter na may internet. Kailangan ding mayroon kayong magagamit na printer para ma-print ang inyong namarkahan nang balota.



Mananatiling Pribado ang mga Boto

Hindi itinatago ng remote accessible na sistemang vote-by-mail ang mga pinili ng botante o ipinadadala ang mga ito sa pamamagitan ng internet.

Kapag natanggap na ng Department of Elections ang inyong balota, ililipat (gagawan ng duplikasyon) ang inyong mga pinili tungo sa papel na balota upang mabilang sa pamamagitan ng kagamitan sa pagboto, ayon sa itinatakdang batas ng estado ukol sa mga eleksyon. Sa panahon ng prosesong ito, tatanggalin at ihihiwalay ng Department of Elections ang balota mula sa isinasauling sobre na nagtataglay ng inyong pangalan, address, at lagda, at nang mapanatili ang pagiging sikreto ng mga boto.

Sinusunod ng Department of Elections ang proseso ng duplikasyon na binigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ukol sa mga eleksyon. Bukas ang prosesong ito sa obserbasyon ng publiko at mapapanood sa pamamagitan ng live-stream sa sfelections.org.



Upang magamit ang serbisyong ito, kailangan ninyong hilingin na bumoto sa pamamagitan ng koreo bago sumapit ang Mayo 29.

Tingnan ang pahina 5 para sa mga detalye kung paano mag-aplay. Kung nakaboto na kayo sa pamamagitan ng koreo, hindi na ninyo kailangang magsumite ng bagong kahilingan.

May mga tanong ba kayo?

Para sa iba pang impormasyon, kontakin ang Department of Elections.

Pag-access ng Inyong Balota

Makatatanggap kayo ng papel na balota, postage-paid return envelope (pambalik na sobre na bayad na ang selyo), at mga instruksiyon sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Kung gusto ninyong ma-access ang inyong balota at markahan ito sa pamamagitan ng remote accessible na sistemang vote-by-mail, puwede ninyong gamitin ang postage-paid return envelope upang ipadala ang inyong naka-print na balota sa Department of Elections. Puwede rin ninyong gamitin ang inyong sariling sobre o isauli ang inyong balota nang personal.

Puwede ninyong ma-access ang inyong balota sa anumang oras sa panahon ng maagang pagboto, na mula Lunes, Mayo 7, hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Martes, Hunyo 5, sa sfelections.org/access.



Accessible Voting at Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng May Kapansanan

Makukuhang impormasyon para sa botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay makukuha sa mga accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta

Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310.

Accessible Voting (Mga Paraan Para Mapadali ang Pagboto)

BAGO! Kung mayroon kayong kapansanan, maaari ninyong gamitin ang remote accessible na sistema na vote-by-mail para i-access at markahan ang inyong balota gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 9).

Ang sumusunod ang mga opsiyon ng lahat ng botante:

Bumoto sa pamamagitan ng Mail (Koreo): Tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa City Hall Voting Center: Madaling makapasok sa City Hall mula sa alinman sa apat na pasukan nito. Nasa Voting Center ang lahat ng kagamitang pantulong na nakalista sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan: Tingnan ang likod na pabalat para sa address at impormasyon tungkol sa accessibility (madaling pagpunta at pagpasok):

- Kung ang pasukan at ang bahagi kung saan bumoboto sa inyong lugar ng botohan ay accessible sa mga taong may kapansanan sa pagkilos, naka-print ang “YES” sa ibaba ng simbolo para sa accessibility na nasa likod na pabalat
- Kung hindi accessible ang inyong lugar ng botohan, tingnan ang *sfelections.org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310 para sa lokasyon ng pinakamalapit na accessible na lugar ng botohan na nasa loob ng inyong distrito ng botohan



- May **accessible voting machine (magagamit na makinang pamboto)** sa bawat lugar ng botohan, pati na rin sa City Hall Voting Center
 - Pinahihintulutan ang mga botante na may kahinaan sa paningin o pagkilos, o may iba pang espesipikong pangangailangan, na bumoto nang mag-isa at nang pribado
 - Maaari kayong pumili ng wika sa balota: Ingles, Tsino (Cantonese o Mandarin audio), Espanyol, o Filipino
 - Kung gusto ninyong gamitin ang accessible voting machine, sabihin sa manggagawa sa lugar ng botohan kung aling format ang mas nagugustuhan ninyo:

Touchscreen na balota

- Ibinibigay ang mga instruksiyon sa screen
- Text na may malalaking letra ang ipinalalabas sa screen, at maaari ninyong palakihin pa ang mga letra
- Isagawa ang pagpili sa balota sa pamamagitan ng pagpindot sa screen
- Tingnan muli ang mga pinili ninyo sa record sa papel bago kayo maghain ng boto

Balotang Audio

- Naririnig na instruksiyon ang gumagabay sa inyo sa balota
- Mayroong magagamit na mga headphone
- Maaari ninyong ikonekta ang personal assistive device (personal na kagamitang pantulong) tulad ng isang sip/puff device (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga)
- Pumili ng iboboto ninyo sa balota na gamit ang hinahawakang keypad na may nakaumbok na Braille; may kahulugan ang mga kulay at hugis ng mga tipaan
- Pakinggang muli ang inyong mga pinili bago kayo bumoto; mayroon ding record sa papel ng mga boto ninyo
 - Maaari ding magbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng multi-user sip/puff switches (mga switch para sa pangmaramihang gamit ng sip/puff) o headpointers (panturo na nakasuot sa ulo).



Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310. Kung posible, magbigay ng 72 oras na paunawa para matiyak na mayroong magagamit.

- Alinsunod sa ipinag-uutos ng California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California), ang mga boto galing sa accessible voting machine ay inililipat sa mga balotang papel, na binibilang sa City Hall pagkaraan ng Araw ng Eleksyon
- Mayroon pang mga ibang uri ng tulong:
 - **Personal na tulong:** maaari kayong magsama ng hanggang dalawang tao, kabilang na ang mga manggagawa sa lugar ng botohan, sa loob ng voting booth para tumulong sa inyo
 - **Pagboto sa gilid ng daan:** Kung hindi kayo makapasok sa inyong lugar ng botohan, maaaring dalhin sa inyo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan ang mga materyales para sa pagboto sa labas ng lugar ng botohan
 - **Mga kagamitan para sa pagbabasa:** Ang bawat lugar ng botohan ay may mga instruksiyon na naka-print sa malalaking letra na nagsasaad kung paano mamarkahan ang balota at mga optical sheet para palakihin ang mga naka-print sa balotang papel
 - **Pagboto nang nakaupo:** Ang bawat lugar ng botohan ay may booth na nagpapahintulot na bumoto habang nakaupo
 - **Mga kagamitan sa pagboto:** Ang bawat lugar ng botohan ay may easy-grip pens (mga panulat na madaling hawakan) para sa pagpirma sa talaan at pagmarka ng balota
 - May naka-video na **Pagsasalin sa American Sign Language** na makukuha sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon



Nahihirapan ba kayong bumoto dahil sa inyong kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay magkakaroon ng Hotline (matatawagang numero) para sa Araw ng Eleksyon sa kabuuan ng estado:

7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Araw ng Eleksyon: **Hunyo 5, 2018**

Tutulungan namin ang mga botante na may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na karanasan sa pagboto, at tutukuyin din ang mga problema na puwede nating harapin bago sumapit ang Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre.



Impormasyon tungkol sa Kandidato

Paunawa tungkol sa Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Hindi nagsusumite ang lahat ng mga kandidato ng mga pahayag tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon. Makikita ang kumpleto listahan ng mga kandidato sa halimbawang balota, na matatagpuan sa Ingles na bersiyon ng Pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng mga rehistradong botante. Maaari din kayong makakita ng kopya sa sfelections.org/pollsite. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

Ang bawat pahayag tungkol sa mga kuwalipikasyon ng mga kandidato, kung mayroon man, ay kusang-loob na ibinibigay ng kandidato at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Maaari ninyong makita ang mga impormasyon ng kandidato sa mga sumusunod:

- **Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California:** mga kandidato para sa Senador ng Estados Unidos
 - Senado ng Estados Unidos
 - Gobernador
 - Tenyente Gobernador
 - Kalihim ng Estado
 - Kontroler

- Ingat-yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo

- **Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco** (*gabay na ito*): mga kandidato para sa:

- Kinatawan ng Estados Unidos
- Asembleya ng Estado
- Punong-bayan
- Lupon ng mga Superbisor, Distrito 8
- Hukom ng Korte Superyor



Inililimbag ang mga pahayag gaya ng isinumite ng mga kandidato, kabilang na ang anumang kamalian sa pagkaka-type, spelling, o grammar.

Hindi sinisiyasat ang mga pahayag para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado.

Mga Limit sa Boluntaryong Gastos at Mga Pahayag sa Kampanya ng mga Kandidato sa Lehislatura ng Estado

Noong Nobyembre 2000, inaprubahan ang Proposisyon 34 ng mga botante ng California, kung saan nakasaad na kapag tinanggap ng isang kandidato para sa Senado o Asembleya ng Estado ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya na tinutukoy ng Section 85400 ng California Government Code, maaaring bumili ng espasyo ang kandidato para mailagay ang Pahayag ng Kandidato sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Ang mga kandidato sa lehislatura na tinanggap ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya, at dahil dito ay kuwalipikadong magsumite ng pahayag ng kandidato para sa Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang

Eleksyon sa Hunyo 5, 2018, ay sina:

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17
David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19
Keith Bogdon
David Ernst
Phil Ting



Mga Pag-Endorso ng Partido

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Ang mga pag-endorso ng partidong natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon sa deadline ng pagsusumite ay ang mga sumusunod:

Senado ng Estados Unidos

Partidong Amerikanong Independiyente: Erin Cruz
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: John Thompson Parker

Gobernador

Partidong Amerikanong Independiyente: John H. Cox
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Gloria Estela La Riva

Tenyente Gobernador

Partidong Amerikanong Independiyente: David R. Hernandez
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Gayle McLaughlin

Kalihim ng Estado

Partidong Amerikanong Independiyente: Mark P. Meuser
Partidong Demokratiko: Alex Padilla
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: C. T. Weber

Kontroler

Partidong Amerikanong Independiyente: Konstantinos Roditis
Partidong Demokratiko: Betty T. Yee
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Mary Lou Finley

Ingat-Yaman

Partidong Amerikanong Independiyente: Jack M. Guerrero
Partidong Demokratiko: Fiona Ma
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Kevin Akin

Pangalahatang Abugado

Partidong Amerikanong Independiyente: Steven C Bailey

Komisyonado ng Seguro

Partidong Amerikanong Independiyente: Steve Poizner
Partidong Demokratiko: Ricardo Lara
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Nathalie Hrizi

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12

Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi
Partidong Luntian: Barry Hermanson

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14

Partidong Demokratiko: Jackie Speier
Partidong Republikano: Cristina Osmeña

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

Partidong Demokratiko: David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

Partidong Demokratiko: Phil Ting

Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco Na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Punong-bayan

Ang Punong-bayan ang punong opisyal na tagapagpaganap ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang takdang panahon ng panunungkulan para sa Punong-bayan ay apat na taon. \$326,527 sa bawat taon ang bayad sa Punong-bayan.

Nasa balota ang katungkulan na ito nang dahil sa pagkabakan-teng dulot ng pagyao ni Mayor Ed Lee. Magsisilbi ang taong iha-halal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino, na matatapos sa Enero 2020. Nasa balota rin ang katungkulan ito sa Nobyembre 2019, para sa panibagong termino na magsisimula sa Enero 2020.

Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ay ang sangay sa pagbabatas ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ay nagsasabatas at nag-aaprubang taunang bud-get para sa mga departamento ng Lungsod.

Ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ay apat na taon. Ang bayad sa mga Superbisor ay \$121,606 sa bawat taon.

Mayroong labing-isang miyembro ang Lupon ng mga Superbisor. Mga botante lamang ng Distrito 8 ang makaboboto ng kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor sa eleksyong ito. Nasa balota ang katungkulan na ito nang dahil sa pagkabakante na nangyari noong Disyembre 2016. Magsisilbi ang taong ihalal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino, na matatapos sa Enero 2019. Nasa balota rin ang katungkulan ito sa Nobyembre 2018, para sa panibagong termino na magsisimula sa Enero 2019.



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

SHAHID BUTTAR

Ang aking trabaho ay Abugado / Tagapagtaguyod / Artista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para sa Kongreso dahil hindi ko kayang panoorin ang konstitusyonal na krisis ng Amerika mula sa giliid. Habang pina-nood ang mahihinang lehislador na nagsasabi lang ng tungkol sa “paglaban” habang sa dulo ay nagbibigay-lakas kay Trump, natutulak akong mag-alok ng kapalit nito sa mga botante ng San Francisco.

Napanday na ang aking politikal na sandigang lakas bago pa man ako sumali sa Electronic Frontier Foundation upang lumikha ng pambansang grassroots network (samahan na mula sa mga komunidad) na nagtataguyod sa mga karapatang digital. Sa loob ng halos 20 taon, ipinaglaban ko ang mga progresibong panig sa hukuman, sa larangan ng paggawa ng polisiya, sa media, at sa lansangan.

Sa Stanford Law School, nagturo ako ng constitutional law (batas ng konstitusyon) bilang teaching assistant o katuwang sa pagtuturo ni Larry Lessig, habang nag-oorganisa ng madiing pagtutol sa Giyera sa Iraq at pagtataguyod ng mga sustainable building practice (kasanayan sa pagdidisenyo at pagtatayo ng mga istruktura na napanatili sa loob ng mahabang panahon) ng unibersidad.

Nang makapagtapos ako noong 2003, tumulong ako sa pagsusulong sa pambansang larangan ng pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa para sa mga pareho ang kasarian, sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng legal na pangkat para kay Jason West, ang mayor ng estado na New York na humarap sa mga kasong kriminal para sa pagpapakasal sa mga magkasintahang pareho ang kasarian. Tumulong din akong maipadala ang apela sa pederal na hukuman na nagtatanggol sa reporma sa mga pagpipinansiya sa kampanya sa eleksyon, at ginawa ko ito nang maraming taon bago pa man nailabas ang lubos na nakapipinsalang desisyon ng Korte Suprema ukol sa *Citizens United*.

Magmula noon, nakapaglunsad na ako ng mga programa para sa tatlong pambansang non-profit at pinamunuan ang isa sa loob ng anim na taon. Habang sinusupportahan ang mga kampanya sa komunidad para sa mga karapatan ng migrante at buhay ng mga itim, nakagawa rin ako ng mga legal na sulatin na humahamon sa kapan-gyarihan ng militar na magpakulong, at nagsalita sa mga pagtitipon ng kongreso ukol sa pagmamatyag ng NSA nang inimbata ako ng mga Miyembro ng Kongreso.

Narapat lamang na magkaroon kayo ng kinatawan sa Washington na isinasabuhay ang tunay na mga pinahahalagahan ng San Francisco nang hindi humihingi ng tawad, isang tao na tumuturing sa paglaban nang higit pa sa hashtag.

Mas mahusay pa ang magagawa natin nang magkasama. Alamin pa ang tungkol dito sa www.ShahidForChange.us.

Shahid Buttar

MICHAEL GOLDSTEIN

Ang aking trabaho ay Abugado / Awtor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang sistema ng pagkakaroon ng dalawang partido ay kasangkapan ng mga nagpopondong korporasyon sa mga ito. Hindi nakakapasok ang mga independiyenteng partido. Nagsasalita ako para sa higit na nakararaming potensiyal na botante: “Walang Kinikilingang Partido,” mga dismayadong Democrat, at mga hindi bumoboto.

May isang partidong naglilingkod sa .01% nang may higit na matinong pag-iisip, at umaasa akong muli itong magkakaroon ng suporta ng nakararami. Gayon pa man, tandaan natin: noong 2006, maraming Democrat ang nakapasok sa Kongreso dahil sa Giyera sa Iraq ni Bush, at pagkatapos nito, patuloy itong pinondohan at nagdeklara pang “off the table (hindi na gagawin pa)” ang impeachment o pagpapataksik. Pagkatapos ng ilang panahon, nanggaling naman ang karamihan sa nasa gabinete ni Obama mula sa listahan ng mga tagapamahala ng Citigroup (ayon sa mga leaked o di-awtorisadong nailabas na email ni Podesta). Lubusan niyang pinalawak pa ang mga giyerang gumagamit ng drone, ang deportasyon, at ang paghahabol sa mga whistleblower (naglalantad ng katiwalian); iniwang hindi napananagot ang mga kriminal na sanhi ng krisis sa pabahay; kaunti ang ginawa ukol sa pagpatay ng pulisya ng mga people of color (mga taong hindi nagmula sa lahing puti), sa hindi pagkakapantay-pantay ng kita, at sa pagkaunti ng mga pampublikong serbisyo; at inilako ang hindi sapat na mga tunguhin ng Paris Climate bilang solusyon.

Dahil dito, sinulat ko ang librong “Return of the Light: A Political Fable in Which the American People Retake Their Country (Pagbabalik ng Liwanag: Pabulang Politikal Kung Saan Muling Napasakamay ng Sambayanang Amerikano ang Kanilang Bansa)”;

ang blog tungkol sa pagtakas mula sa seesaw ng dalawang partido; at, bilang abugado, gumawa ng mga apela ukol sa parusang kamatayan at iba pa. Gumugol ako ng tatlong linggo sa Standing Rock, ibinunyag ang pagtatakip ng pulisya ng Oakland sa pamamaril kay Demouria Hogg noong 2015, at itinatag ang BeyondBernie.us.

Walang kongresista ang maghahatid sa atin ng tunay na demokrasya. Gayon pa man, kapag inilagay ninyo ako sa balota sa Nobyembre, itataguyod ko ang bagong bisyon: isang nagpapatuloy na kilusan – na may mga proporsiyong rebolusyonaryo – upang masawata ang mga korporatista at makapagtayo ng makatarungan at mapagkalinang lipunan. Magkasama tayong lumikha, sa paraang radikal na nagsasama ng lahat, ng kaparaanan para sa pagtatayo ng kilusang iyon.

Mangyaring tingnan ang kaibuturan ng inyong puso at gumawa ng pasya.

TakingTheRedPill.org

Michael Goldstein



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

BARRY HERMANSON

Ang aking trabaho ay Retiradong Mangangalakal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tatlong usapin ang bumubuo sa pinaka-ubod ng aking kampanya:

1. Pagbabawas nang 5% kada taon sa loob ng 10 taon sa napakalaking paggasta ng militar ng US. Taon-taon, napakarami sa mga miyembro ng Kongreso ng US ang bumoboto para pondohan ang militar. Nagreresulta ang lahat ng iba pa sa walang katapusang debate, pamumustura, at hindi pag-usad.
2. Pinahusay na Medicare para sa Lahat. Sa ibang bansa, nagtatamasa ang mga tao ng mas mahusay na pangangalaga ng kalusugan sa mas murang halaga. Puwede tayong matuto mula sa kanilang tagumpay.
3. Karapatang pantao ang pabahay. Ibalik ang pagpopondo mula sa pederal na gobyerno sa pabahay para sa mga nagtatrabaho. Wakasan ang kawalan ng tahanan sa U.S.

Itinataguyod ko rin ang:

Hindi pagpapahintulot sa fracking (pagkuha ng gas mula sa malalaking bato)

Pagpapawalang-bisa sa Citizens United (Ang mga korporasyon ay hindi mamamayan at ang salapi ay hindi pagpapahayag.)

\$15 na pambansang pinakamababang sahod

Pag-aalis ng tuition o bayad sa pag-aaral at utang ng estudyante sa mga pampublikong unibersidad

Tunay na daan tungo sa pagiging mamamayan ng hindi dokumentado

Paglalagay ng etiketa na tumutukoy sa pagkain bilang GMO

Pagwawakas sa pakikidigma gamit ang mga drone

Para sa iba pang detalye tungkol sa mga ito at iba pang usapin, bisitahin ang Barry4Congress.org

Maiksing talambuhay:

Kasalukuyan:

- Miyembro, San Francisco Green Party County Council (Konseho ng County ng San Francisco ng Partidong Green)
- Tagapag-organisa, Single Payer Now (Improved Medicare for All o Pinahusay na Medicare para sa Lahat)
- Miyembro, Executive Committee (Ehekutibong Komite), Sierra Club, San Francisco Group (Pangkat ng San Francisco)

Nakaraan:

- Kasamang awtor, inisyatiba para sa minimum o pinakamababang pinahihintulutang sahod sa San Francisco noong 2003, na nagpataas sa sahod para sa 54,000 katao.
- Co-chair (kasamang tagapangulo), SF Living Wage Coalition (Koalisyon para sa Sahod na Sapat upang Mabuhay ng SF), na nagpasa ng batas na nagtataas ng sahod para sa 20,000 manggagawa.
- Presidente, Merchants of Upper Market and Castro (Mga Negosyante ng Upper Market at Castro)
- May-ari/operator (tagapagpatakbo) ng Hermanson's Employment Services
- Co-chair, California Green Party Coordinating Committee (Tagapag-ugnay na Komite ng Partidong Green ng California)
- Ingat-Yaman, Housing Corporation (Korporasyon para sa Pabahay) ng San Francisco Network Ministries, na nagkakaloob ng pabahay para sa mababa ang kita

Barry Hermanson

415-255-9494 (Mangyaring mag-iwan ng mensahe. Tatawag ako sa inyo)

Barry@Barry4Congress.org

STEPHEN JAFFE

Ang aking trabaho ay Abugado ng mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo si Stephen Jaffe para sa Kongreso sa ika-12 Distrito upang bigyan ang San Francisco ng boses sa Kongreso na wala ito ngayon. Bilang residente ng San Francisco sa loob ng 48 taon, isa siyang abugado para sa mga karapatang sibil at batas sa pag-eempleyo, at kilala siya sa buong bansa. Kinakatawan niya ang mga empleyado (hindi kailanman ang mga taga-empleyo) na biktima ng maling pagtrato ng kanilang mga taga-empleyo sa pinagtatrabahuhan, kasama na ang diskriminasyon, pagganti o panghaharass nang dahil sa lahi, nasyonalidad, etnisidad, kasarian, kapansanan, seksuwal na oryentasyon, katayuan sa pag-aasawa o whistle-blowing (paglalantad ng katiwalian). Naipagtanggol na ni Mr. Jaffe ang kanyang mga kliyente sa hukuman sa mahigit sa 50 paglilitis sa pamamagitan ng jury (lupon ng mga tagahatol). Nabansagan na rin si Mr. Jaffe na SuperLawyer (Napakahusay na Abugado) at nabigyan ng karangalan bilang "preeminent (natatangi ang kahusayan)" dahil sa pagkakaroon ng "pinakamataas na posibleng wasto at propesyonal na mga pamantayan" sa loob ng mahigit 25 na magkakasunod na taon.

Si Mr. Jaffe ang Presidente ng Democratic Club (Samahang Demokratiko) ng South Beach Distrito 6. Nagboboluntaryo siya para sa Animal Legal Defense Fund (Pondo para sa Pagtatanggol sa mga Kasong Legal ukol sa mga Hayop). Marubdob siyang tagapagtaguyod at tagapagsalita para sa mga karapatan ng may sakit sa pag-iisip. Nakapagpanukala na siya ng resolusyon laban sa dark money (walang limitasyong donasyon mula sa mga korporasyon na ibinibigay sa mga non-profit para sa paggamit sa eleksyon) na ipinasa ng SF Democratic Central Committee (Komite Sentral ng Partidong Demokratiko ng SF).

Sinasalamin ng plataporma ni Mr. Jaffe ang totoong mga pinahalagahan ng mga mamamayan ng ika-12 distrito, at hindi ng mga korporasyong nagbibigay ng pera. Tumitindig siya para sa Medicare for All (Medicare para sa Lahat), pagwawakas ng walang katapusang digmaan, pagtatanggal sa mga superdelegate (hindi inihalal na delegado), makatarungang pagbubuwis, tunay na sahod na para sa ikabubuhay, pagpapanatili sa Roe v. Wade, karapatan ng mga LGBTQ, pampublikong pagpipinansiya sa mga kampanya sa eleksyon, pagtugon sa pagbabago ng klima, paghinto sa paggawang krimen sa sakit sa pag-iisip, kawalan ng kinikilingan sa internet, pagsasara ng mga pribadong bilangguhan, at pagbibigay ng citizenship o pagka-mamamayan sa mga migranteng beterano.

Taon ng pagbabago ang 2018. Si Stephen Jaffe ang dapat piliin para sa pagbabagong iyon.

Stephen Jaffe



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

RYAN A. KHOJASTEH

Ang aking trabaho ay Komisyonado ng mga Karapatan ng Imigrante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mahal na Kapwa-tao,

Salamat sa paglalaan ng panahon para alamin pa ang tungkol sa aming kampanya. Ryan Khojasteh ang pangalan ko. Katutubo akong taga-San Francisco Bay Area at ikinararangal kong anak ako ng mga migranteng lumikas mula sa rebolusyon nang dahil sa pangako ng mas magandang kinabukasan.

Galing ako sa simpleng pamumuhay kung saan may mga pang-araw-araw na pakikibaka at hirap. Mula sa tumataas na gastos sa pangangalagang pangkalusugan, pasaning utang ng estudyante, hirap sa pagpapanatiling bukas ng maliit na negosyo, kawalan ng kakayahan na magbayad ng upa, karahasang dulot ng baril, hanggang sa pagkakawalay mula sa mga minamahal, naranasan ko ang mga problemang ito sa buhay tulad ng marami sa ating komunidad. Kailangan nating maghalal ng mga kinatawan na naiintindihan ang mga pang-araw-araw na problemang ito.

Naengkuwentro ko na ang marami sa maiigting na usaping ito na kinahaharap natin noong naglaan ako ng panahon sa Opisina ng Kongresista, sa Opisina ng Superbisor ng Lungsod, at sa Law Center to Prevent Gun Violence (Sentro para sa Batas Upang Iwasan ang Karahasang Dulot ng Baril) at sa Immigration Defense Unit (Yunit para sa Pagtatanggol sa Imigrasyon) na nasa loob ng Public Defender's Office (Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol) ng San Francisco. Ngayong taon, magtatapos ako sa law school sa UC Hastings.

Kasalukuyan akong naglilingkod sa Lungsod at County ng San Francisco bilang itinalagang Komisyoner para mga Karapatan ng Migrante*; magiging pribilehiyo kong magpatuloy ng aking paglilingkod bilang Kinatawan ninyo sa Kongreso.

Panahon na upang mapakinggan ang ating mga boses, makalikha ng upuan sa mesa, at maipatupad ang pagbabago na gusto nating makita.

Pakibisita ang aming website upang alamin pa ang tungkol dito sa www.khojastehforcongress.com at dumaan sa aming punong opisina sa 211 Hugo Street, gustong-gusto naming makilala kayo!

*Para lamang sa identipikasyon ang titulo.

Ryan Khojasteh

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan kong maglingkod bilang inyong Representative (Kinatawan) sa Kongreso, kung saan pinamumunuan ko ang aktibong House Democratic Caucus (Pulong ng Partidong Demokratiko sa Kongreso) – na ipinagmamalaking binubuo ng Amerikanong kababaihan, minoridad at LGBT – at nagkakaisa nang dahil sa aming pagpapahalaga sa mga pamilyang nasa gitnang uri, karapatan ng unyon, karapatan ng kababaihan, mga beterano, pampublikong edukasyon, mga taong may kapansanan, dignidad ng migrante, at kaligtasan ng ating DREAMers, komunidad ng LGBT, at ang plane-tang iiwan natin sa ating mga anak.

Sa loob ng maraming taon, lumaban ako upang makatulong sa pagtiyak ng napakahalagang pederal na mapagkukunan ng tulong at impormasyon sa pakikipaghamok laban sa HIV/AIDs, sa pamumuhunan para sa imprastruktura sa transportasyon ng San Francisco, sa pagtulong na mailigtas ang City College, at sa pagprotekta sa ating malinis na tabing-dagat at pagbubukas ng bagong abot-kayang pabahay sa ating mga komunidad.

Kapag tinatanong ako ng mga tao kung ano ang aking mga pryoridad, lagi kong sinasabi ang iisang bagay: ang ating mga anak, ang ating mga anak, ang ating mga anak – ang kanilang kalusugan, edukasyon, pang-ekonomiyang seguridad ng kanilang mga pamilya, kasama na ang may dignidad na pagreretiro para sa kanilang mga lolo at lola, at malusog na kapaligiran kung saan puwede silang umunlad para sa mundong may kapayapaan at kung saan puwede nilang maabot ang kanilang mga hinahangad. Ang mga ito ang naging prayoridad ko, at laging magiging mga prayoridad sa Kongreso.

Taglay ang determinasyon at paninindigan, patuloy nating ipaglala-ban ang A Better Deal (Higit na Ikabubuti Natin): mas mabuting trabaho, mas mabuting sahod, at mas mabuting kinabukasan. Patuloy tayong lumalaban para sa kolehiyong walang utang, migranteng pamilya, pagpigil sa karahasang dulot ng baril, pensiyon ng mga Amerikano, proteksiyon ng mga konsumer mula sa mapanilang gawain ng Wall Street at pagpapalakas sa Affordable Care (Batas para sa Abot-kayang Pangangalaga).

Hindi pa tapos ang ating trabaho tungo sa pag-unlad.

Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto at suporta sa muling paghahalal sa akin bilang inyong Kinatawan, at umaasa akong magkasama tayong lalaban para sa mabuting kinabukasan.

Nancy Pelosi



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

LISA REMMER

Ang aking trabaho ay Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng 30 taon, San Francisco na ang aking naging tahanan, at ito lamang ang naging tahanan ng aking anak na babae. Naglakbay ako noon sa mundo bilang tagasalin sa Ruso at Ingles ng Pan Am.

Bilang produkto ng ating mga pampublikong paaralan, kung saan natanggap ko ang aking MA mula sa SF State, naniniwala akong kailangang bigyan ng inspirasyon ng ating mga lokal na paaralan ang mga estudyante upang magkaroon ng habambuhay na pagmamahal sa pag-aaral. sa halip na makapasa lamang upang makasabay ang mga kaedad.

Dahil personal na akong nakapagturo ng remedial (para sa hindi pa handa sa regular na klase) na pagsusulat at matematika sa mahigit 1,000 estudyante sa CCSF at SFSU sa mahigit 10 taon, nakikita kong iniwang hindi handa ng ating mga High School (Mataas na Paaralan) ang marami sa mag-aaral.

Matapos ang 10 taong pagtuturo ng pamahalaan at kasaysayan ng Estados Unidos sa mga migranteng Vietnamese, naniniwala akong binuo ang ating pederal na gobyerno upang protektahan ang ating pambansang seguridad at indibidwal na kalayaan, kasama na ang mga karapatan sa ari-arian, at hindi ang higit na pagsandal sa gobyerno.

Kailangang hikayatin natin ang inobasyon, sa halip na pahirapan ang mga negosyo sa pamamagitan ng sobra-sobrang regulasyon at papeles.

Inaaksaya ng kawalan ng tahanan, pang-aabuso sa droga, at kapabayaan sa kabataan ang potensiyal ng tao. Kapag hinahadlangan ng political correctness (politikal na pagmamatuwid) ang mga lider sa hayagang pagkuwestiyon sa kalakaran, o pag-amin sa krimen, inuurungan ng pamahalaan ang tungkulin nitong protektahan ang bawat Amerikano.

Bilang inyong kinatawan, sumusumpa ako na magiging moderate (nasa gitna, kung ihahambing sa maka-kanan o maka-kaliwa) na boses sa Washington, at makikipagtrabaho ako sa kabilang panig, sa halip na abusuhin ang kapangyarihan at payamanin ang aking pamilya.

Nakikipagtalakayan pa noong 30 taon na ang nakararaan ukol sa mga usapin ang mga taga-San Francisco. Napinsala na ang diskursong intelektuwal ng pamumuno ng iisang partido, pagbabansag ng pangalan, at pagkapoot sa mga solusyong hindi "progresibo," at naisara nito ang ating isipan sa mga ideya at solusyon na nakapagbigay-lunas sana sa marami sa ating mga lokal at pambansang problema.

Pakisamahan ang mga lider ng San Francisco Republican Party (Partidong Republikano) at bumoto para sa akin sa ika-5 ng Hunyo.

Para alamin pa ang tungkol sa aking kampanya, mangyaring bumisita sa Remmer4Congress.com

Lisa Remmer



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14

CRISTINA OSMEÑA

Ang aking trabaho ay Tagapagpaganap sa Industriyang Solar.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako sa Pilipinas, pero sa edad na anim na taong gulang, matapos makatamo ng matinding pinsala o makulong ang ilang miyembro ng aking pamilya dahil sa diktaduryang Marcos, lumikas ako at ang aking pamilya at humingi ng politikal na pagkanlong sa Estados Unidos.

Niyakap ko ang lahat ng mabuti na inihahandog sa itinuring na naming sariling bansa—pagpasok sa mga pampublikong paaralan, pagtanggap ng B.A. sa English mula sa UC Berkeley, pagkakaroon ng designasyon bilang CFA, at paglalayag sa dalawampung-taong karera sa pribadong sektor, kung saan karamihan dito ay nasa equity market (merkado ng shares o pagmamay-ari ng kompanya). Nitong nakaraang panahon, nasa industriyang solar na ako at nagtatrabaho sa paggawa at pagpapahusay ng off-grid renewal energy systems (mga napananatiling sistema ng enerhiya para sa mga bahay o sasakyan na hindi umaasa sa koryente mula sa gobyerno ng lungsod o bayan) na para sa mga komunidad na hindi lubusang nakatatanggap ng mga sebisyo.

Nagpakasal ako sa isang nagtapos sa U.S. Naval Academy at beterano ng Gulf War, isa rin akong nagtatrabahong ina, at sa aking librenge panahon, nagsusulat ako.

Naniniwala akong nasa akin ang mga karanasan sa buhay at kakayahang para sa ika-21 Siglo upang maging epektibong kinatawan para sa inyo sa Kongreso ng Estados Unidos.

Bilang inyong kinatawan, magtatrabaho ako upang:

- matugunan ang krisis sa pagiging abot-kaya ang halaga ng pagtira sa Bay Area, na siyang pilit na nagtutulak sa mga pamilya at may-kakayahang manggagawa na umalis dito;
- maitaguyod ang napananatiling paglago ng ekonomiya at mga bagong teknolohiya sa pamamagitan ng pagtatanggol sa malayang merkado, malayang kalakalan at indibidwal na kalayaan;
- ipagtanggol ang mga pangangailangan ng California para sa reporma sa imigrasyon; at
- labanan ang human trafficking o pangangalakal ng tao sa California.

Ikinararangal kong magkaroon ng suporta ng San Francisco County Republican Central Committee (Komite Sentral ng Partidong Republican), ng California Republican Party (Partidong Republican), at ng ilang lider sa komunidad, kasama na sina:

Rudy Asercion
Harold M. Hoogasian
Mike Antonini, DDS

Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto sa ika-5 ng Hunyo.

Para sa iba pang impormasyon, pakipuntahan ang aking website sa OsmenaForCongress.com

Salamat po!

Cristina Osmeña

JACKIE SPEIER

Ang aking trabaho ay Kongresista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Araw-araw, karangalan kong katawanin kayo. Ngayon, higit kailanman, may pananagutan akong ipaglaban kayo.

Nakikipaglaban ako para magkaroon ng pabahay ang mga nagtatrabaho, mabawasan ang trapiko, matugunan ang hindi pagkakapantay-pantay sa kita, maiwasan ang karahasan na dulot ng baril, mawakasan ang atakeng seksuwal, at masugpo ang cyber war (paggamit ng teknolohiya ng kompyuter para sa paglikha ng kaguluhan) ng Russia sa ating demokrasya. Nakipaglaban na ako upang mapanatili ang ating pagiging kuwalipikado para sa mga voucher (tulong na pambayad sa upa) sa pabahay mula sa pederal na gobyerno at tax credit (bawas sa buwis), at nang makapagtayo ng mga apartment na abot-kaya ang halaga. Lumaban din ako para sa mga beterano at nakakuha ng mahigit \$5 milyon ng mga VA na benepisyo. Tumulong ako upang makakuha ng \$647 milyon para sa paggamit ng koryente ng Caltrain.

Bilang ina, alam kong obligasyon nating bigyan ang ating mga anak ng mas magandang mundo. Hindi natin puwedeng bawiin pa ang mga repormang nakuha na upang tugunan ang pagbabago ng klima. Bilang taong naka-igpaw mula sa karahasang dulot ng baril, alam ko kung paano nito nasisira ang buhay. Sa ilalim ng batas na aking iniharap, kailangan nang magkaroon ang lahat ng bibili ng baril ng background check (pagtingin sa mga pinansiyal, komersiyal at kriminal na rekord). Sinusuportahan ko ang pagbabawal sa mga bump stock (ikinakabit sa ripleng semi-automatic para sa tuloy-tuloy na pagpapaputok) at assault weapon (mga armas na pang-militar at may malakas na kakayahan). Kailangang magwakas na ang seksuwal na panghaharass sa pinagtatrabahuhan, kasama na ang Kongreso. Pinupwersa ng aking panukalang batas ang mga kongresistang nanghaharass na magbayad mula sa kanilang sariling bulsa at hindi mula sa bulsa ng mga nagbabayad ng buwis. Patuloy akong makikipaglaban para sa hustisya sa mga naka-igpaw sa seksuwal na pag-atake sa hanay ng militar at sa mga kampus, at para sa mga miyembro ng militar na transgender. Sa House Intelligence Committee (Komite ng Kongreso para sa Pagkuha at Pagsusuri ng Impormasyon ng Militar), puspusan kong hinihingi ang pagkakaroon ng komprehensibong mga reporma upang mahadlangan ang panghihimasok ng Russia sa ating mga eleksyon.

Nitong nakaraang taon, nagdaos ako ng 11 town hall (pakikipag-usap sa komunidad), nagpatawag ng napakaraming pagtitipon kasama na ang kumperensiya para sa matatanda, programa para sa pagbibigay-lakas sa mga batang babae, buyback o pagbiling muli ng mga baril, at mga programa para suportahan ang DACA. Palagi akong handa na humarap sa inyo. Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

Jackie Speier

**Kandidato para sa State Assembly (Asembleya ng Estado), Distrito 17****DAVID CHIU**

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Habang tumatakbo para sa Asembleya, ibinigay ko ang aking pananagutan tungo sa paghahatid ng resulta sa mga hamon na kinakaharap ng San Francisco at ng California. Nang kagulat-gulat na hinalal si Trump, nangako akong poprotektahan ang ating lungsod at estado habang pinamumunuan ng California ang Resistance (Paglaban).

Nitong nakaraang lehislatibong sesyon, nagawa natin ang dalawang bagay na ito:

- Bilang Chair (Tagapangulo) ng Housing Committee (Komite sa Pabahay) ng Asembleya, matagumpay kong itinaguyod ang pagpapasa ng makasaysayang pangkat ng mga solusyon upang matugunan ang krisis sa pabahay, sa pamamagitan ng paglikha ng permanenteng mapagkukunan ng pondo para sa abot-kayang pabahay, pagpapanagot sa mga lungsod sa pagtatayo ng pabahay, at pagpapasimple sa proseso.
- Nagkaloob tayo ng bilyon-bilyong dolyar para sa bagong pagpopondo ng mga kalye, pampublikong transportasyon at ginhawa mula sa masikip na trapiko.
- Nakapaghatid tayo ng hustisya sa mga naka-igpaw mula sa seksuwal na pananalakay sa pamamagitan ng pagtatakda sa mga tagapagpatupad ng batas na subaybayan ang hindi pa naeeksamen na rape kit (kagamitan para sa pagpapatunay ng panggagahasa).
- Naprotektahan natin ang mga migranteng pamilya sa pamamagitan ng mga bagong proteksiyon sa pinagtatrabahuhan at proteksiyon sa tenant (umuupa).
- Napahintulutan natin ang pangongolekta ng datos upang higit na makapaglingkod ang gobyerno sa mga taga-California na LGBTQ.
- Nabigyan natin ang lahat ng mga residente ng California ng isang taon na libreng community college.
- Nakapagtatag tayo ng mga kinakailangan para sa pagiging bukas ng mga dokumento at proseso, at nang mabigyang-liwanag ang napakatataas na presyo ng gamot.

Bilang taga-San Francisco at bilang magulang, napakaraming trabaho na dapat magawa upang mapahusay pa ang ating lungsod para sa mga henerasyon sa kinabukasan. Ngayong taon na ito, nakikipaglaban ako para makapagbigay ng bagong pagpopondo at solusyon para sa kawalan ng tahanan, pagpapalawak sa proteksiyon para sa mga tenant, pagtugon sa pambu-bully o pang-aapi sa paaralan, pagprotekta sa mga naka-igpaw sa karahasan sa tahanan, pagpaparami pa ng pag-eempleyo sa mga migrante, at pagtatrabaho tungo sa pagkakasakop ng kalusugan ng lahat.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang:

California League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)

California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)

California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)

Equality California

United Farm Workers

Senador ng Estados Unidos Dianne Feinstein

Senador ng Estados Unidos Kamala Harris

Tenyente Gobernador Gavin Newsom

Attorney General (Pangkalahatang Abugado) Xavier Becerra

Tagapagsalita ng Asembleya Anthony Rendon

Nagpapatuloy ang ating trabaho. Sumama sa aming laban.

www.VoteDavidChiu.org

David S. Chiu



Mga Kandidato para sa State Assembly (Asembleya ng Estado), Distrito 19

KEITH BOGDON

Ang aking trabaho ay Tagapayo sa Pagpapalaganap ng Biyoteknolohiya o Biotech Marketing Consultant.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Halos katutubong taga-San Francisco na ako, at umaasa akong makatawan kayo sa California Assembly (Asembleya ng California).

Lumipat kami ng aking single-mom (ina na walang ibang katuwang sa pagpapalaki ng anak) sa Lungsod noong ilang linggo pa lamang matapos akong maipanganak. Habang lumalaki sa Richmond at sa Sunset, pumasok ako sa mga paaralan ng komunidad. Noong 1989, nagtapos ako mula sa Lowell High School.

Nakakuha ako ng B.S. at M.S. sa Chemistry (Kimika) mula sa CSU Long Beach, at ng J.D. mula sa McGeorge School of Law sa Sacramento.

Matapos bumalik sa Lungsod, nagtrabaho ako nang pitong taon bilang chemist at siyentipiko para sa medikal na pananaliksik. Nitong nakaraang dekada, nagtaguyod ako ng pagbebenta ng mga technology platform (pangkat ng mga teknolohiya na ginagamit sa paggawa ng iba pang application, proseso o teknolohiya) sa mga nangungunang mananaliksik sa mga sektor ng akademya, parmasya, at biotech.

Ang aking asawa, na ipinanganak sa India, at piniling maging mamamayan ng Amerika, ay isa ring chemist, at pinalalaki namin ang aming labindalawang taong gulang na anak na lalaki sa Distrito ng Richmond.

Sa kasamaang palad, naging saksi kami sa tuloy-tuloy na pagbaba ng kalidad ng buhay kapwa rito sa Richmond at sa Bay Area. Umaalis na ang mga pamilya dahil sa malawakang kawalan ng tahanan, sapilitang pagpasok sa kotse para makapagnakaw, masikip na trapiko, at mataas na halaga ng pabahay at paninirahan dito.

Nabigo ang karamihan sa ating mga lokal na lider at mga lider na nasa Sacramento na maharap ang mga ito at iba pang problema, at napalala pa ang mga bagay-bagay ng marami sa kanilang mga polisiya at batas.

Iyan ang dahilan kung bakit tumatakbo ako bilang inyong susunod na Assemblyman (miyembro ng Asembleya), at nang magamit ko ang aking mga kakayahan mula sa pribadong sektor para lutasin ang iba't ibang uri ng problema na kinahaharap natin sa pang-araw-araw na buhay.

Upang malaman pa ang tungkol sa aking mga mungkahi at sumusuporta sa akin, pakibisita ang www.bogdonforassembly.com.

Sinusuportahan ako ng Republican Party (Partidong Republican) ng San Francisco, at umaasa akong makuha ang inyong boto sa ika-5 ng Hunyo.

Keith Bogdon

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Napakarami ng magagawa ng California upang makalikha ng abot-kayang pabahay, mabawasan ang kawalan ng tahanan, maprotektahan ang ating kapaligiran, matugunan ang masikip na trapiko, at makapagtayo ng ekonomiya na mabuti para sa lahat. At kailangan nating gawin ito habang isinasaisip na may limitasyon ang mga nakukuhang kita mula sa buwis, at posibleng humarap tayo sa pagbagsak ng ekonomiya sa anumang panahon.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinagkakapuri ko ang paglilingkod bilang Chair (Tagapangulo) ng Assembly Budget Committee (Komite sa Badyet ng Asembleya), upang makapaghubog ng mga balanseng badyet na namumuhunan sa ating kinabukasan, habang pinalalaki pa rin ang ating pondong Rainy Day (para sa panahon na nabawasan ang regular na kita). Sinasalamang ng mga badyet ang ating mga pinahahalagahan, at sinalamin ng mga badyet na ginawa ko para sa California ang mga bata-yang pinahahalagahan ng ating komunidad, tulad ng:

Pamumuhunan sa ating kinabukasan sa pamamagitan ng pagiging libre ng community college para sa mga estudyanteng nasa unang taon.

Pagtatayo ng higit na abot-kayang pabahay at pagbibigay ng proteksiyon sa mga tenant (umuupa) mula sa mga pagpapaalis.

Pagtitiyak na pinoprotektahan natin ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng mahahalagang bagong pamumuhunan sa mga kalye at transportasyon, at nang masolusyunan ang ating napakasamang trapiko. Ginagawang mas malakas ang ating ekonomiya at mas madali ang ating mga buhay ng mga bagong pamumuhunang ito, at lumilikha rin ang mga ito ng mga trabahong mataas ang kita.

Pagpapalago sa ekonomiyang makatarungan sa lahat sa pamamagitan ng pagtitiyak na lalakihan pa natin ang suporta para sa numero unong nagbubunsod ng ekonomikong pagkakapantay-pantay – ang mahuhusay na pampublikong paaralan.

Nagpapalaki kami ng aking asawang si Susan ng dalawang kamangha-manghang anak na babae. Iniisip ko sila bago ang bawat pagboto – inaalala ko na nagtatrabaho tayong lahat ngayon upang makalikha ng mas magandang kinabukasan.

Ikinararangal kong nakuha ko na ang suporta ng mga Guro, Bumbero, Sierra Club, at marami pang iba. Umaasa akong sasa-ma kayo sa pagsuporta sa aming kampanya sa www.PhilTing.com.

Phil Ting



Mga Kandidato Para Sa Mayor (Punong-Bayan)

ANGELA ALIOTO

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dati akong Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at isa akong may-ari ng negosyo sa San Francisco. Natatangi ang aking pagiging kuwalipikado na katawanin ang iba't ibang interes ng lahat ng taga-San Francisco. Nangunguna sa aking mga prayoridad ang homelessness o kawalan ng tahanan, abot-kayang pabahay, mararahas na krimen at paglilinis ng kalye.

Galing sa puso ang aking pagtatrabaho - mula sa pagpapasa ng unang batas ukol sa hindi paggamit ng sigarilyo at tabako sa bansa, ang pinaka-unang batas ukol sa marijuana na ginagamit sa paggamot, hanggang sa paglikha ng blue ribbon committee (independiyenteng komisyong ng mga opisyal at eksperto) para maligtas ang SF Giants, hanggang sa pagkapanalo sa pinakamalaking hatol ukol sa mga Karapatang Sibil sa kasaysayan ng Amerika.

Bilang Chairperson (Tagapangulo) para sa Homeless mula 2004-2009, matagumpay kaming nakapagbigay ni Mayor Gavin Newsom ng tahanan sa mahigit 4850 katao sa Permanent Supportive Housing (Pabahay na Permanente at Nagbibigay ng Suporta). Naging malalim ang aking pakikisangkot sa pamumuhay sa Lungsod, habang nagtatayo ng opisina para sa pag-aabugado, kung saan nabigyan namin ng hustisya ang kababaihan, matatanda, may kapansanan at lahat ng minoridad na nakaranas ng diskriminasyon sa pinagtatrabahuhan. Mayroon akong dedikasyon, pokus, at sipag. Hindi ako tumitigil hanggang sa matapos ang trabaho.

Upang magsipi mula kay Saint Francis: "Magbigay sa halip na tumanggap; Maghatid ng pag-asa kapag lugami sa pagkabigo; Maghatid ng pananalig, kung saan may kawalang-tiwala." Dadalhin ko ang lahat ng pagpapahalagang ito ni Saint Francis sa opisina ng Mayor, at nang maibalik ang kaluluwa ng ating lungsod. Ako po si Angela Alioto. Ikararantal kong maging inyong Mayor.

Angela Alioto

MICHELLE BRAVO

Ang aking trabaho ay Praktisyoner para sa Holistikong Kalusugan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Michelle Bravo ang aking pangalan. Isa akong beteranong militar, na nagmamay-ari ng maliit na negosyo at bahay sa San Francisco. Napuri na ang aking propesyonal na kompanya para sa holistikong kalusugan sa 7X7 Magazine ng San Francisco nitong nakaraang 3 taon, pati na rin sa online na magasin ni Gwyneth Paltrow na Goop. Ang una kong paglahok sa politika ay noong nasa ika-12 grado ako sa Abraham Lincoln High School sa San Francisco. Naglingkod ako bilang Student Representative (Kinatawan ng mga Estudyante) sa School Board (Lupon ng mga Paaralan) ng San Francisco na para sa lahat ng pampublikong paaralan. Bilang Mayor, plano kong mahigpit na makipagtrabaho sa mga Superbisor ng San Francisco upang matiyak na mahusay ang dokumentasyon sa mga transient o nagpapalipat-lipat at mabilis silang napagkakalooban ng matutuluyan at mga serbisyo para sa kalusugan at kaligtasan ng lahat ng taga-San Francisco. Sa tinatayang gastos na \$8 milyon, kung saan hindi pa kasama ang paghahabla sa korte na posibleng nagmula sa mga pinsala at kamatayan, masipag akong magtatrabaho upang matiyak na hindi popondohan ang mga Taser ng mga nagbabayad ng buwis sa San Francisco. Mahigpit kong susubaybayan ang SFPD, at nang gumamit ito ng mga taktika para hindi na lumubha pa ang sitwasyon sa halip na mga sandata, lalo na sa mga may sakit sa isip, bulnerable dahil sa kondisyong medikal, at populasyon ng mga palaboy. Noon pa man, ginagawa ko na ang pinakamakakayanang upang magbigay ng mahusay na serbisyo at suporta anuman ang aking naging karera. Bilang inyong Mayor, ikararantal kong maglingkod sa inyo. Salamat po.

Michelle Bravo



Mga Kandidato Para Sa Mayor (Punong-Bayan)

LONDON BREED

Ang aking trabaho ay Presidente, Lupon ng mga Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang Acting Mayor (Pansamantalang Mayor) matapos ang trahedya ng pagkamatay ni Mayor Ed Lee, pinamunuan ko ang San Francisco sa pamamagitan ng matatag na transisyon, kung saan nagkaisa tayo sa mahirap na panahon.

Habang nakararanas ang ating lungsod ng kamangha-manghang tagumpay sa ekonomiya, napakarami rin ang napag-iwanan. Tumatakbo ako bilang Mayor dahil naniniwala ako sa isang San Francisco kung saan matagumpay tayong LAHAT.

Pinalaki ako ng aking lola sa pampublikong pabahay, buong buhay akong taga-San Francisco, na nagtapos sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco at dalawang beses na nahalal bilang Superbisor ng Distrito 5 at Presidente ng Board of Supervisors.

Nakapagtrabaho na rin ako para paramihin pa ang abot-kayang pabahay sa kabuuan ng lungsod, baguhin ang hindi pa nagagamit na unit sa pampublikong pabahay para sa mga pamilyang homeless o walang tahanan, gawing moderno ang mga sasakyan ng Muni, at paghusayin pa ang pampublikong kaligtasan. Gayon pa man, maraming trabaho pa ang kailangang magawa.

Bilang inyong Mayor, ako ay:

- Magbabawas ng homelessness o kawalan ng tahanan, lalo na para sa mga pamilya at bata
- Magkakaloob ng abot-kayang tahanan para sa mga pamilya at nagtatrabahong tao, kasama na ang mga guro, nars, at bombero
- Magbabawas ng sapilitang pagpasok sa mga sasakyan upang magnakaw at mga krimen kaugnay ng pag-aari
- Maghahatid ng maaasahan, mabilis, at malinis na serbisyo ng Muni
- Magtatanggol sa mga pinahahalagahan ng San Francisco at magbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng kababaihan, komunidad na LGBTQ, migrante at nagtatrabahong pamilya--anuman ang nagaganap sa Washington D.C.

Samahan ako, at ilagay natin ang San Francisco pabalik sa tamang landas para sa lahat.

Ikinararangal kong sinusuportahan ako ni Senador Kamala Harris, Sheriff Vicki Hennessy, at mga Superbisor na sina Malia Cohen, Ahsha Safai at Katy Tang!

www.londonformayor.com

London Breed

RICHIE GREENBERG

Ang aking trabaho ay Tagapayo para sa Maliliit na Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Napamahal sa akin ang San Francisco noong lumipat ako rito 17 taon na ang nakararaan; tunay na napakasiglang lungsod nito! At sa pagdaan ng panahon, nasaksihan ko na ang pinakamaganda at pinakamasama sa Lungsod.

Unti-unti nang bumababa ang kalidad ng buhay sa San Francisco. Gaya ninyo, sinasabi kong tama na, sobra na. Tumatakbo ako para maging mayor upang ipatupad ang “Bagong Bisyon” para sa San Francisco.

Bilang inyong susunod na mayor, pangunahing mga prayoridad ko ang pagpapahusay sa pangkalahatang kalidad ng ating buhay: pampublikong kaligtasan, pabahay, at pagbabawas sa homelessness o kawalan ng tahanan.

Hindi puwedeng homelessness na ang ating kinabukasan. Susugpuin ko ang pagdagsa ng homeless o walang tahanan sa San Francisco at muling gagawan ng ebalwasyon ang pagiging epektibo ng mga nagkakaloob ng serbisyo para sa pag-abot sa nakarami.

Lubha kong ikinagagalit na makakita ng napakaraming basag na bintana ng kotse. Hindi na masawata ang sapilitang pagpasok sa mga sasakyan. Hihingin ko ang epektibong pagpupulis sa mga komunidad at kriminal na pang-uusig upang maprotektahan ang ating mga pag-aari at komunidad.

Sinusuportahan ko ang pabahay sa malawak na hanay ng mga tao, kasama na ang para sa mga pamilyang may anak, matatanda, at may kapansanan. Kailangang may kasama nang sapat na paradahan ang mga bagong itinatayong apartment.

Isa akong tagapayo para sa maliliit na negosyo at nakaupo ako sa ilang lupon ng nonprofit. May asawa ako at nakatira sa Distrito ng Richmond ng lungsod.

Pakibisita ang richiegreenberg.org upang alamin pa ang tungkol sa aking Bagong Bisyon para sa San Francisco.

Ikararangal ko ang inyong boto.

Richie Greenberg



Mga Kandidato Para Sa Mayor (Punong-Bayan)

JANE KIM

Ang aking trabaho ay Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking pangalan: Jane Kim

Ang aking trabaho ay: Superbisor

Ito ang ating lungsod. Bawiin natin ito.

Ang krisis sa San Francisco ng mga pagpapaalis sa tinitirhan, kakulangan ng abot-kayang pabahay, lubhang napakaraming kawalan ng tahanan, masikip na trapiko at hindi pagkakapantay-pantay sa kita ay mga resulta ng polisiya na pumapabor sa iilan – na pinagbabayaran ng lahat ng iba pang tulad natin.

Kailangan natin ng batayang pagbabago na naglalagay sa mga mamamayan at komunidad ng San Francisco nang una sa lahat. Magmula pa noong mga araw ko bilang Presidente ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) hanggang sa kasalukuyan kong trabaho bilang Superbisor, naipanal ko na para sa San Francisco ang:

- Pagiging natatanging lungsod sa Amerika ng San Francisco na may libreng city college (kolehiyo ng lungsod).
- Pagkapanalo ng pinakamatataas na antas ng abot-kayang pabahay sa bansa.
- Pagtataas ng minimum na sahod tungo sa \$15 kada oras.

Panahon na para magkaroon ng Mayor na inilalagay ang mga tao bago ang mga espesyal na interes. Magsisimula ako sa pamamagitan ng:

- Pagdedeklara agad ng State of Emergency (Estado ng Pagkakaroon ng Emergency) sa homelessness o kawalan ng tahanan.
- Paglikha ng maagang pag-aaral ng mga bata na para sa lahat upang mapanatili ang mga pamilya sa San Francisco at masuportahan ang kababaihan na manatili sa hanay ng mga nagtatrabaho.
- Pagpapasa ng pagtigil ng hindi makatarungang pagpapaalis sa tinitirhan at pinabilis na plano sa paglikha ng mas permanente at abot-kayang pabahay.

Posible ang tunay na pagbabago kung magsasama-sama tayo upang unahin ang mga taga-San Francisco.

Pakisamahan ang Tagapagtatag ng Chinatown Community Development Center (Sentro sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Chinatown)* na si Gordon Chin, dating Presidente ng Board of Supervisors ng San Francisco na si Harry Britt, aktibista sa komunidad na si Sharen Hewitt, dating Presidente ng School Board na si Mark Sanchez, dating Presidente ng Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo ng California na si Loretta M. Lynch, si David Talbot, ang Komisyoner sa Pagpapalano na si Myrna Melgar at ang dating Presidente ng Harvey Milk LGBT Club* na si Peter Gallotta sa www.JaneKim.org.

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon ang mga organisasyon

Jane Kim

MARK LENO

Ang aking trabaho ay May-ari ng Maliit na Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para maging Mayor dahil hindi na nakokontrol ang pagiging abot-kaya ng pabahay at homelessness o kawalan ng tahanan, at kailangan ng batayang bagong diskarte sa City Hall.

Bilang residente ng San Francisco sa loob ng 41 taon at may-ari ng maliit na negosyo, nagsilbi na ako bilang Superbisor ng San Francisco, Miyembro ng Asembleya ng Estado, at naging unang baklang lalaki rin na nahalal sa Senado ng Estado ng California.

Ikinararangal ko na nagsilbi ako bilang boluntaryo sa komunidad nang may dedikasyon sa loob ng ilang dekada, na nagtataguyod para sa matatanda, karapatan ng mga LGBTQ, pagpopondo at mga serbisyo para sa HIV/AIDS, karapatang sibil at kabataan.

Naniniwala akong ang serbisyo publiko ay ukol sa pagpapalabas ng mga resulta at pagsasalita para sa mga taong walang boses.

Nakipaglaban na ako sa ngalan ng mga kabataang foster (nasa pangangalaga ng estado), bilango na naka-bartolina, at mga nangungupahan na humaharap sa hindi makatarungang pagpapaalis sa tinitirhan. Nagawa ko nang maipasa ang mga makasaysayang batas na nagtatakda ng ating \$15 minimum na sahod sa kabuuan ng estado at nakapagtaguyod para sa pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa, single-payer healthcare (sinasakop ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ng pampublikong sistema), at karapatan ng transgender.

Bilang Mayor, masipag akong magtatrabaho upang maprotektahan ang karakter ng ating mga komunidad at panatilihin ang San Francisco bilang lugar kung saan kayang mamuhay ng mga nagtatrabahong tao at pamilya.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang/sina:

Senador ng US Kamala Harris

Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma

Senador ng Estado Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi

Superbisor Sandra Fewer

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Norman Yee

Dating Superbisor Leslie Katz

Miyembro ng School Board Matt Haney

Miyembro ng School Board Mark Sanchez

Mga Trustee ng City College:

Brigitte Davila

Rafael Mandelman

Alex Randolph

John Rizzo

Thea Selby

Tom Temprano

Miyembro ng Lupon ng BART Bevan Dufty

Phyllis Lyon

www.markleno.com

Mark Leno



Mga Kandidato Para Sa Mayor (Punong-Bayan)

AMY FARAH WEISS

Ang aking trabaho ay Nonprofit na Ehekutibo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naging aktibo ako sa lokal na politika noong 2011, nang nasa sangandaan ang San Francisco matapos ang pandaigdigang pinansiyal na pagbagsak. Matapos na inilabas ng Opisina ng Mayor ang red carpet para sa Chase Bank upang mawalan ng puwesto ang dalawang maliliit na negosyo sa Divisadero, sumama ako sa mga magkakapitbahay sa City Hall upang mariing humingi ng tamang proseso. Nagsimula ang aking aktibismo sa pagsasaad ng “makatwirang pag-hindi” laban sa hindi pangkakapantay-pantay at pagkawala ng lugar para sa tirahan o negosyo, pero mabilis kong naunawaan na kailangan din nating mag-organisa para sa ating “stratehikong pag-oo.” Gamit ang aking Interdisciplinary M.A. sa Organizational Development mula sa SF State at maraming taon ng pag-oorganisa sa komunidad, trabaho na nagbibigay ng direktang serbisyo at pagpapaunlad ng programa para sa maraming sektor, itinatag ko ang organisasyong nonprofit na Neighbors Developing Divisadero (Mga Magkakapitbahay na Pinauunlad ang Divisadero), upang masuportahan ang pag-unlad na bukas sa lahat, nakapagpapayaman sa kultura, at naipagpatuloy.

Nabigyan ng inspirasyon ng aking nakapokus sa solusyon na kampanya para sa pagiging Mayor noong 2015 ang mahigit 79,500 taga-San Francisco upang piliin ako bilang kanilang Una, Ikalawa, o Ikatlong pinipili. Matapos ang eleksyon, itinatag ko ang Saint Francis Homelessness Challenge upang mapaghusay at masimulan ang mga solusyong nagsasama ng komunidad sa ating krisis sa pagkakampo at matutuluyan / kakulangan ng abot-kayang pabahay, at naglingkod din ako bilang Miyembro ng Lupon at Operations Manager (Tagapamahala para sa mga Operasyon) ng San Francisco Community Land Trust (Organisasyon para Mapangalagaan ang Lupa ng Komunidad ng San Francisco).

Handa akong agad na magtrabaho sa Hunyo 2018 upang pamunuan nang may kolaborasyon ang mga Departamento ng Lungsod, ang proseso ng pagbabadyet at ang pagtatalaga ng mga Komisyon sa pagpapatupad ng komprehensibong Platform for Equity (Plataporma para sa Pagiging Makatarungan). Bumoto ng 1-2-3 para sa Equity! Bisitahin ang weissformayor.com.

Amy Farah Weiss

ELLEN LEE ZHOU

Ang aking trabaho ay Clinician (tagasuri at tagagamot) para sa Kalusugan ng Isip.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong Social Worker para sa mga Pamilya sa loob ng 20 taon. May asawa ako at dalawang anak na nasa kolehiyo.

Isa akong Guro sa Sunday School.

Mahigit 10 taon na akong nagtatrabaho bilang Psychiatric Social Worker para sa DPH.

Itinataguyod ko at pinoprotektahan ang mga taga-San Francisco.

Mahigit 12 taon na akong naging Union Rep (Kinatawan ng Unyon) ng SEIU1021.

Dalawang termino akong naglingkod bilang Civil Jury Juror (miyembro ng Lupon ng mga Tagahatol para sa mga Kasong Sibil) kung saan nag-imbetiga ako ng mga gawain ng gobyerno.

Itinalaga ako upang maglingkod sa Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad).

Bilang Mayor ng San Francisco, gagawin ko ang mga sumusunod:

Tatanggalin ang pang-aabuso sa droga upang mapahusay ang kalidad ng ating buhay.

Pagtatrabahuhin ang ating mga pampublikong dolyar, magtayo ng abot-kayang pabahay para sa mga pamilya upang maipagpatuloy ang pamana ni Mayor Edwin Lee.

Babalansehin ang komunikasyon at pondong pampubliko sa pagitan ng mabubuting may-ari ng gusali at mabubuting nangungupahan. Nagkakaloob ng mga solusyon ang mabubuting landlord o nagpapaupa upang malutas ang krisis sa pabahay.

Bibigyang-lunas ang mga homeless o walang tahanan sa ugat ng kanilang mga problema. Mahalaga ang bawat buhay!

Titiyakin ang pagpapatupad ng bukas, nakahayag, at mabuting mga gawain sa gobyerno.

Kakasunduin ang mga lider mula sa bawat komunidad upang makabuo ng walang pinapanigan at hindi pampamahalaang lakas ng mga residente, at nang mapahusay ang pampublikong kalusugan at kaligtasan.

Maghahanap ng mga solusyon upang maprotektahan ang publiko, at tiyakin ang pagpapatupad ng mga regulasyon upang makapagbigay ng proteksiyon mula sa kriminal na gawain.

Bukas ako sa mga suhestiyon ukol sa mga oportunidad para sa negosyo at pamumuhunan para sa ating mga residente at manggagawa. Mahalaga ang bawat suhestiyon. www.EllenLeeZhouforMayor2018.com. Salamat po

Ellen Lee Zhou



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 8

LAWRENCE “STARK” DAGESSE

Ang aking trabaho ay Technician para sa Teatro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking pangalan ay Lawrence “Stark” Dagesse, at 23 taon na akong residente ng San Francisco. Nagtatrabaho ako at umuupa ng bahay sa San Francisco.

Sa pamamagitan ng aking trabaho, pinakikinabangan ko ang aking artistikong talento gamit ang isip at puso upang maabot ang aking mga tunguhin. Gumagamit ako ng pampublikong transportasyon, naglalakad o nagbibisikleta para magbiyahe.

Nakapagtapos ako ng kolehiyo at bahagi ng komunidad ng LGBTQ.

Napakahusay na komunidad ng Distrito 8 at puspusan akong magtatrabaho upang mapanatili itong ligtas at magandang lugar na bukas sa lahat. Kailangan nating magtrabaho para makapagbigay ng mga oportunidad para sa mga residente—partikular na ang abot-kayang pabahay.

Kailangang puwedeng makakuha ng edukasyon at may pamamaraanang makagamit ng pampublikong tulong at impormasyon ang lahat. Mga simbolo na ng kahusayan ng San Francisco ang sining, musika, pelikula, mga palabas, pagkain, kultura at maganda at natatanging arkitektura, at magtatrabaho ako upang itaguyod at palawakin pa ang napakahahalagang kultura na ito sa ating lungsod.

Palalahukin ko ang komunidad sa paghahanap at pagpapatupad ng realistiko at makatarungang mga solusyon sa kawalan ng tahanan, adiksiyon sa droga at krimen.

Magdadala ako ng bagong dugo, bagong mga ideya at malikhaing mga solusyon sa City Hall at masigasig na magtatrabaho upang lumikha ng positibo at progresibong kinabukasan.

Tayo ang Distrito 8. Tayo ang Kinabukasan. Tayo ang San Francisco Magkakasama tayo rito.

Ikinararantal kong maging inyong kandidato.

Lawrence “Stark” Dagesse

RAFAEL MANDELMAN

Ang aking trabaho ay Trustee ng City College / Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang Presidente ng Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ng City College, ginabayan ko ang paaralan sa panahon ng krisis para sa akreditasyon, tungo sa pagiging isa sa pinaka-unang libreng kolehiyo ng bansa. Gumawa ako ng pagbabawas sa badyet batay sa sentido komun upang mailigtas ang kolehiyo, at gayon din ang gagawin ko sa Board.

Bilang abugado para sa abot-kayang pabahay, nakapagtayo na ako ng libo-libong abot-kayang tahanan sa kabuuan ng Bay Area. Dadalhin ko ang karanasang iyan sa Board at titiyakin na makapagtatayo ng abot-kayang pabahay upang matugunan ang pangangailangan.

Walang kapaguran akong magtatrabaho upang malutas ang krisis sa kawalan ng pabahay. Para sa akin, personal ito. Sakit sa pag-iisip ang naging sanhi ng kawalan ng tahanan ng aking ina, at sa aking karanasan, kailangan kapwa ng pagmamalasakit at katatagan upang hindi na manirahan sa kalye ang mga taong may sakit. Bilang Superbisor, tatanggalin ko ang mga pagkakampo at bibigyan ang mga taong may sakit sa pag-iisip ng pangangalaga-- hindi tayo puwedeng gumagasta nang ganito kalaki nang hindi nagkakaroon ng mas mahusay na resulta.

Hindi ko matatanggap ang mga basag na bintana ng kotse at maruming kalye bilang bahagi lamang ng buhay. Bilang Superbisor, magtatrabaho ako para sa pagkakaroon ng sapat na kawani sa pulisya, pagbabayad para sa krimen laban sa pag-aari, at araw-araw na paglilinis ng kalye.

Ikinararantal kong maging mga tagasuporta sina/ang:

California Nurses

Sierra Club

Mark Leno

Bevan Dufty

Tom Ammiano

Hillary Ronen

Daniel Bergerac, Presidente, Castro Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante ng Castro)*

Kimyn Leigh Braithwaite, Presidente, Duboce Triangle Neighborhood Association (Asosasyon sa Komunidad ng Duboce Triangle)*

Robert Dockendorff, Board Member (Miyembro ng Lupon), Diamond Heights Community Association (Asosasyon ng Komunidad ng Diamond Heights)*

Peter Gabel, Co-Founder (Kasamang Tagapagtatag), Noe Valley Farmers Market*

Crispin Hollings, Dating Presidente, Eureka Valley Neighborhood Association (Asosasyon ng Komunidad ng Eureka Valley)*

Zoanne Nordstrom, Dating Presidente, Glen Park Association (Asosasyon ng Glen Park)*

Risa Teitelbaum, Dating Presidente, Liberty Hill Neighborhood Association (Asosasyon ng Komunidad ng Liberty Hill)*

* Para lamang sa layunin ng identipikasyon

Rafael Mandelman



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 8

JEFF SHEEHY

Ang aking trabaho ay Superbisor ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking trabaho: Superbisor ng San Francisco, Distrito 8

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipagpapatuloy ko ang masipag na pagtatrabaho ni Scott Wiener. Ikinararantal kong makuha ang kanyang natatanging suporta.

Lumipat ako mula sa Texas para makahanap ng kaligtasan. Ang pagganap ng mga trabahong mababa ang kita kagaya ng pagiging mensaherong nagbibisikleta at usher sa teatro ang nagbayad noon ng upa ko sa bahay.

Inihalal akong Presidente ng Harvey Milk Club at pinamunuan ko ang Equal Benefits Ordinance (Ordinansa para sa Pantay na mga Benepisyo) kung kaya't ang San Francisco ang naging unang lungsod na nagtakda sa mga kontratista ng Lungsod na maghandog ng mga benepisyo para sa domestic partner.

Sa AIDS Research Institute ng UCSF, pinamunuan ko ang pakikipagkomunikasyon sa loob ng 17 taon. Inilagay ako ni Senador John Burton sa stem cell board (lupon para sa pananaliksik ukol sa stem cells) ng California upang makipaglaban para sa mga lunas sa sakit. Nag-asawa ako at bumili ng tahanan sa Glen Park. Nagpapalaki kami ng anak na babae na pumapasok sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco.

Itinalaga ako ni Mayor Ed Lee na makipaglaban para sa mga pinahalagahan ng ating Lungsod at protektahan ang pangangalaga sa kalusugan mula sa pagbabawas ng badyet.

Nakatulong na ako upang hindi na tumira sa kalye ang mga kabataang LGBT, naipanalo ang pagkakaroon ng mas maraming naglalakad na patrolyang pulis, at naipagbawal ang mga tindahang nagpipira-piraso ng mga bisikleta. Epektibo kong napamunuan ang pakikipagtunggali sa giyera ng Administrasyong Trump laban sa San Francisco.

Mga Prayoridad:

- Pagtutuon sa pampublikong kaligtasan at komunidad, at pagbabawas ng mga pagpasok sa kotse para makapagnakaw.
- Tugunan ang kawalan ng tahanan nang may pagmamalasakit at wakasan ang pagkakampo gamit ang mga tent.
- Tulungan ang mga matagal nang umuupa na manatili sa San Francisco.
- Magtayo ng abot-kayang pabahay.
- Paghusayin ang mga pampublikong paaralan.

Mga Nagbigay ng Suporta:

Gavin Newsom

Fiona Ma

Scott Wiener

David Chiu

London Breed

Carmen Chu

Mark Farrell

Mga Bumbero, Pulis, Nagtatrabaho sa Groseriya, at Tubero sa San Francisco

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

www.JeffSheehy.org

Jeff Sheehy



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Opisina Blg. 4

ANDREW Y.S. CHENG

Ang aking trabaho ay Hukom ng Korte Superyor ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng halos isang dekada, naging karangalan ko nang maglingkod bilang hukom ng mga korte para sa mga kasong sibil, kriminal, at probate (korte para sa ari-arian at utang ng yumao). Naipakita na ng aking rekord bilang hukom ang aking tapat na pananagutan sa integridad, pagmamalasakit, at hustisya para sa lahat.

Nailaan ko na ang aking buong buhay na pagtatrabaho sa serbisyo publiko. Bilang abugado, nakakuha ako ng \$500 milyong settlement o pakikipag-ayos mula sa mga kompanya ng tabako, na nagresulta sa renobasyon ng Laguna Honda Hospital. Bilang hukom, naglabas ako ng hatol na nagpahintulot sa mga beterano na mapanatili ang paggamit sa mga serbisyo sa San Francisco War Memorial, pati na rin ng dumarami pang paggamot bilang outpatient (pasyenteng hindi namamalagi sa ospital) sa mga indibidwal na may mga problema ang kalusugan ng isip.

Kailangang alam ng mga hukom ang batas, napakikinggan nila ang bawat panig, at nagiging makatwiran at makatarungan. Tumatakbo ako para maihalal muli dahil gusto kong patuloy na maglingkod sa ating komunidad.

JusticeSF.com

Ikinararangal ko ang suporta nina Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, dating Senador Mark Leno, Mga Miyembro ng Asembleya na sina David Chiu at Phil Ting, Mayor Mark Farrell, Abugado ng Lungsod Dennis Herrera, Assessor (Tagatasa) Carmen Chu, Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) London Breed, Mga Superbisor Aaron Peskin, Jane Kim, Sandra Lee Fewer, Katy Tang, at Norman Yee, Sheriff Vicki Hennessy, dating Abugado ng Lungsod Louise Renne, Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, lahat ng 50 hukom ng Korte Superyor ng San Francisco, at lahat ng hukom ng Hukuman para sa mga Apela ng Unang Distrito, at marami pang iba. Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

Andrew Y.S. Cheng

PHOENIX STREETS

Ang aking trabaho ay Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol sa Lungsod at County ng San Francisco, Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Phoenix Streets

Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng San Francisco, Abugado

Noong bata pa ako sa Westside Housing Projects ng San Francisco, naranasan ko ang pasakit at kawalang dignidad ng kahirapan at pabahay na walang seguridad.

Noong high school nagpalista ako sa U.S. Navy. Nagawaran ako ng Expeditionary Medal para sa serbisyo sa mga kondisyon ng panahon ng giyera. Nakita ko kung paano inabandona o nawala ang marami sa mga beterano. Hinangad kong may magawa para matulungan sila.

Nang makatapos ako mula sa UC Berkeley at makaraan nito, mula sa UC Hastings, nagtrabaho ako para sa Lawyers' Committee for Civil Rights (Komite ng mga Abugado para sa mga Karapatang Sibil), kung saan tinulungan ko ang mga indibidwal, na karamihan ay mga babaeng walang asawa at may anak, at mga beterano, na pawang nakararanas ng krisis sa pabahay at hindi sapat na napaglilingkuran ng mga hukuman.

Sa 17 taon ko sa Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol, natulungan ko na ang kabataang humantong na sa sapat na gulang upang makakuha ng mga kakayahan sa trabaho; ang homeless o walang tahanan na makakuha ng pabahay; ang mga taong may sakit sa isip na makakuha ng pagpapayo/paggamot; at ang mga indibidwal na nahihirapan dahil sa adiksiyon na makakuha ng pagpapayo/paggamot.

Napakaraming pera ng ating lungsod para magkaroon ng mga taong natutulog sa ating mga lansangan. Hindi tama ito para sa homeless o walang tahanan at hindi tama ito para sa ating mga komunidad.

Bilang hukom, hindi ko uulitin ang gayon pa ring bigong stratehiya habang umaasa na mag-iiba ang mga resulta. Kailangan natin ng pagbabago, at puwedeng gumanap ang mga hukuman ng mahalagang papel sa pagwawakas sa homelessness o kawalan ng tahanan. Panahon na para sa bagong plano.

Mga suporta (Bahagi lamang ng listahan):

Superbisor Hilary Ronen

Pamublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi

Punong Abugado ng Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng SF Matt Gonzalez

Marami pang suporta na nasa: streets4judge.com

Phoenix Streets



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Opisina Blg. 7

MARIA EVANGELISTA

Ang aking trabaho ay Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol sa Lungsod at County ng San Francisco, Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng 14 taon nagtrabaho ako bilang Public Defender (Pamublikong Tagapagtanggol) na kumakatawan sa mga ina, bata at pamilya. Araw-araw, nakikita ko kung paano nabibigo ang ating mga korte na makabuluhang matugunan ang homelessness o kawalan ng mga tahanan, mga sapilitang pagpasok sa kotse para magnakaw, at karahasan.

Hindi tayo makaalis sa siklo ng pagdakip, pagkulong at pagpapalaya. At nabibigong gumawa ng aksiyon ang mga hukom na political insider (kabilang sa higit na may kapangyarihan o impluwensiya sa politika o nalalaman ang hindi lantad na importasyong politikal) na hindi nakatira sa ating lungsod.

Bilang katutubong taga-San Francisco at ina ng dalawang batang babae, alam kong kailangan natin ng epektibong mga konsekuwensiya na tunay na makatutugon sa mga ugat na sanhi ng krimen, at nang maging mas ligtas ang lungsod.

Inilaan ko ang aking buhay sa pagpigil sa paulit-ulit na krimen at hinawakan ang libo-libong kaso sa ating Behavioral Health Court (Hukuman para sa Kalusugan ng Isip), Veteran's Court (Hukuman para sa mga Beterano), at Drug Court (Hukuman para sa mga Kaso ukol sa Droga), na nagbunga sa pagdadala sa mga tao mula sa lansangan tungo sa pagpapagamot, pabahay at pag-eempleyo.

Ikinararantal kong maging pinaka-unang babaeng Mehikano-Amerikano na makapagtapos sa Vanderbilt School of Law, at ako rin ang magiging pinaka-unang halal na babaeng hukom na Mehikano-Amerikano.

Isa tayong lungsod ng inobasyon at mga pinaka-unang bagay, at nararapat lamang na magkaroon tayo ng moderno at abanteng sistema para sa hustisyang pangkrimen na nakapigil sa krimen bago pa maisagawa ito.

Mga Nagbigay ng Suporta:
(Bahagi lamang ng listahan)

Superbisor Hilary Ronen
Superbisor Jeff Sheehy
Pamublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
Punong Abugado ng mga Pamublikong Tagapagtanggol Matt Gonzalez
Miyembro ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) Matt Haney

Marami pang nagbigay ng suporta na nasa: evangelista4judge.com

Maria Evangelista

CURTIS KARNOW

Ang aking trabaho ay ay Hukom ng Korte Superyor ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng mahigit isang dekada, karangalan kong makapaglingkod sa mga mamamayan ng San Francisco bilang Hukom ng Korte Superyor. Dahil lumaki ako sa Hong Kong, lubos akong nagpapasalamat sa pagkakaroon ng pagkakaiba-iba na inihahandog ng ating lungsod at ang gayong katangian nito ang siyang lubos na naka-impluwensiya sa aking pananagutan sa katarungan na para sa lahat.

Nang magtapos ako sa Harvard University at sa University of Pennsylvania Law School, tumulong ako sa Mexican American Legal Defense Fund (Pondo para sa Pagtatanggol ng mga Mehikano Amerikano sa mga Kasong Legal) at kinatawan ko ang mahihirap na pamilya sa San Francisco upang magkaroon sila ng guardianship (karapatan upang maging tagapatnubay) ng mga bata.

Sa kabuuan ng aking karera, nabuwag ko ang mga hadlang sa katarungan at nagawang mas abot kaya ang sistema sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga patakaran at pagbabawas ng kinakailangang oras upang magkaroon ng resolusyon, at dahil dito, matagumpay na nalutas ang ilan sa komplikadong kaso sa estado.

Bilang hukom, nailigtas ko ang San Francisco City College at humatol ako laban sa Accrediting Commission (Komisyon na Nagbibigay ng Akreditasyon). Dahil sa mga hatol, napigilan ang pagkawala ng akreditasyon ng CCSF at ang pagsasara ng mga pintuan nito sa libo-libong estudyante.

JusticeSF.com

Ikinararantal ko ang suporta nina Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, Mga Miyembro ng Asembleya na sina David Chiu at Phil Ting, Mayor Mark Farrell, Abugado ng Lungsod Dennis Herrera, Assessor (Tagatasa) Carmen Chu, Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) London Breed, Mga Superbisor Aaron Peskin, Katy Tang, at Norman Yee, CCSF Trustee Rafael Mandelman, Henry Der, Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, Sheriff Vicki Hennessy, Dating Abugado ng Lungsod Louise Renne ang California Latino Judges Association (Asosasyon ng mga Latinong Hukom ng California), lahat ng 50 hukom ng Korte Superyor ng San Francisco, at lahat ng mga hukom ng Hukuman para sa mga Apela ng Unang Distrito. Ikararantal kong makuha ang inyong boto.

Curtis Karnow



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Opisina Blg. 9

CYNTHIA MING-MEI LEE

Ang aking trabaho ay Hukom ng Korte Superyor ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan at pribilehiyo ko na nakapaglingkod na ako bilang hukom sa Korte Superyor ng San Francisco sa loob ng halos 20 taon. Bilang kauna-unahang Asyano-Amerikanong babae na nagsilbi bilang Presiding Judge (Tagapamahalang Hukom) sa kasaysayan ng San Francisco, nagkaroon na ako ng reputasyon para sa pagiging makatarungan at pagkakaroon ng integridad, at para sa paglikha ng inobatibo at may kolaborasyong diskarte sa mga problemang naka-aapekto sa mga taga-San Francisco.

Itinatag ko ang Veterans Justice Court (Hukuman para sa Hustisya sa mga Beterano) na nagkakaloob ng mga serbisyo para sa pang-aabuso sa droga/kalusugan ng isip at rehabilitasyon sa ating mga beteranong kinasuhan ng paggawa ng krimen. Dahil mahigit 100 na ang mga nakapagtapos sa programa, malawak ang paniniwala na matagumpay itong programa upang mapakuha sa ating mga beterano ang tulong na kailangan nila. Kasama rin ako sa pagtatatag at lumahok din sa Truancy Action Partnership (Pakikipagtulungan para sa Aksiyon ukol sa Pambubulakbol) upang mabawasan ang pambubulakbol sa mga pang-elementaryang pampublikong paaralan. Pinasimulan ko ang kinakailangang pagsasanay sa karahasan sa tahanan para sa mga hukom at kinilala ito ng Commission on the Status of Women (Komisyon ukol sa Katayuan ng Kababaihan).

JusticeSF.com

Ikinararantal ko na mabigyan ng suporta ni Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, Mga Miyembro ng Asembleya na sina David Chiu at Phil Ting, Mayor Mark Farrell, City Assessor (Tagatasa) Carmen Chu, Abugado ng Lungsod Dennis Herrera, Presidente ng Board of Supervisors London Breed, Mga Superbisor Aaron Peskin, Jane Kim, Sandra Lee Fewer, Katy Tang at Norman Yee, Dating Senador Mark Leno, Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, Sheriff Vicki Hennessy, Dating Sheriff Michael Hennessey, lahat ng 50 hukom ng Korte Superyor ng San Francisco, lahat ng hukom ng Hukuman para sa mga Apela ng Unang Distrito, at dose-dosenang iba pang lider na sinusuportahan ang aking bisyon ng pagtitiyak ng pantay na katarungan para sa lahat.

Cynthia Ming-Mei Lee

KWIXUAN H. MALOOF

Ang aking trabaho ay Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol (Deputy Public Defender).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kwixian H. Maloof

Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol ng Lungsod at County ng San Francisco, Punong Abugado

Isa akong katutubong taga-San Francisco, na ipinanganak sa Presidio at lumaki sa Richmond at Diamond Heights. Noong binatilyo pa akong lumalaki sa Lungsod, naging saksi ako pagkaligaw sa daan ng kabataang mula sa lahat ng lahi at sa hindi pagtulog sa kanila ng sistema.

Pagkatapos ng kolehiyo, naging Social Worker at nakaramdam ako ng pagkabigo dahil sa gawi ng hukuman na paulit-ulit na pagpasok at paglabas ng kabataan sa sistema. Nagpasya akong maging bahagi ng solusyon at pumasok ng law school.

Nitong nakaraang 17 taon, naging abugado ako sa Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol sa San Francisco, kung saan tinulungan ko ang libo-libong kabataan at pamilya na mabalik sa tamang landas at maging malusog, masaya at produktibo. Isa akong ama na ipinagmamalaki ang dalawang batang nasa edad na ng pagpasok sa paaralan, at aktibo kong ginagabayan ang mga batang abugado sa kabuuan ng Bay Area.

Tumatakbo ako para maging hukom ng Korte Superyor dahil naniniwala ako na lalo na sa panahong ito, nararapat lamang para sa mga pamilya sa ating mga korte na may mga problemang tulad ng tiket dahil sa trapiko, mga proseso para sa diborsyo, at pagpapaalis sa tinitirhan, na magkaroon ng mga hukom na gayon din ang mga pinahahalagahan at tatratuhin sila nang walang pagtatangi.

Bilang hukom, magtatrabaho ako upang matiyak na ligtas ang ating mga kalye para sa mga bata, pamilya at kabataan ng San Francisco.

Mga Nagbigay ng Suporta:
(Bahagi lamang ng listahan)

Superbisor Hilary Ronen
Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
Punong Abugado ng Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol ng SF Matt Gonzalez

Marami pang nagbigay ng suporta na nasa: maloof4judge.com

Kwixuan H. Maloof



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Opisina Blg. 9

ELIZABETH ZAREH

Ang aking trabaho ay Komisyoner ng Lupon para sa mga Apela ng Pagtatasa ng Lungsod at County ng San Francisco / Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naglingkod ako bilang pansamantalang hukom ng Korte Superyor ng San Francisco, bilang Komisyoner sa Lupon para sa Pag-apela sa mga Pagtatasa, at mayroon din akong kompanya para sa mga paglilitis at appellate law (batas ukol sa pag-aapela) sa Zareh & Associates.

Magmula pa noong 2016, bilang pansamantalang hukom, naging makatarungan na ako at walang kinikilingan. Gumawa ako ng mga hatol batay sa ebidensiya. Masipag kong isinagawa ang aking mga responsibilidad nang walang kinikilingan, ayon sa mga merito, nakabatay sa ebidensiya, nang walang pagkampi o pagkakaroon ng opinyong may pagkiling na agad at wala sa katwiran, malaya sa magkasalungat na interes at sa pama-maraan na nagtataguyod ng pampublikong kumpiyansa sa integridad ng mga hukuman. Lagi kong isinasaisip ang mga pinahahalagahan sa San Francisco at ginagawa ang lahat ng pagsusumikap upang masalamin ang mga pinahahalagahan ng San Francisco sa aking mga desisyon.

Isa akong abugado at lisensiyadong real estate broker (nagbebenta ng mga lupa at tahanan). Nakahawak na ako ng 100+ deposisyon o pagbibigay ng sinumpaang salaysay, pag-eeksamen sa saksi ng kabilang panig, at eksaminasyon, kung saan mahigpit ang tunggalian. Nakapagbigay na ako ng mga argumento para sa 70+ substantive motion (mosyon na hiniling para maaprubahan ng korte ayon sa substantibong batas) at dispositive motions (mosyon para sa pagwawaksi ng lahat o bahagi ng isyu sa kaso) at mga pagdinig. Nakapag-abugado na ako sa mga paglilitis kung saan may jury (lupon ng mga tagahatol) at walang jury sa mga hukumang pederal at pang-estado, mata-gumpay na nakapagharap ng mga argumento sa ika-9 na Circuit Court (hukuman na may hurisdiksiyon sa ilang distrito o county sa estado) at Court of appeals (Hukuman para sa mga apela) ng California sa mga larangan ng real estate o ari-arian, maling pag-uulat ukol sa konsumer, seguro, depekto sa konstruksiyon, pag-eempleyo, at komplikadong mga kaso ukol sa negosyo.

Naglilingkod ako bilang mediator (tagapamagitan) at nakapag-ayos na ako ng mga kaso kung saan nawalan na ng pag-asa ang mga hukom. Umaasa akong makapagbibigay ako ng pagbabago sa ating hukuman upang maging mas madali, mas simple at mas abot-kaya ito.

Elizabeth Zareh



Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Opisina Blg. 11

JEFFREY S. ROSS

Ang aking trabaho ay Hukom ng Korte Superyor ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang hukom ng Korte Superyor ng San Francisco sa loob ng halos siyam na taon, nakapamuno na ako sa mga hukuman kung saan iginagalang at pinakikitunguhan nang makatarungan ang lahat. Bilang hukom ng Veterans Justice Court (Hukuman para sa Hustisiya sa mga Beterano), tinulungan ko ang mga beterano na makakuha ng pabahay, at paggamot para sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga, at nang maiwasan ang pagkakakulong.

Noong nasa law school ako, nagtrabaho ako para sa kompanya ng mga abugado ng Planned Parenthood, sa Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol, at sa ACLU. Bilang abugado, kinatawan ko ang iba't ibang uri ng kliyente sa mga kasong nagbabanta sa kanilang mga pamilya, kabuhayan at kalayaan. Tinulungan ko ang pasyenteng may AIDS na muling makakuha ng kustodiya ng kanyang anak na babae, at ang lumikas mula sa Tibet na makakuha ng asylum o pagkakanlong. Kinatawan ko ang isang lalaking Afrikano-Amerikano na nasa death row (kulungan para sa nahatulan na ng parusang kamatayan) at natanggihan ng pagkakaroon ng makatarungang paglilitis.

Bilang presidente ng San Francisco Bar Association, isa ako sa nagtatag ng Law Academy, kung saan nagtatrabaho pa rin ako, at kung saan tinuturuan ang mga estudyanteng nasa high school, binibigyan sila ng trabaho tuwing tag-araw sa mga law office, at inihahanda sila para sa kolehiyo. Tumulong ako sa pamumuno ng laban ng Bar upang mapanatili ang affirmative action (aksiyon o polisiya na pinapaboran ang mga madalas dumanas ng diskriminasyon) at matamo ang pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa.

JusticeSF.com

Ikinararangal ko na sinusuportahan ako nina Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, Mga Miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting, miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma, Mayor Mark Farrell, Abugado ng Lungsod Dennis Herrera, Assessor (Tagatasa) Carmen Chu, Presidente ng Board London Breed, Mga Superbisor Sandra Lee Fewer, Aaron Peskin, Katy Tang at Norman Yee, Sheriff Vicki Hennessy, dating Sheriff Michael Hennessey, lahat ng 50 hukom ng Korte Superyor ng San Francisco, lahat ng mga hukom ng Hukuman para sa mga Apela ng Unang Distrito, at marami pang iba. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

Jeffrey S. Ross

NIKI JUDITH SOLIS

Ang aking trabaho ay Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol sa Lungsod at County ng San Francisco, Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Niki Judith Solis

Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng Lungsod at County ng San Francisco, Punong Abugado

Bilang Head Trial Attorney (Punong Abugado para sa mga Paglilitis) para sa Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng San Francisco, nakikita ko araw-araw kung paano ang ating mga hukuman ang ating huling depensa laban sa kalabisan ng administrasyong Trump.

Tumatakbo ako dahil kailangan ng San Francisco ng mga hukom na kaisa natin sa ating mga pinahahalagahan – hindi mga abugadong may politikal na koneksiyon at white-collar (nagtagtanggol sa mga nakasuhan ng krimen kaugnay ng pinansiya, negosyo o gobyerno) na itinalaga ng mga konserbatibong gobernador.

Isa akong LGBT na ina ng dalawang batang lalaki at nakapagtrabaho na ako bilang abugado para sa mga paglilitis sa loob ng 22 taon, kapwa sa hukuman para sa kasong kriminal at hukuman para sa family law (mga kaso ng pamilya) sa juvenile hall (bilangguan para sa mga menor de edad). Ipinagtanggol ko ang mga karapatan sa konstitusyon ng lahat ng pamilya at plano kong ituloy ang gayong trabaho bilang hukom.

Bilang itim at Latinang babae na pormal na walang dokumentasyon at nakapaglingkod na sa lupon ng ACLU, inilaan ko na ang aking buhay sa pagtitiyak na pantay-pantay ang pagturing sa lahat ng lahi sa ilalim ng batas, at kasalukuyan akong naglingkod para sa Criminal Law Advisory Commission (Tagapayong Komisyon para sa Batas ukol sa mga Krimen) ng Bar ng Estado.

Nakipaglaban na ako, sa kabuuan ng aking karera, upang manatiling wala sa ating mga korte ang mga may pagkiling na opinyong wala sa katwiran, at ipagpapatuloy ko ang labang iyan bilang hukom.

Mga Suporta (Bahagi lamang ng listahan):

Dating Mayor Art Agnos

Dating Senador Mark Leno

Superbisor Hillary Ronen

Pamublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi

Punong Abugado ng Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng SF Matt Gonzalez

Presidente ng School Board Matt Haney

Marami pang nagbigay ng suporta na nasa: [solis4judge.com](https://www.solis4judge.com)

Niki Judith Solis



Mga Primaryang Eleksyon sa California

Noong Hunyo 2010, inaprubahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 14, na lumikha ng “pinakamataas na dalawa” o “bukas” na sistema ng primaryang eleksyon. Binago ng pagkakapasa ng proposisyong ito ang paraan kung paano isinasagawa sa California ang mga eleksyon para sa pang-estadong konstitusyunal na puwesto at mga puwesto para sa Kongreso ng U.S. Kilala na ngayon ang mga puwestong ito bilang mga katungkulang “nominado ng botante.”

Hindi naaapektuhan ng pagbabago sa bukas ng sistema para sa primaryang eleksyon ang paraan kung paano isinasagawa ang mga primaryang eleksyon para sa Presidente ng U.S. o ang eleksyon para sa mga komite sentral sa county ng partidong politikal. Gayon pa man, may nabago sa panahon ng pagsasagawa ng mga ito: kasabay na ngayon ng eleksyon para sa komite sentral ng county ang primaryang eleksyon para sa pagkapresidente.

Ano ang ibig sabihin nito para sa mga botante sa primaryang eleksyon sa Hunyo 2018?

Ipinapakita sa parehong balota ang lahat ng kandidatong tumatakbo para sa mga katungkulang nominado ng botante, anuman ang kinakatigang partido ng kandidato. Puwedeng bumoto ang sinumang botante para sa sinumang kandidato sa mga puwestong ito, anuman ang kinakatigang partido ng botante. Tatanggap ang lahat ng botanteng nasa isang hurisdiksiyon ng magkakaparehong balota; wala nang mga balotang espesipiko sa partido.

Ang mga puwestong nominado sa balota para sa Hunyo ay:

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisionado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis
- Senado ng Estados Unidos
- Kinatawan ng Estados Unidos
- Senador ng Estado (sa ilang distrito, ngunit hindi sa San Francisco)
- Miyembro ng Asembleya ng Estado

Aabante sa pangkalahatang eleksyon sa Nobyembre ang dalawang kandidatong makatatanggap ng pinakamaraming boto sa bawat isa mga labanang ito. Posibleng galing sa iisang politikal na partido ang dalawang kandidatong ito. Kahit na may kandidato na makatatanggap ng mayorya ng mga botong isinumite sa primaryang eleksyon, aabante pa rin sa pangkalahatang eleksyon ang dalawang kandidatong may pinakamaraming boto.

Nasa balota rin sa Hunyo ang labanan para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo. Isa itong katungkulang hindi makapartido. Puwedeng bumoto ang mga botante para sa sinumang kandidato sa katungkulang hindi makapartido.

Wala sa balota para sa eleksyon sa Hunyo 2018 ang mga labanan para sa komite sentral ng county. Ihahalal ng mga botante ang mga miyembro ng komite sentral ng county sa susunod na primarya para sa pagkapangulo sa Marso 2020.

Ano ang ibig sabihin ng “kinakatigang partido”?

Tinutukoy ng “kinakatigang partido” ang politikal na partido kung saan nakarehistro ang kandidato o botante.

Sa ilalim ng bukas na sistema para sa primaryang eleksyon, kapag may pinipili na kuwalipikadong politikal na partido ang kandidatong nominado ng botante para sa puwesto, isinusulat ang pangalan ng partido nang katabi ang pangalan ng kandidato sa balota. Kung walang pinipili na kuwalipikadong politikal na partido ang kandidato, isinusulat ang, “Kinakatigang Partido: Wala” katabi ng pangalan ng kandidato.

Ang pagkakaroon ng kinakatigang partido ng kandidato ay hindi nangangahulugan na ineendorso ang kandidato ng partidong iyon. Puwedeng mag-endorso ang mga politikal na partido ng kandidato; nakalista ang anumang pag-eendorso ng partido na natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon bago sumapit ang huling araw ng pagsusumite sa pahina 15 ng pamplet na ito.

Hindi nakasulat sa balota ang kinakatigang partido, kung mayroon man, ng kandidato para sa katungkulang hindi makapartido.

Paano ko malalaman kung sa aling partido ako nakarehistro?

- Pumunta sa sfelections.org/reglookup, o
- Tumawag sa (415) 554-4310

Anong balota ang matatanggap ko?

Dahil walang mga balotang espesipiko para sa mga partido para sa primaryang eleksyon na ito, makatatanggap kayo at ang lahat ng botante sa inyong presintong botohan ng magkakaparehong balota. Matatagpuan ang inyong halimbawang balota sa pahina 14 ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito.

Paano ko mapapalitan ang aking kinakatigang partido?

Upang palitan ang inyong kinakatigang partido, kompletuhin at isumite ang voter registration card (kard para sa pagpaparehistro ng botante). Mayroon kayong tatlong opsiyon:

- Magrehistro online sa registertovote.ca.gov
- Hilingin na ipadala sa inyo ang registration card sa koreo sa pamamagitan ng pagkontak sa Department of Elections sa sfelections.org o pagtawag sa (415) 554-4310, o
- Sagutan ang registration card nang personal sa Department of Elections sa City Hall, Room 48.

Saan ako makahahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa primaryang eleksyon?

Para sa impormasyon tungkol sa primaryang eleksyon, pumunta sa sfelections.org o sa pahinang “Elections” na nasa website ng Secretary of State (Kalihim ng Estado) ng California, na sos.ca.gov.



Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Mga Pahina ng mga Buod at Argumento, Legal na Teksto

Kasama sa pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon para sa bawat lokal na panukalang-batas sa balota:

- Walang kinikilingang buod, o digest, na ginawa ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota
- Pahayag ng City Controller tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- Pahayag tungkol sa pagiging karapat-dapat ng panukalang-batas na mailagay sa balota
- Mga argumentong pabor o laban sa bawat panukalang-batas
- Ang legal na teksto para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota ay nasa bersiyong Ingles ng pamplet na ito.

Mga Argumento ng mga May-Panukala at ng mga Katunggali

Para sa bawat panukalang-batas, isang argumento na pabor sa panukalang-batas (argumento ng may-panukala) at isang argumento na laban sa panukalang-batas (argumento ng katunggali) ang nakalimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante nang walang bayad.

Ang mga tawag na “argumento ng may-panukala” at “argumento ng katunggali” ay nagpapakita lamang na ang mga argumento ay pinili ayon sa pamantayan sa ibaba (*San Francisco Municipal Elections Code, Section 545*) at nilimbag nang walang bayad.

Pagpili ng Mga Argumento ng May-Panukala at ng Katunggali

Pinipili ang mga argumento ng may-panukala at ang argumento ng katunggali batay sa sumusunod na mga prayoridad:

Argumento ng May-Panukala	Argumento ng Katunggali
1 Ang opisyal na may-panukala ng petisyon para sa inisyatiba; o ang Mayor, ang Lupon ng mga Superbisor, o apat o mahigit pang miyembro ng Lupon, kung ang panukalang-batas ay isinumite nito.	1 Kapag referendum, ang taong nagsumite ng petisyon para sa referendum sa Lupon ng mga Superbisor.
2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.	2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.
3 Ang Mayor (Punong-bayan).	3 Ang Mayor (Punong-bayan).
4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.	4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.

Sagot sa Argumento

Ang may-akda ng argumento ng may-panukala o ng argumento ng katunggali ay maaari ding gumawa at magsumite ng sagot sa argumento, o ng sagot, na ililimbag nang walang bayad. Nakalimbag ang mga sagot sa argumento sa ibaba ng kaugnay na argumento ng may-panukala at ng argumento ng katunggali.

May Bayad na mga Argumento

Bukod pa sa mga argumento ng may-panukala, argumento ng mga katunggali, at mga sagot, na inililimbag nang walang bayad, maaaring magsumite ng mga may bayad na mga argumento ang sinumang karapat-dapat na botante, grupo ng mga botante, o mga asosasyon.

Hindi kasama sa pamplet na ito ang mga may bayad na argumento na pabor o laban sa bawat panukalang-batas na nasa balota. Kung gusto ninyong makita ang mga may bayad na mga argumento na naisalin na sa Filipino, tingnan ang *voterguide.sfelections.org* o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.



Lahat ng mga argumento ay ganap na opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type o paglilimbag, spelling, o grammar. Hindi ito sinusuri para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon o ng anumang ibang ahensiya, opisyal o empleyado ng Lungsod.



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Area Median Income (AMI) (Panggitnang Kita ng Lugar): Nakabatay ang antas ng kita sa lahat ng kita na nakuha sa loob ng San Francisco. Kalahati ng mga kabahayan ang may mga kita na mas mataas sa antas na ito at kalahati ang may kita na mas mababa rito.

Citizen advisory committee o Tagapayong komite ng mga mamamayan (Proposisyon B): Ang pangkat ng mga itinatagang indibidwal na sa pangkalahatan ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa mga lupon, komisyon at departamentong Lungsod.

De-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon (Proposisyon C): Binibigyan ng pagturing na “de-kalidad” ang mga programang pang-edukasyon batay sa Quality Rating and Improvement System (Sistema para sa Pagtatasa at Pagpapahusay ng Kalidad) ng San Francisco. Nakabatay ang mga pagtatasa sa mga kuwalipikasyon ng guro at administrador, kapaligiran ng programa, interaksyon ng guro-bata at obserbasyon sa bata.

Gross receipts tax o buwis sa kabuuang kita (Mga Proposisyon C, D): Buwis na karaniwang ibinabatay sa kabuuang kita na nakukuha ng negosyo sa San Francisco.

Inisyatiba (Mga Proposisyon C, F-I): Ang panukala na inilalagay sa balota ng mga botante. Puwedeng maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante ukol sa isang petisyon.

Koryenteng mabuti sa kapaligiran/enerhiyang mabuti sa kapaligiran (Proposisyon A): Koryente mula sa mga kuwalipikadong mapagkukunan ng enerhiyang renewable (napananatili), ayon sa pagbibigay-depinisyon ng batas ng Estado, kasama na ang koryenteng walang nakalalasong gas tulad ng carbon dioxide. Isang halimbawa ang mga pasilidad ng Hetch Hetchy ng San Francisco na nasa Yosemite National Park.

Maagang pagboto: Pagboto nang personal sa City Hall bago ang Araw ng Eleksyon o pagme-mail ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) bago ang Araw ng Eleksyon.

May lasang produkto ng tabako (Proposisyon E): Produkto ng tabako na nilagyan ng lasa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng lasa o amoy. Kasama sa mga produkto ng tabako ang sigarilyo, elektronikong sigarilyo, tabako, maliliit na tabako, nginungayang tabako, tabakong para sa pipa, shisha at snuff. Kasama sa mga lasa o amoy ang prutas, tsokolate, vanilla, honey, kendi, cocoa, panghimagas, inuming may alkohol, menthol, mint, wintergreen, yerba at spice o pampalasa.

Mga antas ng kita: kabahayan na lubhang napakababa o napakababa ng kita (Proposisyon D): Kuwalipikado ang kabahayan bilang “lubhang napakababa hanggang napakababa ng kita” kung kumikita ito ng 50% ng Area Median Income (AMI). Para sa pamilyang binubuo ng iisang tao, ang 50% ng AMI ay \$40,350; para sa pamilyang binubuo ng dalawang tao, \$46,150; para sa pamilyang binubuo ng tatlong tao, \$51,900, at para sa pamilyang binubuo ng apat na tao, \$57,650.

Mga antas ng kita: kabahayan na panggitna ang kita (Proposisyon D): Kuwalipikado ang kabahayan bilang “kabahayang panggitna ang kita” kung kumikita ito ng 70% hanggang 150% ng Area Median Income (AMI). Para sa pamilyang binubuo ng iisang tao, ang 70% hanggang 150% ng AMI ay \$56,500 hanggang \$121,050; para sa pamilyang binubuo ng dalawang tao, \$64,550 hanggang \$138,400; para sa pamilyang binubuo ng tatlong tao, \$72,650 hanggang \$155,650, at para sa pamilyang binubuo ng apat na tao, \$80,700 hanggang \$172,950.

Mga antas ng kita: kabahayan ng senior o matatanda na lubhang napakababa ng kita (Proposisyon D): Kabahayan na may isa o higit pang miyembro ng pamilya na may edad na 62 o mas matanda pa, at kung saan kumikita ang kabahayan ng hanggang sa 40% ng Area Median Income (AMI). Para sa pamilyang binubuo ng iisang tao, ang 40% ng AMI ay \$32,300; para sa pamilyang binubuo ng dalawang tao, \$36,900; para sa pamilyang binubuo ng tatlong tao, \$41,500, at para sa pamilyang binubuo ng apat na tao, \$46,100.

Mga antas ng kita: kabahayang napakababa/mababa/panggitna ang kita (Proposisyon C): Kuwalipikado ang kabahayan bilang “panggitna ang kita” kung kumikita ito ng 200% ng Area Median Income (AMI). Para sa pamilyang binubuo ng iisang tao, ang 200% ng AMI ay \$161,400; para sa pamilyang binubuo ng dalawang tao, \$184,500; para sa pamilyang binubuo ng tatlong tao, \$207,500, at para sa pamilyang binubuo ng apat na tao, \$230,600. Kuwalipikado ang kabahayan bilang “napakababa ng kita hanggang mababa ang kita” kung kumikita ito ng 85% ng State Median Income (SMI). Para sa pamilyang binubuo ng isa hanggang dalawang tao, ang 85% ng SMI ay \$58,728; para sa pamilyang binubuo ng tatlong tao, \$63,240, at para sa pamilyang binubuo ng apat na tao, \$71,064.

Mga paaralan ng komunidad (Proposisyon G): Mga pampublikong paaralan na bumubuo ng pakikipagbalikatan sa komunidad upang maghatid ng serbisyo sa mga paaralan, kasama na ang mga programang after-school (pagkatapos ng klase) at/o programa para sa summer enrichment (pagpapayaman ng pag-aaral sa tag-araw); pangangalaga para sa kalusugang



pisikal at/o kalusugan ng isip; programa sa pagkain; pagtututor at paggabay; at programa para sa edukasyon ng magulang at pakikilahok.

Ordinansa (Mga Proposisyon C-H): Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) o ng mga botante.

Pahayag ng polisiya (Proposisyon I): Pahayag o ekspresyon ng kagustuhan ng mga botante.

Para-educator o katuwang sa pagtuturo

(Proposisyon G): Ang tao na may mga gawain kung saan posibleng kasama na ang pagtulong sa mga guro sa classroom o silid-aralan, pangangasiwa sa mga estudyante sa labas ng classroom at pagkakaloob ng administratibong suporta para sa pagtuturo.

Parcel tax o buwis sa parsela (Proposisyon G): Buwis na nakabatay sa hindi nagbabagong halaga para sa bawat unit ng real property (ari-arian tulad ng bahay at lupa), na nakatatanggap ng hiwalay na singil sa buwis.

Probisyonal na balota (Mga madalas itanong): Balotang isinumite sa lugar ng botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na nagsumite ng balotang iyon.

Proposisyon o panukala (Mga Proposisyon A-I): Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba.

Referendum o Direktang Pagboto (Proposisyon E): Ang proseso kung saan puwedeng aprubahan o tanggihan ng mga botante ang lehislasyong isinabatas ng Board of Supervisors.

Revenue bond o Utang para sa Proyektong

Kumikita (Proposisyon B): Bond o utang na ibinebenta ng Lungsod sa mga miyembro ng publiko bilang paraan ng pag-utang ng pera, na karaniwang ginagamit upang pondohan ang pagtatayo ng mga pampublikong imprastruktura.

Revenue (Mga Proposisyon A, C, D, G): Kita.

San Francisco Public Utilities Commission o Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo

sa Koryente, Gas at Tubig (Proposisyon A): Ahensiya ng lungsod na nagkakaloob ng tubig, maruming tubig at pangmuni-sipyong serbisyo ng koryente sa San Francisco.

State Median Income (Panggitnang Kita ng Estado):

Nakabatay ang antas ng kita sa lahat ng kita na nakuha sa loob ng Estado ng California. Kalahati ng mga kabahayan sa estado ang may kita na mas mataas sa antas na ito at kalahati ang may kita na mas mababa rito.

Susog sa Tsarter (Mga Proposisyon A, B): Ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter ng mayorya ng mga ibinigay na boto.

Tsarter (Mga Proposisyon A, B): Ang Konstitusyon ng Lungsod.



3

Panrehiyong Panukala 3

PLANO SA PAGPAPAHUPA NG TRAPIKO SA BAY AREA. Dapat bang pahintulutan ng mga botante ang isang planong bawasan ang trapiko ng auto at trak, bawasan ang siksikan sa BART, ayusin ang daloy sa mga pagsisiksikan sa freeway, at pabutihin ang serbisyo ng bus, ferry, BART at commuter rail alinsunod sa nakasaad sa plano sa librito ng botante na ito, sa pamamagitan ng \$1 na dagdag sa toll simula 2019, \$1 na dagdag sa 2022, at \$1 na dagdag sa 2025, sa lahat ng tulay ng toll sa Bay Area maliban sa Golden Gate Bridge, na may independiyenteng pagbabantay sa lahat ng pondo?

OO ←
HINDI ←

Di-makatarungang Pagtatasa

Tataasan ng Panrehiyong Panukala 3 (Regional Measure 3 o RM3) ang mga toll sa lahat ng tulay na may toll sa Bay Area maliban sa Golden Gate Bridge. Ang mga toll ay tataasan nang \$1 sa 2019, karagdagang \$1 sa 2022, at karagdagang \$1 sa 2025, para sa kabuuang pagtaas na \$3. Pagkalipas ng 2025, maaaring taasan ang mga toll dahil sa implasyon.

Ayon sa batas, kakailanganing gamitin ng Awtoridad sa Toll sa Bay Area (Awtoridad) ang hindi hihigit sa 16% ng mga pondo mula sa mga pagtaas ng toll na ito upang mabayaran ang hanggang \$60 milyon sa mga itinalagang taunang programa ng pagpapatakbo ng transportasyon. Kakailanganing gamitin ng Awtoridad ang mga natitirang magagamit na pondo, na tinatantiya ng Awtoridad na magkakaroon ng kabuuang \$4.45 bilyon, para sa mga itinalagang pangunahing proyekto sa transportasyon sa buong Bay Area. Kasama sa mga pinakamalaking proyekto ang:

- pagbili ng mga bagong BART car (Mabilis na Tren ng Bay Area);
- pagpapahaba sa BART mula sa nakaplanong Istasyon sa Berryessa/North San Jose hanggang sa San Jose at Santa Clara;
- pagpapalawak sa U.S. 101 hanggang sa Marin-Sonoma Narrows upang bigyang-daan ang mga bagong landas ng sasakyang pang-carpool;
- pagpapabuti sa State Route 37, na nagsisilbi sa mga county ng Solano, Marin, Napa, at Sonoma;
- pagpapalawak sa serbisyo ng ferry at pagpapadalas nito;
- pagpapabuti sa mga panulukan ng lansangan ng Interstate 680/State Route 4 at Interstate 80/680/State Route 12; at

- pagpapahaba sa Caltrain hanggang sa downtown San Francisco.

Papayagan ang Awtoridad na magkaloob ng mga diskuwento sa mga sasakyang maraming pasahero o mga sasakyang nagbabayad ng mga toll nang hindi gumagamit ng pera. Aatasan ang Awtoridad na magkaloob ng diskuwento para sa ilang partikular na nagbabayahe na tumatawid sa dalawang tulay.

Ang RM3 ay ilalagay sa balota sa lahat ng siyam na county ng Bay Area, kasama na ang Lunsod at County ng San Francisco at ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Mateo, Santa Clara, Solano, at Sonoma. Upang maipasa, kinakailangan ng RM3 ng pag-apruba ng mayoriya ng botong ipinatala sa panukala sa lahat ng pinagsama-samang siyam na county.

Susubaybayan ng isang independiyenteng komite ng nagbabantay kung paano ginagastos ang mga pondo mula sa pagtataas ng toll. Aatasan ang komiteng ito at ang Awtoridad na magsumite ng mga taunang ulat sa Lehislatura ng Estado tungkol sa paggamit ng mga pondo.

Ang botong "oo" ay isang pagboto upang taasan ang toll sa lahat ng tulay na may toll sa Bay Area maliban sa Golden Gate Bridge nang \$1 sa 2019, karagdagang \$1 sa 2022, at karagdagang \$1 sa 2025.

Ang botong "hindi" ay isang pagboto na hindi aprubahan ang iminumungkahing pagtaas ng toll.

James R. Williams

Abugadong Tagapayo ng County, County ng Santa Clara

Ni: Danielle L. Goldstein

Kinatawang Abugadong Tagapayo ng County ng Santa Clara

Kailangan ng panrehiyon na panukalang-batas na ito ng botong 50%+1 ng botong oo mula sa lahat ng isinukitang boto sa siyam na county sa Bay Area para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.



Kung Paano Napunta sa Balota ang “3”

Noong Enero 24, 2018, ipinasa ng Bay Area Toll Authority (Awtoridad sa Toll sa Bay Area) ang resolusyon na ilagay ang Panrehiyong Panukala 3 sa balota sa siyam na county sa Bay Area; isinama ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco ang panukalang-batas na ito sa eleksyon ng Lungsod ngayong Hunyo.

Kailangan ng panrehiyon na panukalang-batas na ito ng botong 50%+1 ng botong oo mula sa lahat ng isinu-miteng boto sa siyam na county sa Bay Area para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Regional Measure (Panrehiyong Panukala) 3

Bumoto ng 00 sa Panrehiyong Panukala 3 para mapagaan ang trapiko at mapahusay ang pampublikong transportasyon sa San Francisco. Pahahabain ng Panrehiyong Panukala 3 ang BART hanggang San Jose at Silicon Valley at palalawakin ang mga tren ng BART upang makapagpatakbo ng mas maraming tren at nang mabawasan ang siksikan.

Babawasan din ng Panrehiyong Panukala 3 ang trapikong dulot ng mga trak at gagawing mas mabuti ang kalidad ng hangin sa San Francisco, at bukod rito, magdaragdag ito ng bagong mga tren at bus ng Muni sa San Francisco, at nang mas dumami pa ang serbisyo, mabawasan ang siksikan, at mapahusay ang pagiging maaasahan ng Muni.

Dumaranas ng hirap ang ating rehiyon dahil sa pinakamalalang krisis sa trapiko sa kasaysayan nito, at kapag lumaki pa ang Bay Area sa pagkakaroon ng 2,000,000 karagdagang residente sa susunod na dalawang dekada, lalo pang lalala ang kasikipan sa lungsod. Lubhang napakarami nang nagmamaneho sa Bay Area ang gumugul ng maraming oras sa pagbibiyahe linggo-linggo – na pumipigil sa kanila sa paglalagi sa kanilang mga pamilya at tahanan.

Kailangan natin ng komprehensibo at pangmatagalang solusyon upang mabawasan ang trapiko, mabawasan ang oras ng pagbibiyahe, at madala ang ating sistema ng pampublikong transportasyon tungo sa ika-21 siglo. Kailangan natin ang Panrehiyong Panukala 3.

Bumoto ng 00 sa Panrehiyong Panukala 3 upang pahabain pa ang Caltrain hanggang sa Transbay Transit Center sa sentro ng San Francisco, doblehin ang dalas ng serbisyo ng ferry, bumili ng mas maraming ferry, at magtayo ng mga bagong terminal ng ferry sa kabuuan ng Bay Area, kasama na ang Mission Bay.

Kahit sa mga hindi gumagamit ng transportasyon, aalisin ng mga pagpapahusay ng Panrehiyong Panukala 3 ang mga kotse mula sa

kalsada at gagawing mas madali ang pagbibiyahe para sa lahat.

Bumoto ng 00 para sa Panrehiyong Panukala 3:

- Paghusayin ang transbay na serbisyo ng bus at pagkakaroon ng carpool upang mapaghusay ang oras ng pagbibiyahe sa kabuuan ng mga tulay
- Itaas ang kalidad ng sistema ng Clipper transit card (kard para sa pagbibiyahe) upang masuportahan ang pagbabayad ng pamasahang para sa pampublikong transportasyon na para sa lahat, maayos at maaasahan
- Magplano at magdisenyo ng ikalawang transbay na daanan ng riles upang makapagbigay ng dagdag na kapasidad para sa BART at iba pang pang-tren na serbisyo
- Paghusayin ang madaraan ng mga bisikleta/naglalakad tungo sa mga estasyon ng tren at terminal ng ferry

Itinatakda ng Panrehiyong Panukala 3 ang matitibay na pananggalang para sa mga nagbabayad ng buwis, kasama na ang independiyenteng pag-o-audit, pamamahala ng mamamayan, at isang Transportation Inspector General (Inspektor-Heneral para sa Transportasyon) upang panagutin ang mga halal na lider sa kanilang paggasta.

Samahan ang mga nagbibiyahe, inhinyero na pantrapiko at lider ng komunidad – bumoto ng 00 para sa Panrehiyong Panukala 3.

www.yesonrm3.com

Senador ng Estado Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Gabriel Metcalf, Presidente at CEO, SPUR

San Francisco Firefighters (Mga Bumero ng San Francisco), Lokal 798

Kristina Pappas, Presidente, San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante para sa Konserbasyon ng San Francisco)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Panrehiyong Panukala 3

HANGAD NG PANREHIYONG PANUKALA NA ITO NA MAGTAYO NG GOBYERNONG “ROTTEN BOROUGH (NASA PUWESTO BAGAMAT KAUNTI LAMANG ANG BUMOTO) NG MGA HINDI INIHALAL NA TAO UPANG MAGTAKDA NG TOLL O BAYAD SA PAGDAAN SA MGA TULAY NA NASA BAY AREA

Ang mga taong ito na itatalaga nang dahil sa politika ay mga taong naiimpluwensiyahan ng pagla-lobby o pamumulitika sa Sacramento, at hindi mga taong inihalal ng lokal na mga botante.

Tiyak na hindi nila kayo katatawanin.

Malaking kahangalan ang pagboto upang aprubahan ang kakaibang bagong lupon na ito.

Hind ito magiging mabuti para sa kapaligiran.

Bumoto ng “HINDI!” para sa hindi napag-isipang Panrehiyong Panukala 3, na makapipinsala lamang sa San Francisco Bay at sa mga residente nito.

Magsabi ng “HINDI!” sa mga lobbyist ng Sacramento.

Dr. Terence Faulkner, J.D.

*Dating Miyembro ng Regional Citizens Forum Board (Lupon ng Rehiyonal na Porum ng mga Mamamayan) ng Association of Bay Area Governments (Asosasyon ng mga Gobyerno sa Bay Area)**

Denis J. Norrington,

May-ari / Tanging Propetaryo

*Arrow Stamp and Coin Company**

*Howard Epstein**

*Stephanie Jeong**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.



Argumento ng Katunggali Laban sa Panrehiyong Panukala 3

ANG MGA REHIYONAL NA AHENSIYA NG CALIFORNIA–TULAD NG BAY AREA TOLL AUTHORITY (AWTORIDAD SA TOLL SA BAY AREA)– AY PINIPILI NANG DAHIL SA POLITIKA AT HINDI INIIHAHALAL NG MGA MAMAMAYAN NG BAY AREA:

Tulad ng maraming iba pang rehiyonal na lupon, **HINDI IHAHALAL** ang mga miyembro ng Bay Area Toll Authority ng mga mamamayan ng Bay Region. Politikal silang itatalaga. Hindi nila kakatawanin ang mga residente ng ating mga County sa Bay Area.

Ang mga politikal na tao lamang na nakakiling sa Sacramento ang kakatawanin ng mga miyembro ng Bay Area Toll Authority.

Itatakda nila ang mga toll na sisingilin sa mga tulay ng Bay Area, pero **HINDI SILA IHAHALAL** ng ating mga botante sa Bay Region.

Kailangang **BUMOTO LABAN** sa wala sa katwirang panukalang-batas na ito at isulat itong muli upang mapahintulutan ang pampublikong eleksyon para sa Bay Area Toll Authority.

Kailangang magkaroon ng karapatan ang mga mamamayan ng Bay Region na ihalal ang Bay Area Toll Authority.

Dr. Terence Faulkner, J.D.

*Dating Miyembro ng Regional Citizens Forum Board (Lupon ng Rehiyonal na Porum ng mga Mamamayan) ng Association of Bay Area Governments (Asosasyon ng mga Gobyerno sa Bay Area)**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Panrehiyong Panukala 3

Kapag nakuha ng mga katunggali ng Panrehiyong Panukala 3 ang kanilang gusto, **wala** na tayong magagawa upang mapaghandaan ang karagdagang 2,000,000 residente na lilipat sa Bay Area sa susunod na 20 taon.

Lumaki na nang 80% ang trapiko sa Bay Area magmula noong 2010, at nasira na nito ang mga rekord ng kasikipan sa loob ng apat na magkakasunod na taon. Hindi na natin kaya pang maghintay at manood na lamang habang humahaba ang pagbibiyahe, lalong sumisikip ang pampublikong transportasyon, at ang trapiko sa Bay Area na ang maging pinakamasama sa bansa.

HINDI malulutas ng problemang ito ang kanyang sarili. Gagawa ang Panrehiyong Panukala 3 ng mahahalagang pagpapahusay sa transportasyon BAGO pa lalong lumala ang trapiko.

Tinututulan lamang ng mga katunggali ng Panrehiyong Panukala 3 ang mahahalagang pagpapahusay na ito sa ating mga kalsada at sistema ng pampublikong transportasyon dahil gusto nilang makipaglaban sa iisang ahensiya ng gobyerno – at handa silang lumala pa ang trapiko at pagbibiyahe para magawa ito.

Bumoto ng 00 sa Panrehiyong Panukala 3 para sa komprehensibo at pangmatagalang plano upang mabawasan ang trapiko, mapaghusay ang pagbibiyahe, at mapalawak ang pampublikong transportasyon sa San Francisco.

Bumoto ng 00 sa Panrehiyong Panukala 3 upang:

- Pahabain ang BART hanggang San Jose at Silicon Valley, bumili ng bagong mga tren ng BART at tumulong sa paglawak sa kapasidad ng BART nang 45%

- Bawasan ang paninikip sa kalsada nang dahil sa trapikong dulot ng mga trak at magdagdag ng bagong mga carpool lanes (daraanan ng mga kotseng may sakay na 3 o higit pa)
- Ipag-utos ang matitibay na pananggalang ng mga nagbabayad ng buwis upang matiyak na makokompleto ang mga proyektong pantransportasyon sa takdang panahon at nang nasa badyet

Aalisin ng mga pagpapahusay ng Panrehiyong Panukala 3 ang mga kotse mula sa kalsada at gagawing mas magagamit ang pampublikong transportasyon – kung kaya't magiging mas mabilis ang mga oras ng pagbibiyahe.

Ito na ang pagkakataon natin upang mabawasan ang trapiko bago nito dalhin ang San Francisco tungo sa sitwasyon na hindi na ito maka-usad. Bumoto ng 00 para sa Panrehiyong Panukala 3!

www.YesonRM3.com

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

San Francisco Mayor Mark Farrell

Jim Lazarus, Nakatataas na Bise-Presidente, SF Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal)

Michael Theriault, Sekretarya-Tesorero, San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)

Rachel Hyden, Executive Director (Ehekutibong Direktor), San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay ng Pampublikong Transportasyon sa San Francisco)



A

Mga Revenue Bond (Utang para sa Proyektong Kumikita) para sa Pamublikong Utilidad

Dapat bang bigyan ng Lungsod ng awtorisasyon ang Public Utilities Commission o PUC (Komisyon para sa mga Pamublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig) na maglabas ng revenue bonds (utang para sa proyektong kumikita) upang maipatayo o mapaghusay ang mga pasilidad para sa enerhiya na mabuti sa kapaligiran, kung may pag-apruba ng two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), at pagbawalan ang PUC sa pagpipinansiya sa konstruksiyon ng power plants (plantang pinagmumulan ng koryente) na kumukuha ng koryente mula sa fossil fuels (nakabaong enerhiya) o lakas nukleyar?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano ito Ngayon: Nagmamay-ari ang lungsod ng ilang pamublikong serbisyo, kasama na ang mga sistema sa koryente, tubig at imburnal, na pinatatakbo ng Public Utilities Commission (PUC) ng San Francisco. Ginagamit ng PUC ang perang ibinabayad ng mga kostumer para sa serbisyo ng koryente, tubig at imburnal upang mapatakbo ang mga sistemang ito, at upang mabayaran ang mga bond (pangako ng pagbabayad ng utang) na inilabas ng Lungsod para maitayo at mapaghusay ang mga pasilidad para sa imburnal at tubig.

Kapag naglalabas ang Lungsod ng revenue bond upang bayaran ang mga PUC na pasilidad, binabayaran ng Lungsod ang utang nang may interes gamit ang pondo ng mga kostumer na kinolekta ng PUC.

Noong 2002, ipinasa ng mga botante ang Proposisyon E upang bigyan ng awtorisasyon ang PUC na maglabas ng mga revenue bond, at nang maitayo o mapaghusay ang mga pasilidad para sa tubig at imburnal, nang may pag-apruba ng two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) ng Board of Supervisors. Kailangang aprubahan ng mga botante ang mga revenue bond para sa pagtatayo o pagpapaghusay ng mga pasilidad para sa koryente.

Ang Mungkahi: Aamyendahan ng Proposisyon A ang Tsarter upang bigyan ng awtorisasyon ang PUC na maglabas ng mga revenue bond para maitayo o mapaghusay ang mga pasilidad para sa enerhiyang mabuti sa kapaligiran, nang may pag-apruba ng two-thirds ng Board of Supervisors.

Itatakda ng Proposisyon A sa PUC na gamitin ang pondo mula sa revenue bond upang mapondohan ang mga bagong pasilidad sa koryente na naghahatid ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran, nagpapaghusay sa pagiging maaasahan at sa kaligtasan, at lalo pang naipagpapatuloy sa pagdaan ng panahon. Ipagbabawal din

ng panukalang-batas na ito sa PUC ang pagpopondo ng konstruksiyon ng mga power plant na lumilikha ng koryente mula sa fossil fuels o lakas nukleyar.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong bigyan ng awtorisasyon ang PUC na maglabas ng mga revenue bond upang maitayo o mapaghusay ang mga pasilidad para sa enerhiya na mabuti sa kapaligiran, nang may pag-apruba ng two-thirds ng Board of Supervisors, at pagbawalan ang PUC sa pagpipinansiya sa konstruksiyon ng mga power plant na lumilikha ng koryente mula sa fossil fuels o lakas nukleyar.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “A”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa tsarter, hindi ito magkakaroon ng direktang epekto sa gastos ng gobyerno.

Nagkakaloob ang pag-amyenda na ito ng awtorisasyon sa Public Utilities Commission (PUC) na maglabas ng mga revenue bond para sa mga pasilidad para sa koryente kapag naaprubahan ng ordinansa. Kailangang maipasa ang ordinansang nagbibigay ng awtorisasyon para sa gayong mga bond ng two-thirds na boto ng Board of Supervisors. Kasalukuyan nang may gayong awtoridad ang PUC para sa tubig at mga pasilidad para sa tubig na mabuti sa kapaligiran. Pagkakalooban ng iminumungkahing amendment (susog) ang PUC ng kakayahang mapaghusay ang

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



mga pasilidad na pinipondohan ng bond sa kabuuan ng mas malawak na hanay ng mga pasilidad para sa solar power (enerhiyang mula sa araw), pasilidad para sa pag-iimbak ng koryente, at iba pang imprastruktura para sa mas mahusay na pamamahagi ng koryente.

Ipatutupad ang lahat ng nariyan nang itinatak dang pangangailangan at kontrol sa mga PUC bond sa ilalim ng iminumungkahing susog. Kasama sa mga itinatak dang ito ang pagkuha ng PUC ng independiyenteng sertipikasyon sa pag-iinhinyero, ang pagtugon ng mga proyektong pinopondohan ng bond sa kinakailangang gastos, iskedyul at pagsakop sa utang, at ang pagtitiyak ng Planning Department (Departamento sa Pagpapalano) ng pagsunod sa Environmental Quality Act (Batas ukol sa Kalidad ng Kapaligiran) ng California. Kinakailangang aprubahan ang mga bond ng lahat ng ito: ang Komisyon ng PUC, ang Mayor, at ang Board of Supervisors. Ang mga bond na inilabas sa ilalim ng awtoridad na ito ay nasasaklaw ng kasalukuyan nang isinasagawang pagrerepaso at pamamahala ng Revenue Bond Oversight Committee (Komite para sa Pamamahala ng mga Napagkakakitaang Bond) ng PUC.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “A”

Noong Pebrero 13, 2018, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 laban sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Breed, Cohen, Fewer, Kim, Peskin, Ronen, Safai, Sheehy, Stefani, Tang, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A upang magkaloob ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran, ligtas at abot-kaya ang halaga para sa mga taga-San Francisco.

Binibigyan ng enerhiya ng San Francisco Public Utilities Commission (Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig, SFPUC) ang mga paaralan, ospital, fire station at aklatan ng hydroelectric power (pagkuha ng koryente mula sa tubig) na mabuti sa kapaligiran, galing sa araw, at walang nakalalasong gas mula sa sistema ng Hetch Hetchy. Binabawasan ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran na ito ang taunang inilalabas na carbon ng San Francisco nang 387 milyon pounds at nakatitipid ang mga nagbabayad ng buwis nang \$40 milyon kada taon.

Pahihintulutan ng pagboto ng OO sa Proposisyon A ang SFPUC na maglabas ng mga revenue bond (utang para sa proyektong kumikita) upang maitayo at mapaghusay ang mga pasilidad para sa enerhiyang mabuti sa kapaligiran, kung may pag-apruba ng two-thirds (dalawa mula sa tatlong bahagi) ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor). Makatutulong ang Prop A sa lungsod na mapaghusay ang tumatanda nang imprastruktura at magdagdag ng mga pasilidad na ligtas, mabuti sa kapaligiran, at ligtas mula sa lindol, at nang makapagpatuloy ang San Francisco sa paghahatid ng enerhiya na mabuti sa kapaligiran at maaasahan matapos ang isang lindol o iba pang sakuna.

Titiyakin ng Prop A na makapaghahatid ang San Francisco ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran sa libo-libong bagong unit ng pabahay na pinaplanong ipatayo ng lungsod sa loob ng susunod na dekada. Paliliitin ng maaasahang mapagkukunan ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran ang ating pag-asa sa fossil fuels (nakabaong enerhiya) na dumaragdag sa pag-init ng mundo o global warming at nagtitiyak na hindi tayo kailanman mapupuwersang magbukas muli ng power plants (plantang pinagmumulan ng koryente) na kumukuha ng enerhiya mula sa langis at gas.

Binibigyan ng panukalang batas na ito ang SFPUC ng katulad na kakayahan na nagamit na nito upang mapinansiyahan ang muling konstruksiyon ng tumatanda nang sistema ng tubig at mga imburnal ng lungsod, para mapinansiyahan naman ang mga pasilidad ng koryenteng mabuti sa kalikasan. Napananatili ng SFPUC ang napakahusay na credit rating (marka nito sa pagbabayad ng utang) habang ligtas na naghahatid ng malinis na tubig sa 2.6 milyong tao.

Itatakda ng lahat ng proyekto ang pagkakaroon ng independiyenteng sertipikasyon sa pag-iinhinyero at pag-apruba ng Public Utilities Commission, ng Mayor at ng supermajority (botong mahigit sa kalahati) ng Board of Supervisors.

Dinadala nina Donald Trump, at ng mga tumatangging mayroong pagbabago sa klima, nang paurong ang Amerika sa pakikipagtunggali laban sa unti-unting pag-init ng mundo. Posibleng humakbang nang pasulong ng San Francisco. Isang hakbang na ang Proposisyon A.

Samahan kami at ang Sierra Club at bumoto ng OO sa Proposisyon A.

Mayor Mark Farrell
Superbisor Sandra Fewer
Superbisor Catherine Stefani
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Katy Tang
Superbisor London Breed
Superbisor Jane Kim
Superbisor Norman Yee
Superbisor Jeff Sheehy
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Malia Cohen
Superbisor Ahsha Safai

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Aakalain mong masasakop na ng pagtaas ng singil kamakailan ang mga pangangailangan ng San Francisco Public Utilities Commission (PUC) sa loob ng ilang panahon – pero **hindi naman nito natataya nang sapat ang pagiging gahaman ng gobyerno.**

Bago kayo magkibit-balikat at magsabi nang “Ano naman, mahalaga ang tubig, siguradong alam nila ang kanilang ginagawa,” kailangang isaalang-alang ng mga botante ang ilan sa mga gawaing iyon:

- Noong 2014, binayaran ng ahensiya ang mga bondholder (may hawak na bond) ng porsiyento ng interes na 4.5%, **pero kasabay nito, nagawa ring kumita nang mas mababa pa kaysa sa 1% interes sa \$1.7 bilyon na pera ng mga ratepayer (nagbabayad ng singil)**, mula sa mga nailabas nang bond pero hindi pa nagagasta. Mabuti ito para sa mga bondholder – pero hindi gaanong mabuti para sa mga ratepayer.
- Noong 2002, **tinaya ng PUC na gagasta nang \$3.6 bilyon ang kanilang mga programang nauukol sa Capital Improvement and Water Services Improvement.** Una, nagdulot ang mga hindi inaasahang pagsobra ng gastos ng pagtaas ng tinatayang halaga na naging \$4.6 bilyon. Pagkatapos nito, nagdulot ang \$3 bilyon para sa “hindi inaasahang” pagpapahusay ng suplay ng tubig at ang \$7 bilyon para sa malaking pagbabago sa mga imburnal, ng **aktuwal na gastusin na mas malapit sa \$15 bilyon:**

<https://archives.sfoxaminer.com/sanfrancisco/are-surplus-funds-used-or-misused/Content?oid=2684204>

“Itay, puwede ko bang gamitin ang credit card ninyo para bumili ng kotse? May tinitingnan ako na mga \$10,000.”

“Okay, sig.”...

“Hoy, ano itong singil na ito na halos \$40,000!?!?”

“Naku, medyo napamahal nang kaunti kaysa sa akala ko ang kotse – pero pinalitan ko naman ang muffler at pinaayos ang makina!”

- Karaniwan nang nagbabayad** ang SFPUC ng mga **tagalabas na konsultant** upang magsagawa ng “rates education outreach (pag-abot sa nakararami para sa edukasyon ukol sa mga singil)” **at nang “matulungan ang mga nagbabayad ng singil na maintindihan... ang pangangailangan para sa pagtaas ng singil”:**

http://www.katzandassociates.com/case_studies/hetch-hetchy-peninsula-region-partnership-event/

Siguro, kung hindi sila naglulustay ng ganoon karaming pera sa pagpopropaganda sa atin, hindi na sila *mangangailangan* ng ganoon karaming pagtaas ng singil?

Huwag maging tulad ng walang saysay na Bond Revenue Oversight Committee (Komite para sa Pamamahala ng Kita mula sa mga Bond) at basta na lamang payagan ang anumang kahilingan ng mga itinalagang political insider (may mga kapangyarihan at koneksiyon sa politika) sa PUC! **Bumoto ng HINDI sa A.**

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.LPSF.org



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Bahagi ang Prop A ng pag-agaw ng kapangyarihan ng mga politiko upang mapaalis ang PG&E mula sa Lungsod, at nang mapuwersa ang lahat ng residente na kunin ang kanilang enerhiya sa pamamagitan ng munisipal na planong “CleanPowerSF”. Hindi kami mga tagahanga ng PG&E na isang monopolyong may basbas ng gobyerno, pero kung tatanggalin ng mga burukrata ang PG&E, mas mahusay bang mapaglilingkuran ng monopolyong *pag-aari* ng gobyerno ang mga residente?

Ang PUC ang dapat na nagtitiyak ng kaligtasan ng publiko at nangangalaga sa kalikasan. **Bakit nito inuubos ang aquifer (bato sa ilalim ng lupa na nagtataglay o nagpapadaloy ng tubig) sa pamamagitan ng pagpapahintulot na mahalo ang lokal na posibleng kontaminadong groundwater (nakokolektang tubig sa ilalim ng lupa) sa ating iniinom na tubig?**

Ito rin dapat ang may pinansiyal na pag-iingat sa pera ng mga nagbabayad ng singil. **Bakit inaasahang magiging higit pa sa doble ang magiging pagtaas ng singil sa tubig sa San Francisco sa susunod na dekada?**

<https://archives.sfexaminer.com/sanfrancisco/san-francisco-water-rates-projected-to-double-to-pay-off-debt/Content?oid=2628079>

Mas mahusay ang pagkakaroon ng maraming kompanyang naglalaban para sa mga kostumer. Gayon pa man, “pinupuwersa” ng mga opisyal ng lungsod ang mga residente sa pamamagitan ng awtomatikong paglilipat sa kanila sa CleanPowerSF na pinatatakbo ng munisipyo, nang paunti-unti, mula sa isang komunidad tungo sa susunod na komunidad. **Kung mali para sa mga kompanyang nasa boluntaryong sektor na “puwersahin” ang mga kostumer, bakit OKAY LANG para sa ahensiya ng gobyerno na gawin ito?**

Ang Prop A ay tungkol sa pagkakaroon ng mas maraming utang. Pahihintulutan nito ang super-majority (botong mahigit sa kalahati) ng Board of Supervisors na maglabas ng mga bond upang magtayo ng mga pasilidad para sa koryente *nang walang pag-apruba ng mga botante*. **Kailan ba huling bumoto ang Board laban sa mas mataas na buwis o mas maraming utang?**

Mayroon nang awtoridad ang PUC na maglabas ng mga bond para sa tubig at mga imburnal. Bakit hahayaan ding aprubahan ng mga politiko ang mas maraming utang upang gumasta para sa imprastruktura? Iyon lamang mga botante ang dapat nagpapasya kung magkakaroon ng bagong utang o hindi.

Bumoto ng HINDI sa Prop A.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.lpsf.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Sa muling paglalahad ng pahayag ni Patrick Moynihan, may karapatan ang Libertarian Party sa opinyon nito, pero wala itong karapatan sa kanilang sariling mga katunayan o facts.

- Hindi maaapektuhan ng Prop A ang inyong iniinom na tubig. Walang kinalaman ang panukalang-batas sa tubig.
- Hindi maaapektuhan ng Prop A ang singil sa inyong tubig. Walang kinalaman ang panukalang-batas sa singil sa tubig.
- Hindi maaapektuhan ng Prop A ang nariyan na ninyong serbisyo para sa koryente, tubig at gas. Walang kinalaman ang panukalang-batas sa PG&E.

Pahihintulutan ng Prop A ang Public Utilities Commission ng Lungsod ng San Francisco na paghusayin at paglawakin ang kagamitang ginagamit nito upang maghatid ng koryenteng mababa ang singil, malinis, solar (mula sa araw), at hydroelectric (mula sa tubig), tungo sa mga paaralan, ospital at iba pang ahensiya ng lungsod na gumagamit ng ganoon ding patakarang pampinansiya upang matagumpay na makumpuni ang mga imburnal ng lungsod.

Bumoto ng OO sa Pprop A upang tulungan ang San Francisco na makakuha ng mas maraming koryente na mababa ang halaga at 100 porsiyenteng mabuti sa kalikasan para sa mga ahensiya ng lungsod at iba pang gustong bayaran ito – nang walang bagong buwis.

Mayor Mark Farrell

Presidente ng Board of Supervisors London Breed

Superbisor Jane Kim

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Dating Superbisor Angela Alioto



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kaalaman sa wikang Ingles.

Kabilang sa mga serbisyo sa wikang Filipino ang:

- Impormasyon para sa botante sa wikang Filipino na nasa sfelections.org.
- Nakasalin sa wikang Filipino na mga materyales para sa eleksyon: mga balota, mga form para sa pagpaparehistro ng botante, mga paunawa sa botante, mga aplikasyon at instruksiyon para sa vote-by-mail na balota, at mga Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante.

- Mga karatulang nagbibigay ng instruksiyon sa lahat ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong ng bilingual na manggagawa sa botohan sa mga itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong sa telepono sa wikang Filipino; para sa tulong, tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (ESL) (Ingles bilang Pangalawang Wika) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street..... (415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue..... (415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1954

Mission Campus

1125 Valencia Street ... (415) 920-6000 o (415) 920-6012

Ocean Campus

50 Phelan Avenue (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue (415) 550-4344



B

Pagbabawal sa mga Naitalagang Komisyoner sa Pagtakbo para sa Puwesto

Dapat bang itakda ng Lungsod sa naitalagang mga miyembro ng lupon o komisyonang itinatag sa pamamagitan ng Tsarter, na isuko ang kanilang itinalagang puwesto kapag nag-file sila ng pagtakbo para sa inihahalal na puwesto sa estado o lokal na gobyerno?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano ito Ngayon: Ang Tsarter ng Lungsod ang nagtatatag ng ilan sa board o lupon at komisyon. Itinatalaga ang karamihan sa miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), ng Mayor o ng iba pa.

Pinahihintulutan ng batas ang mga itinalagang miyembro ng lupon at komisyon na tumakbo para sa inihahalal na puwestong lokal o pang-estado habang naglilingkod.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ay Charter Amendment (Susog sa Tsarter) na magtatakda sa naitalagang mga miyembro ng lupon o komisyon na itinayo sa pamamagitan ng Tsarter, na isuko ang kanilang itinalagang puwesto kapag nag-file sila ng pagtakbo para sa inihahalal na puwesto sa estado o lokal na gobyerno.

Hindi ipatutupad ang Proposisyon B sa mga inihahalal na opisyal, miyembro ng mga komite ng mamamayan para sa pagpapayo, at itinalagang mga miyembro ng lupon at komisyon na nilikha sa pamamagitan ng ordinansa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong itakda sa naitalagang mga miyembro ng lupon o komisyon na itinayo sa pamamagitan ng Tsarter na isuko ang kanilang itinalagang puwesto kapag nag-file sila ng pagtakbo para sa inihahalal na puwesto sa estado o lokal na gobyerno.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “B”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa tsarter, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “B”

Noong Enero 30, 2018, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 laban sa 4 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Kim, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Yee.

Hindi: Breed, Cohen, Sheehy, Tang.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Bumoto ng 00 sa Proposisyon B kung gusto ninyong matapos ang politikang pay-to-play (magbayad-para-makapaglaro) sa San Francisco at tanggalin ang potensiyal para sa korupsiyon at impluwensiya ng mga may espesyal na interes mula sa itinalagang mga Lupon at Komisyon ng Lungsod.

Lumilikha ang Tsarter ng San Francisco ng ilang kilalang Komisyon at Lupon - kasama na ang Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano), Board of Appeals (Lupon para sa mga Apela), Airport Commission (Komisyon para sa mga Paliparan), Port Commission (Komisyon ng mga Daungan) at Retirement Board (Lupon para sa Pagreretiro) - na regular na gumagawa ng mga desisyon kung saan nakasalalay ang milyon-milyong dolyar at indibidwal na kabuhayan. Nasa kaibuturan ng bawat desisyon ang tungkuling kilalanin at isulong ang interes ng lahat ng residente ng San Francisco, anuman ang personal o politikal na pakinabang.

Wala dapat sa posisyon ng itinalagang mga Komisyoner at Miyembro ng Lupon sa mga kilalang organisasyong ito na dungisan ang kanilang tungkulin sa publiko sa pamamagitan ng pangangalap ng pera o pagsubok na makakuha ng pag-eendorso mula sa mga indibidwal at entidad na humaharap sa kanila para sa mga malalaking karapatan o entitlement, kontrata o iba pang administratibong pag-apruba o aksiyon para sa pagpapatupad.

May ilang Komisyoner at Miyembro ng Lupon na pinanagot ang kanilang mga sarili sa ganitong mataas na pamantayan at binitawan ang kanilang posisyong may impluwensiya upang makatakbo para sa puwesto. May ilang hindi ginawa ito. Matagal nang dapat nagawang batas ang hindi sinasambit na tuntuning ito.

Samahan kami sa pagboto ng 00 sa Proposisyon B. Bumoto ng 00 para sa mga Komisyoner na Walang Tunggalan ng Interes!

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Jane Kim

Superbisor Norman Yee

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Friends of Ethics (Mga Kaibigan ng mga Tuntunin ng Moralidad)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

HINDI NAKAPASA ANG PROPOSISYON “B” SA “EKSAMEN NG PAG-AMOY” — MABAHONG-MABAHO ITO!!!:

Kapag may pangkat ng mga nasa puwestong Superbisor sa San Francisco na nagsisikap magpasa ng batas upang subukang pigilan ang mga Komisyoner ng Lungsod ng San Francisco mula sa pagtakbo para sa puwesto, hindi ito para sa interes ng tinatawag na “mabuting gobyerno”—at hindi rin ito para sa interes ng “demokrasya”. Ang mga interes ng iba’t ibang Superbisor ng San Francisco ang siyang mahalaga. Ayaw nilang tumakbo laban sa kanila ang *malinaw na kuwalipikadong* mga Komisyoner ng Lungsod... *Baka manalo* ang ilan sa mga Komisyoner ng Lungsod na ito!

Sa interes ng pagtataguyod sa demokrasya, bumoto **LABAN** sa kaululang pasya ukol sa Proposisyon “B”. Posibleng mas matalino at mas kuwalipikado ang ilan sa mga Komisyoner na ito kaysa sa mga nasa puwestong mga Superbisor na sinusubukang pigilan sila. Panahon lamang ang makapagsasabi nito.

Bumoto ng “**HINDI!**” sa Proposisyon “B”.

Dr. Terence Faulkner, J.D.

*Dating Miyembro ng Regional Citizens Forum (Rehiyonal na Forom ng mga Mamamayan) ng Association of Bay Area Governments (Asosasyon ng mga Gobyerno sa Bay Area)**

Patrick C. Fitzgerald

Dating Sekretarya

*San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko ng San Francisco)**

*Howard Epstein**

*Stephanie Jeong**

Denis J. Norrington,

May-ari / Tanging Propetaryo

*Arrow Stamp and Coin Company**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

DAPAT BANG BIGYAN NG PANGALAN ANG PROPOSISYON “B” BILANG “PANUKALANG-BATAS PARA SA PAGBIBIGAY- PROTEKSIYON NG LUPON NG MGA SUPERBISOR LABAN SA MGA KUWALIPIKADONG KATUNGGALI???

Dahil malamang na manggaling sa mga itinalagang komisyon ang ilan sa pinakamahusay na posibleng katunggali sa mga eleksyon sa kinabukasan, nasa kasalukuyang mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang lahat ng dahilan na paboran ang kaululang Proposisyon “B” at nang maiwasan ang mga kuwalipikadong katunggali.

Ang unang intensiyon para sa pagkakaroon ng Board of Supervisors ay para maging pansamantalang puwesto ito na inihahalal ng publiko – hindi ito British House of Lords (Nakatataas na Batasan ng Inglatera) na nakatalaga nang panghabambuhay.

Sa pagdaan ng mga taon, lubhang napakalaki na ng itinaas ng suweldo ng mga Superbisor...samantalang lalo namang naging kulang na ang kaalaman ng mga Superbisor ukol sa mga residente ng San Francisco.

Tanggihan ang mali ang pangangatuwirang Proposisyon “B”. Sinisimbolo ng Proposisyon “B” ang “Masamang Pagsasabatas”. Hindi natin kailangan ito.

*Dr. Terence Faulkner, J.D.
Nababahalang Botante*

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Ito na ang naging hindi opisyal at wastong tuntunin sa loob ng 40 taon, magmula pa noong administrasyon ni Mayor Moscone. Ang pagboto para sa Prop B ay kodipikasyong batay sa sentido komun na naghihiwalay sa mga alitan sa politika mula sa serbisyo publiko. Hindi malinaw kung sumasalungat ang indibidwal na katunggali dahil ayaw niya ng mga reporma para sa makabuluhang etika o dahil gusto lamang niyang makipagtunggali.

Gayon pa man, isa itong matagal nang kailangan at napakasimpleng reporma na malayo ang mararating tungo sa pagtatanggal ng mga pagkakasalungat sa politika mula sa serbisyo publiko. Nararapat lamang sa San Francisco ang ganito at higit pa, mula sa ating tagapaglingkod sa publiko.

Bumoto ng Oo sa B para sa mga Komisyoner na Walang Tunggalian ng Interes!

Aaron Peskin



C

Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pangangalaga at Edukasyon ng Bata

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng bagong gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita) na 1% ng kita na tinatanggap ng mga negosyo mula sa pagpapaupa ng pang-warehouse na espasyo sa San Francisco, at 3.5% sa kitang tinatanggap ng negosyo mula sa pagpapaupa ng ilang komersiyal na espasyo sa San Francisco, nang mapondohan ang de-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon para sa musmos na bata at para sa iba pang pampublikong layunin?

OO
HINDI

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng gross receipts tax mula sa maraming negosyong kumikita mula sa pagpapaupa ng komersiyal na ari-arian, kagaya ng mga gusaling pang-opisina, warehouse at iba pang industriyal na gusali at espasyo para sa pagbebenta. Ang kasalukuyang porsiyento para sa buwis ay mula 0.285% hanggang sa 0.3%.

Sa pangkalahatan, hindi saklaw ng gross receipts tax ang mga negosyong may kabuuang gross na kita na \$1 milyon o mas mababa pa rito sa San Francisco. May ilan ding negosyo na hindi saklaw, kasama na ang mga organisasyong non-profit, bangko at kompanya sa seguro.

Tumutukoy sa magkaparehong buwis ang mga Proposisyon C at D. Kapag pinagtibay ng mga botante ang dalawang panukalang-batas na ito, ang may pinakamaraming boto ang siyang isasabatas.

Ang Mungkahi: Magpapataw ang Proposisyon C ng karagdagang gross receipts tax na:

- 1% ng kita na nakukuha ng negosyo mula sa pagpapaupa ng espasyo para sa warehouse sa Lungsod; at
- 3.5% ng kita na nakukuha ng negosyo mula sa pagpapaupa sa iba pang komersiyal na espasyo sa Lungsod.

Sa pangkalahatan, hindi ipatutupad ang karagdagang buwis na ito sa mga negosyong hindi saklaw ng kasalukuyang gross receipts tax.

Hindi rin ito ipatutupad sa mga kita na nakuha mula sa mga pagpapaupa sa mga negosyo na nasa:

- Mga industriyal na paggamit.
- Pagbebenta sa tindahan ng ilang produkto at serbisyo nang direkta sa konsumer; o
- Mga gawain sa sining.

Hindi rin ipatutupad ang karagdagang buwis sa kita na mula sa ilang organisasyong non-profit o mula sa mga entidad ng gobyerno.

Gagamitin ng Lungsod ang 15% ng nakolektang pondo mula sa karagdagang buwis na ito sa anumang pangkalahatang layunin.

Gagamitin ng Lungsod ang natitirang 85% ng mga pondo mula sa karagdagang buwis na ito para sa:

- De-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon para sa mga bata, magmula sa kapapanganak pa lamang hanggang sa edad 5 na may mga magulang na napakababa ang kita hanggang sa mababa ang kita;
- De-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon para sa mga bata, magmula sa kapapanganak pa lamang hanggang sa edad 3 na may mga magulang na mababa ang kita hanggang sa panggitna ang kita, at hindi kasalukuyang kuwalipikado para sa tulong;
- Pamumuhunan sa mga serbisyo na nagbibigay ng suporta sa pag-unlad na pisikal, emosyonal at kognitibo (kakayahan sa pag-unawa at pagkilala) ng mga bata, mula sa kapapanganak pa lamang hanggang sa edad 5; at
- Karagdagang sahod para sa mga tao na nagkakaloob ng de-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon para sa mga bata, mula sa kapapanganak pa lamang hanggang sa edad 5.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpataw ng bagong gross receipts tax na 1% ng kita na tinatanggap ng mga negosyo mula sa pagpapaupa sa ilang pang-warehouse na espasyo sa San Francisco, at 3.5% sa kitang tinatanggap ng negosyo mula sa pagpapaupa ng ilang komersiyal na espasyo sa San Francisco, nang mapondohan ang de-kalidad na maagang pangangalaga at edukasyon para sa musmos na bata at para sa iba pang pampublikong layunin.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang buwis na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang mungkahing ordinansa, makapapangalap ito ng karagdagang net annual revenue (taunang kita matapos maibawas ang gastos) sa Lungsod na humigit-kumulang \$146 milyon. Itataas ng mungkahing ordinansa ang gross receipts tax na ibinabayad ng mga nagpapaupa (landlord) sa mga komersiyal na gusali sa San Francisco. Otsenta y singko porsiyento ng kita mula sa buwis ang itatalaga para sa pangangalaga ng bata at maagang edukasyon, at 15% ang puwedeng magamit para sa anumang pampublikong layunin. Magpapalit ang pangkalahatang koleksiyon ng buwis sa pagdaan ng panahon batay sa porsiyento ng pagtaas ng halaga ng komersiyal na pag-upa sa Lungsod.

Ipinasa ang kasalukuyang gross receipts tax ng mga botante noong Nobyembre 2012, at pinalitan nito ang dating 1.5% payroll tax (buwis na ipinapataw sa nag-eempleyo at empleyado) ng gross receipts tax na nag-iiba-iba batay sa laki at uri ng negosyo. Sa pangkalahatan, nagbabayad ang mga nagpapapaupa ng komersiyal na gusali ng porsiyento na nasa pagitan ng 0.285% at 0.3% ng gross receipts. Magdaragdag ang mungkahing ordinansa ng bagong buwis na 3.5% para sa karamihan ng komersiyal na espasyo at 1.0% para sa pag-upa sa mga espasyong pang-warehouse, bukod pa sa kasalukuyang gross receipts tax.

Hindi na isinasama ng mungkahi ang mga nagpapaupa ng komersiyal na gusali na mas mababa sa \$1.0 milyon ang gross receipts, ang mga upa na ibinabayad ng tenant (nangungupahan) na non-profit, mga tenant na ahensiya ng gobyerno, nasa sining, o pang-industriya ang gamit at ang hindi pormulang paggamit sa pagbebenta, pati na rin ang iba pang itinatakdang batas ng Estado ang hindi pagkakasaklaw. Tinataya namin na kinakatawan ng mga hindi pagkakasaklaw na ito ang humigit-

kumulang sa 20% ng tax base (halaga ng mga pag-aaring nabubuwisan) at dahil dito, mapapatawan ng buwis ang 80% ng mga komersiyal na pag-upa na ibinabayad sa Lungsod.

Gaya ng naitala sa itaas, tinataya na humigit-kumulang sa \$146 milyon taon-taon ang makukuhang kabuuang kita mula sa buwis batay sa kasalukuyang tax base, mga hindi saklaw, at porsiyento, at magbabago ang mga ito sa pagdaan ng panahon batay sa porsiyento ng inflation o pagtaas ng halaga ng mga komersiyal na pag-upa sa Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “C”

Noong Pebrero 13, 2018, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon C upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018, na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Tumutukoy sa magkaparehong usapin ang mga Proposisyon C at D. Kapag pinagtibay ng mga botante ang dalawang panukalang batas na ito, at kung may magkasalungat sa mga probisyon ng dalawang panukalang-batas, may ilang bahagi o kabuuan ng panukalang-batas na inaprubahan ng mas kaunting botante na hindi ipatutupad.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Sa pamamagitan ng pagboto ng 00 sa Proposisyon C, makatutulong ka para mapanatili sa ating Lungsod ang mga nagtatrabahong magulang, guro sa maagang edukasyon, sanggol, at mga batang nasa edad 1–3.

Mayroon tayong krisis sa maagang edukasyon sa San Francisco. Posibleng gumastos ang pamilya nang \$20,000 sa isang taon para sa mga programa sa maagang edukasyon at pangangalaga sa bata. Kapag kinakaharap ang gastusing ito, umaalis ang mga pamilya sa San Francisco o nag-reenroll sa mga programang hindi sertipikado o mataas ang marka para sa kalidad.

Pasanin ang mahahabang waitlist (listahan ng mga naghihintay makapasok) at mahal na gastos sa pangangalaga ng bata para sa mga nagtatrabahong pamilya, at marami sa kanila ang nahihirapan sa pagbabayad sa mga batayang gastusin sa pamumuhay. Kasama na rito ang ating mga guro sa maagang edukasyon, na ilan lamang sa mga edukador na pinakamababa ang bayad sa San Francisco.

Kinukumpirma ng mga pananaliksik na pag-aaral at propesyonal sa kalusugan na ang unang limang taon sa buhay ng bata ang pinakamahalaga sa paghubog sa utak. Nangangailangan ng pondo ang mga programa ng maagang edukasyon upang masuportahan ang de-kalidad na interaksyon at mga kapaligiran na nakapanghihiyakat ng paglahok, na siyang kailangan ng mga sanggol at batang nasa edad 1–3.

Matutulungan ng Proposisyon C ang mga pamilya sa kabuuan ng ating lungsod sa pamamagitan ng pagpapalawak sa mga

programa ng maagang edukasyon na mataas ang kalidad at abot-kaya ang halaga.

Sa pamamagitan ng pagtatakda sa mga landlord (nagpapaupa) ng komersiyal na ari-arian na magbayad ng buwis na 3.8 porsiyento, maililipat ng San Francisco ang 2,500 sanggol at batang nasa edad 1–3 mula sa waitlist tungo sa de-kalidad na programa ng maagang edukasyon habang tinataasan ang suweldo ng mga propesyonal sa maagang edukasyon. Panalo ang lahat kung mabibigyan ng world-class (kapantay ng pinakamahuhusay na bansa sa mundo) na lungsod na gaya ng San Francisco ang pinakamaliliit na taga-San Francisco ng pinakamahuhusay na posibleng pagsisimula sa buhay.

Nangangahulugan ang pagboto para pondohan ang pagpapalawak ng mga programa ng maagang edukasyon ng pamumuhunan sa San Francisco na mas malakas, mas mahusay ang edukasyon, at mas matagumpay. Dahil nagaganap ang 90% ng paghubog ng utak sa unang limang taon ng bata, magiging kapaki-pakinabang ang Proposisyon C para sa mga susunod na henerasyon.

Bumoto ng 00 sa Proposisyon C.

*Superbisor Norman Yee /s/
Superbisor Jane Kim /s/
Superbisor Sandy Fewer /s/
Superbisor Aaron Peskin /s/
Superbisor Hillary Ronen /s/*

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ipinapahayag ng mga politikong nasa likod ng Proposisyon C na mayroong “krisis sa maagang edukasyon” ang San Francisco. Gayon pa man, **lagi naman nila talagang ipinapahayag na mayroong krisis sa isang bagay, kaya’t kailangang magbayad ang publiko ng mas mataas na buwis:** Pabahay, tubig, trapiko, CCSF, homelessness o kawalan ng tahanan at iba pa.

Pinakahuling “krisis” lamang ito na ginagamit nila para mahigpit na humingi ng mas maraming pera – tinataya ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na si Ben Rosenfield na **\$146 milyon ito KADA TAON.**

Narito na tayo noon pa man, at hindi pa nagtatagal iyon. **Noong 2014, inaprubahan ng mga botante ang isa pang Proposisyon C, na nagtatakda ng \$77.1 milyon na taunang isinasantabing halaga upang pondohan ang “universal na preschool” sa San Francisco at “paunlarin ang mga serbisyo para sa mga bata simula kapanganakan.”**

Kung gayon, nasaan na ang perang iyon?

Ito ang realidad: umaalis ang mga pamilya sa San Francisco dahil sa maraming dahilan – mataas na gastos sa pabahay, trapiko at pagparada, pagkatalo sa “lottery o palabunutan sa pagtatalaga ng paaralan”, maliliit na espasyo para sa pamumuhay – kung kaya’t **hindi sila mapipigilan, kahit na ng pagbibigay ng subsidyo sa LAHAT ng pangangalaga sa bata, sa pagpunta sa suburbs o karatig-bayan.**

Bukod rito, *malaking bahagi* ng “mahahabang waitlist at mahal

na gastos sa pangangalaga ng bata” na binabanggit ng mga politikong sumisigaw ng “krisis” ay *dahil* ginagawang mahirap at mahal ng *sariling mga polisiya ng gobyerno* ang pagkakaloob ng pangangalaga sa bata – kasama na ang **mga batas sa pagsosona na nagbibigay ng restriksiyon kung saan puwedeng magkaroon ng lokasyon ang nagkakaloob ng serbisyo, at ang singil sa pagpapalisensiya na “posibleng umakyat hanggang daan-daang dolyar, kung saan may katulad na halagang dapat bayaran sa bawat susunod na taon bilang singil sa renewal o pagpapanibago ng lisensiya”** (tingnan ang <https://www.nolo.com/legal-encyclopedia/starting-child-care-business-california.html>).

Muli, gusto ng mga politiko na magbayad *kayo* upang malutas ang problema kung saan malaking bahagi ang sila mismo ang may likha!

Mas gusto ng maraming pamilya na sila na mismo ang magkaloob ng sariling pangangalaga sa bata sa pamamagitan ng pananatili ng isang magulang sa bahay para alagaan ang mga bata, pero **hindi nila kayang makaagapay sa gastos nang iisa lamang ang kumikita** dahil sa hindi abot-kaya ang halaga ng mga bayarin sa San Francisco – **at pinalalala pa ang pagiging hindi abot-kayang ito ng mga panukalang-batas ukol sa pagtataas ng buwis, na katulad ng Prop. C!**

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.LPSF.org



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Bakit San Francisco ang pinakamahal na lungsod sa bansa, kung saan patuloy na umaakyat taon-taon ang gastos para sa pamumuhay?

Ang mga panukalang-batas tulad ng Proposisyon C ang isa sa mga dahilan kung bakit.

Muling ipinapanukala ng Prop. C ang bagong buwis sa ngalan ng marangal na layunin habang isinasantabi ang hindi sinasadyang kinahahantungan.

Hindi nagkakaroon ng mga gastusin sa negosyo nang walang dahilan. **Kapag lumaki ang gastusin sa anumang negosyo, mas malaki ang sisingilin nito sa mga kostumer, babawasan ang bayad sa empleyado, o magsasara na.** Hindi mapapalitan ng mga pahayag mula sa City Hall ang mga batas ng ekonomiya.

Sa kasong ito, ang plano ay buwisan ang mga komersiyal na pag-upa. **Hindi pa ba sapat ang taas ng halaga ng pag-upa sa Lungsod?** Nabigo ba ang mga taong nasa likod ng Prop. C na mapansin ang lahat ng bakanteng tindahan?

Gayon pa man, hindi naman lubusang walang malay ang mga may-panukala – ang kanilang pagbibigay ng eksempisyon o hindi pagkakasali ng ilang negosyo mula sa bagong buwis ay **pag-amin na talagang may saysay ang mga gastusin at** masasaktan ang mga maaapektuhan.

Kung talagang interesado ang mga politiko sa pagtulong sa mga nagtatrabahong magulang, gagawin nilang mas madali ang pagbubukas ng bagong sentro para sa pangangalaga ng bata.

Kung mas marami ang gayong mga pasilidad, bababa ang gastos para sa pangangalaga ng bata. Sa halip, pinipili nilang panatilihin mataas ang mga presyo sa pamamagitan ng pabigat na pangangailangan na pumipigil sa mga bagong negosyo para sa pangangalaga ng bata.

Boluntaryong kasunduan ang pagbabayad para sa pangangalaga sa pagitan ng mga magulang at ng mga negosyong naglilingkod sa kanila. Hindi dapat manghimasok ang gobyerno at basta na lamang taasan ang ibinabayad sa nagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng pagkuha ng bayad mula sa ibang tao gamit ang mas mataas na buwis.

Tataasan ng Prop C ang gastusin ng pagnenegosyo sa San Francisco nang hindi binibigyan ang mga magulang ng mas maraming opsiyon para sa pangangalaga ng bata.

Bumoto ng HINDI sa Prop C.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.lpsf.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Bumoto ng Oo sa Proposisyon C

Walang makalulutas sa krisis sa pabahay sa San Francisco sa isang kikap-mata, pero puwede nating agad na gawing abot-kaya ang gastusin sa ating lungsod sa libo-libong mga pamilya sa pamamagitan ng pagpapasa sa Proposisyon C.

Matatanggal ng Proposisyon C mula sa waitlist ang kasalukuyang 2,500 na naroroon. Mapalalawak ng Prop C ang pamamaraang makakuha ng maagang edukasyon at matutulungan ang libo-libong pamilyang nasa panggitnang uri na makapasok sa mga de-kalidad at abot-kayang programa. Agad-agad na gagawing mas abot-kaya ng Proposisyon C ang San Francisco para sa libo-libong pamilya.

Walang industriyang higit na nakinabang mula sa mas mababang buwis at palusot sa pagbabayad kaysa sa komersiyal na mga ari-arian. Sa pamamagitan ng paggamit sa Prop. 13 para sa sariling pakinabang, naiwasan ng mga may-ari ng malalaking ari-arian ang bilyon-bilyong dolyar ng buwis, habang nakikinabang sa kamakailan lamang na mas mababang buwis mula sa gobyernong Trump at sa kasalukuyang mga subsidyo ng gobyerno.

Sa pamumuhunan sa maagang edukasyon, makatitipid tayo ng pera, makikinabang ang ating ekonomiya, at makalilikha tayo ng mas masiglang lungsod, ngayon at sa hinaharap. Ipinapakita ng mga pag-aaral na sa bawat dolyar na ipinupuhunan sa maagang edukasyon, nakatitipid naman ng pitong dolyar sa mas

mababang gastusin sa remedial education (pantulong na edukasyon para maabot ang inaasahang kahusayan), pagkakakulong at mga suportang panlipunan. Makatutulong ang maagang edukasyon na ipinagkakaloob ng Proposisyon C para mawala ang puwang sa natatamong akademikong tagumpay

Mapananatili ng Proposisyon C ang ating kuwalipikadong guro ng maagang edukasyon sa pamamagitan ng pagkakaloob ng suweldong sapat para sa pamumuhay, kung saan mapahihintulutan silang patuloy na magtrabaho sa loob ng Lungsod. Ginagawa ng mga guro ito ang isa sa pinakamahahalagang trabaho sa edukasyon, habang sapat lamang ang ibinabayad sa kanila para mabuhay.

Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mataas na kalidad na mga programa sa maagang edukasyon sa bawat bata, gagawin nating higit na abot-kaya ang gastos sa ating lungsod at mapananatili ang mga nagtatrabahong pamilya at guro ng maagang edukasyon sa ating mga komunidad.

Pakisamahan kami.

Superbisor Norman Yee
Superbisor Jane Kim
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Sandra Lee Fewer



D

Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pabahay at mga Serbisyon Tumutugon sa Homelessness o Kawalan ng Tahanan

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng bagong gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita) na 1.7% ng kita na tinatanggap ng mga negosyo sa pagpapaupa ng ilang espasyong komersiyal sa San Francisco, at nang mapondohan ang mga serbisyo para sa kawalan ng tahanan, pabahay para sa mga kabahayang napakaliit hanggang katamtaman ang kita at para sa iba pang pampublikong layunin?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng gross receipts tax mula sa maraming negosyong kumikita mula sa pagpapaupa ng komersiyal na ari-arian, kagaya ng mga gusaling pang-opisina, warehouse at iba pang industriyal na gusali at espasyo para sa pagbebenta. Ang kasalukuyang porsiyento para sa buwis ay mula 0.285% hanggang sa 0.3%.

Sa pangkalahatan, hindi saklaw ng gross receipts tax ang mga negosyong may kabuuang gross na kita na \$1 milyon o mas mababa pa rito sa San Francisco. May ilan ding negosyo na hindi saklaw, kasama na ang mga organisasyong nonprofit, bangko at kompanya sa seguro.

Tumutukoy sa magkaparehong buwis ang mga Proposisyon C at D. Kapag pinagtibay ng mga botante ang dalawang panukalang-batas, ang may pinakamaraming boto ang siyang isasabatas.

Ang Mungkahi: Magpapataw ang Proposisyon D ng karagdagang gross receipts tax na 1.7% sa kita na tinatanggap ng ilang negosyo mula sa pagpapaupa ng komersiyal na espasyo sa Lungsod. Sa pangkalahatan, hindi ipatutupad ang karagdagang buwis na ito sa mga negosyong hindi saklaw ng kasalukuyang gross receipts tax.

Hindi rin ito ipatutupad sa mga kita na nakuha mula sa mga pagpapaupa sa mga negosyo na nasa:

- Mga paggamit na Production, Distribution or Repair (PDR, Produksiyon, Distribusyon at Pagkukumpuni). Kasama sa mga paggamit na PDR ang iba't ibang uri ng paggamit kaugnay ng negosyo, tulad ng pang-industriya, pang-sasakyan, pag-iimbak at maramihang pagbebenta o wholesale. Kasama rin dito ang paggamit ng maliliit na negosyo, tulad ng mga gumagawa ng kasangkapan, recording studio, nagkukumpuni ng sasakyan,

tindahan para sa kagamitan sa pagtutubero, studio na pangsinig, at tindahan ng kahoy o lumberyard;

- Pagbebenta sa tindahan ng produkto at serbisyo nang direkta sa konsumer; o
- Mga gawain para sa sining o paglilibang.

Hindi rin ipatutupad ang karagdagang buwis sa kita na tinatanggap mula sa ilang organisasyong nonprofit.

Itatakda sa Lungsod na gamitin muna ang nasa pagitan ng \$1.5 milyon at \$3 milyon ng kabuuang nakokolektang buwis kada fiscal year (taon ayon sa pagaplano para sa badyet) para sa anumang pangkalahatang layunin.

Itatakda rin sa Lungsod na gamitin ang lahat ng natitirang kita na nakolekta mula sa bagong buwis na ito ayon sa mga sumusunod:

- 45% upang tulungan ang mga homeless o walang tahanan na nasa sapat nang gulang, pamilya o kabataan na lumipat sa pansamantalang matitirhan o permanenteng pabahay;
- 35% upang makakuha at makapagpaayos ng mga pang-apartment na gusali na kontrolado ang pagtaas ng upa, at nang maprotektahan ang mga residenteng vulnerable (mga nangangailangan ng espesyal na pangangalaga, suporta o proteksiyon dahil sa edad, kapansanan, o panganib na maabuso o mapabayaan) mula sa pagkawala ng tinitirhang lugar, at upang makalikha ng permanente at abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang panggitna ang kita;
- 10% upang makakuha, makapagpaayos, o makapagpatakbo ng mga gusaling single room occupancy (SRO) (pang-isahan o pandalawahang kuwarta sa mga gusaling marami ang umuupa) at upang makatulong para magkatahanan ang mga taong lubhang napakababa o napakababa ng kita, lalo na ang mga senior o matatanda, beterano, taong may kapansanan, o migrante; at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



- 10% upang makapagbigay ng permanenteng subsidyo sa pag-upa sa mga kabahayan ng matatanda na lubhang napakababa ng kita at nasa mga development kung saan may restriksiyon ang kita.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpataw ng bagong gross receipts tax na 1.7% sa kita mula sa pagpapaupa sa ilang komersiyal na espasyo sa San Francisco upang mapondohan ang mga serbisyo para sa homeless o walang tahanan, pabahay para sa mga kabahayan na napakababa hanggang panggitna ang kita, at iba pang pampublikong layunin.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang buwis na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang mungkahing ordinansa, makapapangalap ito ng karagdagang net annual revenue (taunang kita matapos maibawas ang gastos) sa Lungsod na humigit-kumulang \$70 milyon. Itataas ng mungkahing ordinansa ang gross receipts tax na ibinabayad ng mga landlord (nagpapaupa) sa mga komersiyal na gusali sa San Francisco. Itatalaga ang kita mula sa buwis para sa abot-kayang mga programa sa pabahay at programa para sa kawalan ng tahanan, maliban na lamang sa paglalaan ng \$3.0 milyon taon-taon, na iniaayon sa inflation o pagtaas ng bilingin sa mga susunod pang taon, at magagamit para sa anumang pampublikong layunin. Magpapalit ang pangkalahatang koleksiyon ng buwis sa pagdaan ng panahon batay sa porsiyento ng pagtaas ng halaga ng komersiyal na pag-upa sa Lungsod.

Ipinasa ang kasalukuyang gross receipts tax ng mga botante noong Nobyembre 2012, at pinalitan nito ang dating 1.5% payroll tax (buwis na ipinapataw sa nag-eempleyo at empleyado) ng gross receipts tax na nag-iiba-ba batay sa laki at uri ng negosyo. Sa pangkalahatan, kasalukuyang nagbabayad ang mga nagpapaupa ng komersiyal na gusali ng porsiyento na nasa pagitan ng 0.285% at 0.3% ng gross receipts. Magdaragdag ang mungkahing ordinansa ng bagong buwis na 1.7% para sa karamihan ng komersiyal na espasyo, bukod pa sa kasalukuyang gross receipts tax.

Hindi na sinasaklaw ng mungkahi ang mga nagpapaupa ng komersiyal na gusali na mas mababa sa \$1.0 milyon ang gross

receipts, ang mga upa na ibinabayad ng tenant o nangungupahan na non-profit, nasa sining, pang-industriya ang gamit, at ang paggamit sa pagbebenta, pati na rin ang iba pang itinatakdang batas ng Estado ang hindi pagkakasaklaw. Tinataya namin na kinakatawan ng mga hindi pagkakasaklaw na ito ang humigit-kumulang sa 22% ng tax base (halaga ng pag-aaring nabubuwisan) at dahil dito, napapatawan ng buwis ang 78% ng mga komersiyal na pag-upa na ibinabayad sa Lungsod.

Gaya ng naitala sa itaas, tinataya na humigit-kumulang sa \$70 milyon taon-taon ang makukuhang kabuuang kita mula sa buwis batay sa kasalukuyang tax base, mga hindi saklaw, at porsiyento, at magbabago ang mga ito sa pagdaan ng panahon batay sa porsiyento ng pagtaas ng halaga o inflation ng mga komersiyal na pag-upa sa Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “D”

Noong Enero 16, 2018, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Cohen, Farrell, Safai, Sheehy, Tang.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang apat o higit pang Superbisor na maglagay ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Tumutukoy sa magkaparehong usapin ang mga Proposisyon C at D. Kapag pinagtibay ng mga botante ang dalawang panukalang batas na ito, at kung may magkasalungat sa mga probisyon ng dalawang panukalang-batas, may ilang bahagi o kabuuan ng panukalang-batas na inaprubahan ng mas kaunting botante na hindi ipatutupad.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Narapat lamang para sa bawat taga-San Francisco na magkaroon ng ligtas at abot-kayang bubong na masisilungan. Tutulong ang inyong pagboto ng 00 sa Proposisyon D na makayanan ng lahat – kasama na ang napakahahalagang tagabigay ng serbisyo tulad ng mga guro, nars at bumbero -- na mamuhay at magtrabaho rito sa lungsod na kanilang pinaglilingkuran.

Nararamdaman nating lahat ang krisis na ito sa abot-kayang pabahay. Naghahandog ang Proposisyon D ng paraan upang may magawa tayo nang *hindi* nagdudulot ng pasanin sa mga taong hindi kayang magbayad ng mas malaki. Nagpapataw ang Proposisyon D ng gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita) sa mga korporasyon upang matiyak na nagbabayad sila ng kanilang karampatang bahagi. Binibigyan nito ng eksempsiya o hindi isinasali ang mga non-profit at maliliit na negosyo, at lumilikha ng pondong isang bilyong dolyar para sa abot-kayang pabahay at mga serbisyo para sa homeless o walang tahanan.

Matutulungan ng Proposisyon D ang mahigit sa 28,000 taga-San Francisco sa susunod na dekada. Espesipiko rito, ang Proposisyon D ay:

- Tutulong sa mga nagtatrabahong pamilya tulad ng mga guro, bumbero, at nars na makayanan ang pagbabayad sa pabahay sa San Francisco at magkaroon pa rin ng sapat na pera para sa mga batayang pangangailangan tulad ng groseriya, gas, at pangangalaga sa bata.
- Poprotektahan ang ating mga senior o matatanda, kasama na ang mga senior na lubhang napakababa ng kita, at nang makahanap sila ng matitirhan.
- Magkakaloob ng abot-kayang pabahay sa pinakabulnerableng mga populasyon, kasama na ang mga beterano, matatanda at

taong may kapansanan.

- Magkakaloob ng pabahay at serbisyonagbibigay-suporta sa homeless, kasama na ang pangangalaga sa kalusugan ng isip, mga programa para sa pag-aabuso sa droga, alak at iba pang sangkap, at navigation centers (mga sentrong tumutulong sa homeless).
- Poprotektahan ang mga pabahay na kontrolado ang upa at nasa panganib na mabili at mapalitan ang gamit, at nang matulungan ang mga umuupa na manatili sa kanilang tahanan at protektahan ang mga pamilya mula sa pagpapaalis sa kanila.

Ang Proposisyon D ay malakas na plano na may mga hakbang upang magkaroon ng matibay na pananagutan. Kailangang manatili sa San Francisco ang bawat dolyar na makakalap at kailangang gastusin ito nang naaayon sa espesipiko at detalyadong plano. Titiyakin ng mga independiyente at taunang pag-o-audit (pag-eeksamen ng pinansiya) na ginagastos ang mga pondo nang naaayon sa pagkakaapruba ng mga botante.

Sumali sa aming malawak na koalisyon ng mga nagtatrabahong pamilya, umuupa, at lider sa negosyo. Bumoto ng 00 sa Proposisyon D!

www.sfhousingforall.com

Mayor Mark Farrell

Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

London Breed

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Jeff Sheehy

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Katy Tang

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Bumoto ng Hindi sa Prop D dahil nagdaragdag lamang ang 'D' ng isang gusali kada taon sa ating suplay ng abot-kayang pabahay, at pangunahing iminungkahi bilang paraan upang makatipid ang mga may-ari ng gusali ng mahigit sa \$76,000,000.00 kada taon.

Nagbabayad ang mga may-ari ng tahanan at umuupa sa San Francisco ng bahagi ng kanilang mga buwis para sa ari-arian sa BART at Muni upang mabigyan ng subsidyo ang transportasyong papunta sa distrito ng mga negosyo sa sentro ng lungsod. Pinahihintulutan ng pagkakaroon ng accessibility o mas nagagamit na pagbibiyaheng ito na sumingil ng mas mataas na upa ang mga may-ari ng gusali.

Binababaan ng Prop 13 ang porsiyento ng property tax (buwis sa ari-arian tulad ng bahay at lupa) at ang pagtataya ng halaga o valuation ng mga gusaling pang-opisina sa San Francisco upang manatiling mababa ang kanilang mga buwis.

Ginagawang lubusang makatuwiran ng mahusay na transportasyon at mababang buwis ang paniningil ng San Francisco ng katamtamang buwis para sa pag-upa sa mga opisina. Gayon pa man, kasama sa Prop 'D' ang nakalalasong pildoras upang patayin ang Prop C, dahil nasa fine print o hindi

agad napapansing pagkakasulat ng Prop D, na kapag nakakuha ang 'D' ng mas maraming boto kaysa sa 'C,' na kahit maipasa ang Prop C, talo pa rin ang 'C' at ang ating mga anak.

Una, upang makatulong sa ating mga anak, na mula sa mga pamilyang mababa ang kita, upang magkaroon ng mas mahusay na pagsisimula, kailangang bumoto ang mga botante ng **Hindi sa Prop D**, at nang matiyak na maipapasa ang Prop C.

Kasunod nito, magkaroon ng lakas-loob, para sa balota sa Nobyembre, na magaganap na sa loob lamang ng limang buwan, na mangalap ng mga pirma, tulad ng ginawa ng mga taga-suporta ng 'C,' at isabatas ang isa pang katamtamang buwis sa pag-upa sa mga opisina, at nang magkaroon ng makabuluhang pagtaas sa suplay ng abot-kayang pabahay, at makagawa ng higit pa sa Prop D.

Ipinahihintulot ng ating Demokratikong sistema sa akin ang pagsalungat na ito. Mahigpit kong sinasang-ayunan ang mas malaking pagpopondo para sa abot-kayang pabahay at mas mahusay na pangangalaga para sa ating homeless, pero hindi tama o makatarungan ang nakalalasong pildoras na ito!

Howard Strassner, nagbabayad ng buwis



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Kailangang bumoto ng HINDI ang mga botante ng San Francisco sa 'D' at sabihin sa mga Superbisor na naglagay ng panukalang-batas na ito sa balota na ikinainis nila ang malinlang upang mabigyan ang mga may-ari ng gusali para sa mga opisina ng karagdagang \$80,000,000 kada taon, at tiyakin na una munang bumoto ng OO sa 'C' para sa panukalang-batas na nakatuon sa maagang edukasyon, at nang matulungan ang ating mga bata at kanilang mga ina na magkaroon ng mas mahusay na simula sa komplikadong mundo na ito.

Mayamang lungsod ang San Francisco; gayon pa man, mayroon din tayong malalalang problema sa kawalan ng tahanan at hindi abot-kayang pabahay, pati na rin sa mga gastusin sa pangangalaga sa bata at maagang edukasyon, na madalas na higit pa sa kalahati ng taunang gastusin para sa napakahusay na pribadong edukasyon sa kolehiyo. Ngayong eleksiyon ito, mayroon tayong dalawang panukalang-batas sa balota na sinusubukang malutas ang mga problemang ito. Una, nagpapataw ang 'D' ng buwis na 1.7% para sa pag-upa sa mga opisina, na halos walang epekto sa ating mga problema sa homeless at pabahay, habang ang isa naman, ang 'C,' ay nagpapataw ng buwis na 3.5% mula sa pareho ding pinagkukunan, at makababawas nang malaki sa mga gastusin sa maagang edukasyon para sa karamihan ng mga bata sa San

Francisco. Siyempre, kailangan nating gawin pareho, pero kasama sa panukalang-batas para sa pabahay ang nakalalasong pildoras na papatay sa panukalang-batas para sa maagang edukasyon, ang 'C'. Sa kasamaang palad, kapag nakakuha ng mas maraming boto ang mas mababang buwis na 'D,' kaysa sa mas mataas na buwis na 'C,' matatalo ang ating mga bata. Kailangang isaalang-alang ng mga botante na ang pangunahing makikinabang mula sa 'D' ay ang pareho pa ring korporasyong nagmamay-ari ng mga gusaling pang-opisina at ari-ariang nakikinabang na mula sa Prop 13, mababang pagtataya sa komersiyal na ari-arian, at nangongolekta ng pinakamataas nang karaniwang upa sa opisina na mahigit pa sa \$71.00 kada square foot (kuwadradong talampakan) kada taon.

Sa loob ng ilang buwan, sa Nobyembre, dapat tayong bigyan ng mga Superbisor ng isa pang pagkakataon na malutas ang bahagi ng problema sa pabahay at maglagay sila ng makatwirang panukalang-batas sa balota nang walang nakalalasong pildoras. Sa ngayon, bumoto ng Hindi sa 'D' at oo sa 'C'.

Howard Strassner, nagbabayad ng buwis na nagmamahal sa San Francisco

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Huwag palinlang sa kaisa-isang katunggali ng Proposisyon D. Heto ang mga katunayan o facts:

KATUNAYAN: Hindi tataasan ng Proposisyon D ang mga buwis para sa ordinaryong residente ng San Francisco. Sa halip, hinihiling nito sa malalaking negosyo sa San Francisco na bayaran ang kanilang makatwirang bahagi upang makakalap ng pondo, at nang makapagpatayo ng abot-kayang pabahay at makapagbigay ng kritikal na serbisyo para sa kawalan ng tahanan.

KATUNAYAN: Ang makikinabang sa Proposisyon D ay ang mga nagtatrabahong pamilya – mga guro, nars, bumbero, janitor at iba pa na hindi kayang mamuhay sa San Francisco dahil abot-langit ang mga gastusin sa pabahay.

KATUNAYAN: Humaharap ang San Francisco sa krisis at ngayon na ang panahon upang kumilos. Oo, mayroong iba pang mahahalagang usapin na kinakaharap ang San Francisco, pero hindi na tayo makapaghihintay pa sa pagtugon sa pabahay at kawalan ng tahanan.

Isang maingat na plano ang Proposisyon D na humihiling sa malalaking negosyong nakikinabang sa pagsigla ng ekonomiya na tulungan ang mga kapos-palad. May mga hindi isinasali ang Proposisyon D na nagbibigay-proteksiyon sa mga nonprofit, espasyo sa sining, at maliliit na negosyo. Kailangang manatili sa San Francisco ang bawat dolyar na makakalap at kailangang gastusin ito nang naaayon sa espesipiko at detalyadong plano. Titiyakin ng mga independiyente at taunang pag-o-audit (pag-eeksamen ng pinansiya) na ginagastos ang mga pondo nang naaayon sa pagkakaaprubang mga botante.

Magkakaroon ng mga totoong resulta ang Proposisyon D. Nangangahulugan ang pagboto ng OO sa D ng:

- Pagtatayo ng abot-kayang pabahay para sa nagtatrabahong mga pamilya tulad ng mga guro, manggagawa sa konstruksiyon, bumbero at nars
- Pagpoprotekta sa mga umuupa mula sa pagpapaaalis
- Pagtulong sa matatanda na mababa ang kita at tumatanggap ng hindi nagbabagong kita na makahanap ng abot-kayang pabahay
- Pagpaparami ng bilang ng navigation center para sa homeless sa iba't ibang bahagi ng lungsod.

Nararapat lamang para sa bawat taga-San Francisco na magkaroon ng ligtas at abot-kayang bubong na masisilungan. Higit pa rito ang magagawa natin. Bumoto ng OO sa Proposisyon D!

www.sfhousingforall.com

Mayor Mark Farrell

Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

London Breed

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Jeff Sheehy

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Katy Tang



★ Batas sa mga Karapatan Ng Botante ★

Ikaw Ay May Mga Sumusunod Na Karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:

Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan ng isang bagong balota; o **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan; o

Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong taga-pag-empleyo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - sa mail sa elections@sos.ca.gov



Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

🔒 Pagiging Kumpidensiyal at Mga Rekord ng Botante

Mga Pinahihintulatang Paggagamitan ng Impormasyon para sa Rehistrasyon ng Botante *(California Elections Code section 2157.2)(Kodigo ng mga Eleksyon sa California Seksyon 2157.2)*

Ginagamit ang impormasyong nasa inyong form para sa rehistrasyon ng botante ng mga opisyal ng eleksyon para padalhan kayo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, tulad ng lokasyon ng inyong lugar ng botohan, at ang mga isyu at mga kandidatong lilitaw sa balota.

Ipinagbabawal ng batas ang komersiyal na paggamit ng impormasyon para sa rehistrasyon ng botante at isa itong misdemeanor. Ang ilang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay, kapag hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Halimbawa, maaaring ibigay ang impormasyon sa isang kandidato para sa katungkulan o sa komite ng panukalang-batas. Ang sumusunod na impormasyon ay *hindi maaaring* isiwalat para sa ganitong mga layunin:

- Ang inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho,
- Ang inyong numero ng ID ng estado
- Ang inyong numero ng Social Security

- Ang inyong pirma na ipinapakita sa inyong form para sa rehistrasyon ng botante

Kung may anumang tanong kayo tungkol sa pinaggagamitan ng impormasyon tungkol sa botante o kung gusto ninyong magreport ng pinagsususpetsahan na maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Secretary of State: (800) 339-2957.

🔒 Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Maaaring kuwalipikado ang ilang botante na may mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay para sa status na kumpidensiyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Safe at Home program ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227, o tingnan ang sos.ca.gov.

Ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas), bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

E

Pagbabawal sa mga Nagbebenta ng Sigarilyo at Tabako sa Pagtitinda ng mga May Lasang Produkto ng Tabako

Dapat bang ipatupad ang ordinansa ng Lungsod na nagbabawal sa pagbebenta sa San Francisco ng mga may lasang produkto ng tabako?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Noong 2017, pinagtibay ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang Ordinansang nagbabawal sa pagbebenta sa San Francisco ng mga may lasang mga produkto ng tabako, kasama na ang sigarilyong menthol at produkto ng tabako na lasang kendi.

Naghain ng referendum na nagtatakda ng pagsusumite ng Ordinansa sa mga botante. Hindi pa ipatutupad ang Ordinansa, maliban na lamang kung maaprubahan na ito ng mayorya ng mga botante.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon E ay isang Referendum (direktang pagboto ng lahat ng botante ukol sa iisang partikular na mungkahi) upang aprubahan ang Ordinansang ipinasa ng Board of Supervisors na nagbabawal sa pagbebenta sa San Francisco ng mga may lasang produkto ng tabako.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong ipagbawal ang pagbebenta sa San Francisco ng mga may lasang produkto ng tabako.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” gusto ninyong pahintulutan ang pagbebenta sa San Francisco ng mga may lasang produkto ng tabako.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “E”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa tsarter, hindi pa mapag-aalaman ang epekto nito sa gastos ng gobyerno.

Noong 2017, inaprubahan ng Board of Supervisors ang susog sa Health Code (Kodigo sa Kalusugan) upang ipagbawal ang pagbebenta sa Lungsod ng mga may lasang produkto ng tabako. Kapag inaprubahan ang referendum, ipatutupad ang pagbabawal sa 2018.

Inaasahang medyo mababawasan ang paggamit ng mga produkto ng tabako sa San Francisco dahil sa pagbabawal sa mga may lasang produkto ng tabako, magiging sanhi ito ng paglipat ng mga gumagamit tungo sa produkto ng tabako na hindi apektado ng pagbabawal, at magiging sanhi ito ng pagbili ng ilang gumagamit ng produkto ng tabako sa iba pang nagbebenta sa labas ng Lungsod. Dahil sa mga epektong ito, posibleng makaranas ang Lungsod ng pagkawala ng sales tax revenue (kita mula sa pagbabayad ng buwis sa pagbebenta) mula sa mga nagbebenta ng sigarilyo at tabako. Kasabay nito, posible ring makaranas ang Lungsod ng pangmatagalan at pang-maiksing panahon na pagbaba ng gastos sa pampublikong kalusugan, pagkontrol sa kalat sa kalye, at iba pang pampublikong serbisyo na naaapektuhan ng paninigarilyo at paggamit ng mga may lasang produkto ng tabako.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “E”

Noong Agosto 4, 2017, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon E upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 19,040 lagda upang mailagay ang referendum sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 10% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018 na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Poprotektahan ng botong OO sa Proposisyon E ang kabataan ng San Francisco mula sa may lasang kendi na produkto ng tabako.

Nilalagyan ang mga produkto ng tabako ng pampalasa para magkaroon ang mga ito ng lasang katulad ng **kendi, prutas, tsokolate, vanilla, honey, cocoa, menthol, mint, wintergreen, yerba, o spice**, at dinisenyo ang marami sa mga pakete upang eksaktong makamukha ng mga popular na kending pambata tulad ng **Sour Patch kids, Jolly Ranchers at Gummy Bears**.

Dinadagdagan ng industriya ng tabako ng mga lasang pangkendi ang mga produkto ng tabako at ibinibenta ang mga sigarilyong menthol upang mahikayat ang mga espesipikong tinatarget na mapagbebentahan, lalo na ang mga bata.

Upang matugunan ang problemang ito, **bumoto ang lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco upang magpasa ng ordinansa** para wakasan ang pagbeventa ng mga lasang kendi na produkto ng tabako na ito. Pinirmahan ni Mayor Ed Lee ang ordinansa upang maisabatas. Nagbayad naman ang R.J. Reynolds Tobacco Company ng mahigit sa \$3 milyon upang pondohan ang kampanya para maiwaksi ang ordinansa.

Ang R.J. Reynolds Tobacco Company ang kaisa-isang nagpopondo laban sa Proposisyon E. Bakit? Dahil kumikita ang Malalaking Kompanya ng Tabako sa pamamagitan ng pagkakaroon ng adiksiyon ng susunod na henerasyon ng mga naninigarilyo. Mahigit 80 porsiyento ng kabataan na nakagamit na ng tabako ang nagsimula sa may lasang produkto.

Sa isang dating sikretong dokumento, sinulat ni Claude Teague ng R. J. Reynolds na, **“kung mabubuhay at uunlad ang ating kompanya, kailangang makuha natin sa pangmatagalang panahon ang ating bahagi ng mapagbebentahang kabataan.”** Ang mga produkto ng tabako

na lasang kendi ang pinakabagong gimik ng Malalaking Kompanya ng Tabako upang makuha ang atensiyon ng kabataan.

Samahan ang American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Puso), American Cancer Society (Amerikanong Samahan para sa Kanser), American Lung Association (Amerikanong Asosasyon para sa Baga), African-American Tobacco Control Leadership Council (Afrikano-Amerikanong Konseho sa Pamumuno para sa Pagkontrol ng Tabako, AATCLC), at marami pang iba, sa pagprotekta sa ating mga anak.

Tingnan ang www.SFKidsvsBigTobacco.com. Mangyaring bumoto ng oo para sa kalusugan ng mga bata.

Samahan ang mga sumusunod na organisasyong pangkalusugan sa pagboto ng OO sa Prop E

American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Puso)
American Cancer Society (Amerikanong Samahan para sa Kanser)
American Lung Association (Amerikanong Asosasyon para sa Baga)
African-American Tobacco Control Leadership Council (Afrikano-Amerikanong Konseho sa Pamumuno para sa Pagkontrol ng Tabako)
San Francisco Marin Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco at Marin)

NICOS Chinese Health Coalition (NICOS na Koalisyon para sa Kalusugan ng mga Tsino)

Breathe California Golden Gate (Hinga California ng Golden Gate)

*Malia Cohen, Superbisor ng San Francisco**

John Maa, Presidente ng San Francisco-Marin Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco-Marin) at Board of Directors (Lupon ng mga Direktor) para sa American Heart Association

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Kasama sa koalisyon ng mga nasa sapat na edad, organisasyong pangkomunidad at may-ari ng maliliit na negosyo sa San Francisco na tinututulan ang Proposisyon E ang mahigit sa 100 lider, na nakaaalam na **hindi lang talaga gumagana ang mga pagbabawal**.

Mahigit sa **34,000 katao ang pumirma sa mga petisyon sa loob lamang ng tatlong linggo** upang mailagay ito sa balota dahil naniniwala kami na lumabis ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa hangganan ng kanilang “pagprotekta sa kabataan” at hindi katanggap-tanggap ang kanilang ginawa tungo sa pagbabawal sa pagpapasya ng mga nasa sapat na gulang.

Pinirmahan ni **David Goldman, Presidente, ng Brownie Mary Democratic Club (Brownie Mary na Samahang Demokratiko)***, ang pahayag na ito at tinututulan niya ang Proposisyon E dahil ang San Francisco ay hindi tungkol sa pagbabawal sa mga pagpapasya ng mga nasa wastong gulang. Katataas lamang ng California ng kinakailangang edad para sa pagbili ng produkto ng tabako tungo sa 21. Mga TAONG NASA SAPAT NA GULANG lamang ang mga taong pinagbabawalan ng Proposisyon E. Hindi naging epektibo ang prohibisyon para sa alak. Hindi ito naging epektibo para sa cannabis. Hindi rin ito magiging epektibo para sa mga produkto ng tabako.

Pinirmahan ni **Ismail Karajah** ang pahayag na ito at tinututulan niya ang Proposisyon E dahil kasama rito ang pagbabawal sa halos lahat ng tabakong Shisha/Hookah, na itunuturing niyang hindi sensitibo sa maraming tao na mula sa Gitnang Silangan, at gumagamit ng hookah bilang bahagi ng kanilang nakasanayan nang gawaing pangkultura sa loob ng daan-daang taon.

Pinirmahan ni **Miriam Zouzounis, na may-ari ng Ted's Market***, ang pahayag na ito at tinututulan niya ang Proposisyon E dahil lubhang mapipinsala nito ang kanyang negosyo. Istriktong ipinatutupad ng kanyang maliit na tindahan sa komunidad ang bagong batas ng California para sa pangangailangang maging Edad 21 bago makabili ng mga produkto ng tabako. Kapag itinulak ninyo ang pagbeventa palabas ng mga kapaligirang may regulasyon tungo sa ekonomiyang hindi napapamahalaan o underground economy, mas magiging madali sa mga teenager na magkaroon ng pamamaraang makakuha ng produkto ng tabako – dahil hindi naghahanap ng identipikasyon ang mga taong nagbeventa sa kalye.

Malawak ang koalisyon laban sa Proposisyon E.

Higit pa sa sinasabi nila ang ipinagbabawal ng E.

Hindi tungkol sa kabataan ang Prop E; ipinagbabawal nito ang pagpapasya ng mga nasa sapat na gulang.

Ito ang Proposisyon ng Prohibisyon.

Kunin ang mga katunayan o facts sa www.NoPropE.com, at **bumoto ng Hindi sa Proposisyon E!**

*David Goldman**

Ismail Karajah

*Miriam Zouzounis**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Hindi epektibo ang mga pagbabawal at prohibisyon. Hindi ito naging epektibo para sa alak. Hindi rin ito naging epektibo sa bigong “Giyera sa Droga.” Hindi rin ito magiging epektibo para sa mga produkto ng tabako.

Naghahanap tayo ng mga solusyong batay sa katunayan. Ipinapakita ng mga katunayan na puwede nating bawasan ang pagkakaroon ng pamamaraan ng mga teenager na makakuha ng produkto ng tabako sa pamamagitan ng pagpapatupad ng bagong batas ukol sa kinakailangang Edad na 21 at sa pagpapahusay pa sa edukasyon.

Hindi epektibo ang pagsasabi sa mga nasa wastong gulang kung ano ang puwede at hindi nila puwedeng gawin. Hindi ganyan ang San Francisco.

Hindi magiging epektibo ang mga pagbabawal tulad ng Proposisyon E at malamang na magiging mas malala pa ang mga bagay-bagay.

Humahawak lang ng mikropono ang mga politikong nasa likod ng Proposisyon E dahil hindi nila kayang tugunan ang pinakamalalaking problema ng Lungsod. **Kapapalit pa lamang ng California ng kinakailangang edad para sa pagbili ng produkto ng tabako tungo sa 21.** Ilegal na ang pagbebenta ng ANUMANG produkto ng tabako sa mga teenager.

Ang tanging mga tao lamang na pinagbabawalan sa ilalim ng Proposisyon E ay mga NASA SAPAT NA GULANG na, at mas malawak sa sinasabi nila sa inyo ang depinisyon ng mga ipinagbabawal na produkto.

Tinatarget nila ang mga menthol na sigarilyo, pero hindi ang mga regular na sigarilyo. Ipinagbabawal nila ang shisha at hookah na tabako - isang sinaunang tradisyon sa mga kultura ng Gitnang Silangan. Ipinagbabawal nila ang mga vaping na produkto na ginagamit ng maraming naninigarilyong nasa sapat na gulang para huminto sa paninigarilyo.

Hindi ba’t kailangan naman nilang maging tapat kung ano ang ipinagbabawal bago nila hingin ang inyong boto?

Humahantong ang mga prohibisyon sa pagbebentang hindi napamamahalaan o underground market at sa krimen. Noong ipinagbawal ng mga politiko ang alak, nangyari na ito. Noong ipinagbawal ang cannabis, nagkaroon tayo ng deka-dekada ang tagal na “Giyera sa Droga” kung saan napakarami ang nakulong.

Sa gayon ding landas patungo ang Proposisyon E, na naglilihis sa mga rekursong tungo sa pagpupulis sa hindi maipipilit na pagbabawal. Dahil makukuha ang mga ipinagbabawal na produktong ito sa Daly City at sa internet, malamang na magkakaroon ng ekonomiyang hindi napamamahalaan, at hindi hahanapan ng identipikasyon ng mga nagbebenta sa kalye ang mga bumibili. Kakatwang isipin na posible pa ngang maging mas madali na makakuha ng mga produktong ito.

Sa halip na limitahan ang pagpapasya ng mga nasa sapat na gulang, kailangang istriktong ipatupad ang bagong batas ukol sa pagbebenta lamang sa nasa Edad na 21, parusahan ang anumang tindahan na nagbebenta sa kabataan, at patuloy na bigyan ng edukasyon ang mga teenager kung bakit hindi sila dapat manigarilyo kailanman.

Umaasa kaming sasamahan ninyo kami sa pagboto ng Hindi sa Proposisyon E.

*Carolina Escorcía, Presidente, Center for Economic Independence of Women and Youth (Sentro para Pang-ekonomiyang Independensiya ng Kababaihan at Kabataan)**

*Shawn Richard, Bise Presidente, SF NAACP**

*Carlos Bonilla, Presidente, Guatemalan American Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal na Guatemalan Amerikano)**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Pinopondohan ang kampanyang Hindi sa E ng Malaking Kompanya ng Tabako, ang R.J. Reynolds Tobacco Company.

Mga botante, mangyaring mag-ingat sa mapanlinlang na mga taktika ng Malalaking Kompanya ng Tabako. Pinopondohan ang kampanyang “Hindi sa E” ng kompanya ng tabako na desperado nang patuloy na makapagbenta ng lasang kendi na produkto ng tabako. Ito ay dahil nahihikayat ng mga lasang kendi ang kabataan, at kailangan ng Malalaking Kompanya ng Tabako na magkaroon ng adiksiyon ang bagong henerasyon ng mga naninigarilyo.

Tinatarget ang Kabataan ng mga Lasang Kendi na Produkto ng Tabako na Gawa ng Malalaking Kompanya ng Tabako.

Tungkol sa pagbibigay ng proteksiyon sa kabataan ang “Oo sa E”. Alam natin na nagsimula sa may lasang produkto ng tabako ang 8 sa 10 kabataang gumagamit ng produkto ng tabako. Natarget na ng Malalaking Kompanya ng Tabako ang kabataan, lalo na ang youth of color (kabataang hindi galing sa lahing puti) at kabataang LGBTQ, sa pamamagitan ng kanilang pinaka-nakakaadik na produkto, ang menthol na sigarilyo -- na nakapanlalamig sa lalamunan at nakatatakip sa matinding lasa ng tabako.

Bumoto ng Oo sa E upang Matalo ang Malalaking Kompanya ng Tabako

Ang R.J. Reynolds Tobacco Company ang nag-iisang nagpopopondo ng kampanya sa Pag-hindi, at nakapagbigay na ito ng kontribusyong \$3,500,000. Gusto nilang iwaksi ang ordinasang naaprubahan na ng lahat upang protektahan ang ating mga anak mula sa adiksiyon sa lasang kendi na produkto ng tabako.

Bumoto ng Oo sa E upang protektahan ang ating kabataan

Bisitahin ang www.SFKidsvsBigTobacco.com upang malaman ang katotohanan. Samahan ang mga pangkalusugan at pangkomunidad na pangkat sa San Francisco **sa pagboto ng Oo sa E.**

Ineendorso ang Oo sa E ng

American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Pusong)

American Cancer Society Cancer Action Network (Ugnayan para sa Pagkilos ng Amerikanong Samahan para sa Kanser)

African-American Tobacco Control Leadership Council (Afrikanong Amerikanong Konseho sa Pamumuno para sa Pagkontrol ng Tabako)

California Medical Association (Medikal na Asosasyon ng California)

NICOS Chinese Health Coalition (NICOS na Koalisyon para sa Kalusugan ng mga Tsino)

Alice B. Toklas LGBT Democratic Club (Alice B. Toklas na Samahang Demokratikong LGBT)

Edwin M. Lee Asian Pacific Democratic Club (Edwin M. Lee na Samahang Demokratiko na Asyano Pasipiko)

San Francisco Marin Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco at Marin)

Breathe California (Hinga California)

Dr. John Maa, Presidente ng SF-Marin Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco-Marin) at ng Board of Directors for American Heart Association (Lupon ng mga Direktor para sa Amerikanong Asosasyon para sa Pusong)



F

Pagpopondo ng Lungsod sa Legal na Representasyon sa mga Nangungupahan sa Residensiyal na Gusali sa mga Paghahabla upang Mapaalis sila sa Tinitirhan

Dapat bang magtatag, magpondo at magpatakbo ang Lungsod ng programa upang magkaloob ng legal na representasyon sa lahat ng nangungupahan sa residensiyal na gusali sa San Francisco na kumakaharap sa pagpapaalis sa tinitirhan?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Pinopondohan ng Lungsod at County ng San Francisco ang mga organisasyong nonprofit na nagkakaloob ng libreng legal na representasyon sa ilang nangungupahan sa residensiyal na gusali sa San Francisco na kumakaharap sa pagpapaalis sa tinitirhan.

Para mapaalis ang nangungupahan o tenant, kailangang bigyan ng nagpapaupa o landlord ang nangungupahan ng nakasulat na abiso ng pagpapaalis. Kapag hindi lumipat ng tirahan ang nangungupahan, puwedeng mag-file ang nagpapaupa ng habla na humihingi sa hukuman na ipag-utos ang pagpapaalis.

Ang Mungkahi: IIsasabatas ng Proposisyon F ang polisiya kung saan magkakaloob ang San Francisco ng legal na representasyon sa lahat ng nangungupahan sa residensiyal na gusali na kumakaharap sa pagpapaalis.

Itatakda ng Proposisyon F sa Lungsod na:

- Magtatag, magpondo at magpatakbo ng programa upang magkaloob ng legal na representasyon para sa lahat ng nangungupahan sa residensiyal na gusali sa San Francisco na kumakaharap sa pagpapaalis sa tinitirhan.
- Magkaloob sa nangungupahan ng abugado sa loob ng 30 araw matapos makatanggap ang nangungupahan ng abiso ng pagpapaalis o agad-agad matapos makatanggap ng habla na humihingi ng pagpapaalis, alin man ang mas maaga. Magkakaloob ang abugado ng legal na representasyon sa nangungupahan sa kabuuan ng lahat ng yugto ng proseso ng pagpapaalis hanggang sa malutas ang kaso; at
- Ipatupad ang programang ito sa loob ng 12 buwan matapos isabatas ang panukala.

Hindi itatakda ng Proposisyon F sa Lungsod na magkaloob ng legal na representasyon sa mga nangungupahan na nakatira sa unit kung saan din naninirahan ang nagpapaupa sa kanila.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magtatag, magpondo at magpatakbo ang Lungsod ng programa upang magkaloob ng legal na representasyon para sa lahat ng nangungupahan sa residensiyal na gusali sa San Francisco na kumakaharap sa pagpapaalis sa tinitirhan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong malikha ang programang ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “F”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Nakabatay ang gastos ng mungkahing ordinansa, sakaling maaprubahan ito ng mga botante, sa mga desisyon na gagawin ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa kabuuan ng proseso ng pagbabadyet, dahil hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors na magkaloob ng pondo para dito o para sa anumang iba pang layunin sa hinaharap. Sa aking opinyon, malamang na malaki ang halaga ng lubusang pagpopondo sa programang nililikha ng panukalang-batas, sakaling ipatupad ito ng mga tagagawa ng polisiya sa hinaharap.

Nagtatag ang panukalang-batas ng programa ng Lungsod upang magkaloob ng buong legal na representasyon sa mga nangungupahan sa residensiyal na gusali sa mga paglilitis para sa pagpapaalis. Batay sa dami ng kaso at iba pang salik o factor, tataas ang gastos ng programa ng Lungsod nang dahil sa programa nang nasa pagitan ng humigit-kumulang \$4.2 milyon at humigit-kumulang \$5.6 milyon taon-taon, at malamang na tataas pa ang halaga na ito sa mga taon sa hinaharap.

Itatakda ng panukalang-batas na magtatag ang Lungsod ng programa upang magkaloob ng legal na representasyon sa lahat ng nangungupahan sa residensiyal na gusali sa San Francisco

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



na kumakaharap sa pagpapaalis sa tinitirhan. Sa kasalukuyan, nagkakaloob na ang Lungsod ng ilang serbisyong puwedeng magamit ng lahat ng nangungupahan, kasama na ang libreng pagpapayo sa nangungupahan at edukasyon ukol sa mga karapatan ng nangungupahan, at libre o murang batayang mga legal na serbisyo. Humigit-kumulang \$4.4 milyon ang taunang gastos ng Lungsod sa pagpapayo sa nangungupahan, edukasyon, pag-abot sa nakararami at batayang mga legal na serbisyong kaugnay ng pagpapaalis. Nagkakaloob din ang Lungsod ng libre at buong legal na representasyon sa mga paglilitis sa pagpapaalis para sa limitadong bilang ng kuwalipikadong nangungupahan na nasasakop ng ilang pamantayan, tulad ng edad, kita at katayuan ng kalusugan. Humigit-kumulang \$2.0 milyon ang taunang ginagasta ng Lungsod sa buong legal na representasyon na kaugnay ng pagpapaalis.

Ipinapakita ng datos mula sa Korte Superyor ng San Francisco at ng iba pang pinagkukunan ng lokal na datos na humigit-kumulang 3,500 nangungupahan taon-taon ang magiging kuwalipikado para sa buong legal na representasyon sa ilalim ng programa. Gayon pa man, hindi gagamitin ang mga serbisyong ito ng lahat ng nangungupahan at mag-iiba-iba, batay sa kaso, ang lawak ng legal na representasyon. Magreresulta ito at ang iba pang salik sa tinatayang taunang gastos sa programa na may lawak na nasa pagitan ng \$4.2 milyon at \$5.6 milyon.

Pangunahing ipinagkakaloob ang pagpapayo, edukasyon sa nangungupahan at mga legal na serbisyong kaugnay ng pagpapalis sa pamamagitan ng mga kontrata sa pagitan ng Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD, Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad) at mga organisasyong non-profit na naka-base sa komunidad. Bukod sa mga gastos sa programa na nasa itaas, mangangailangan din ang MOHCD ng karagdagang mga kawani para sa pagpapatupad ng programa, na tinatayang nasa \$200,000 taon-taon.

Iminumungkahi ng ilang pag-aaral na mayroon ding matitipid sa gastos kaugnay ng pagkakaroon ng pamamaraang makagamit ng lahat sa mga pangmamamayan na civil legal services (legal na serbisyo), kasama na ang depensa laban sa pagpapaalis. Nakatutulong ang mga serbisyong nakapagpapanatili sa mga nangungupahan sa kanilang mga tahanan sa pagbabawas o pag-iwas sa gastusin sa iba pang sistema ng serbisyo na pino-pondohan ng publiko, kagaya ng mga shelter o matutuluyan at iba pang serbisyo para sa homeless o walang tahanan.

Gaya ng nakasaad sa itaas, hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors na magkaloob ng pondo para dito o sa anumang iba pang layunin sa hinaharap. Sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, nakabatay ang kahuli-hulihang halaga ng gastos sa mungkahing ito sa mga desisyong gagawin sa taunang proseso ng pagbabadyet ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “F”

Noong Pebrero 5, 2018, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon F upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018 na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Sa loob ng nakaraang limang taon, naghabla na sa hukuman ang mga nagpapaupa o landlord para mapaalis ang humigit-kumulang sa 40,000 nangungupahan o tenant sa San Francisco mula sa kanilang mga tahanan.

May mga abugado ang mga nagpapaupa – pero wala nito ang karamihan sa mga nangungupahan. Sa katunayan, napag-alaman ng pag-aaral ng Legislative & Budget Analyst (Pambatas at Pambadyet na Tagasuri) ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na *83% ng mga nangungupahan ang hindi nagkaroon ng sapat na representasyon sa hukuman para sa mga kaso ng pagpapaalis.*

Ito ay dahil mga residenteng mababa ang kita ang karamihan sa mga nangungupahang humaharap sa pagpapaalis at hindi nila kayang magbayad upang kumuha ng sariling pribadong abugado.

Kung nasa panganib kayong mawalan ng tahanan, mas higit pa rito ang nararapat sa inyo. Nararapat lamang na magkaroon kayo ng patas na pagkakataong magtanggol laban sa pagpapaalis.

Pagkakalooban ng Proposisyon F ang mga nangungupahang nanganganib na mapaalis ng tunay na pagkakataong makapagsalita sa hukuman – at tunay na pagkakataong mailigtas ang kanilang tahanan.

- **Tunay na representasyon.** One-third o tatlung porsiyento lamang ng mga nangungupahan ang nakakukuha ng kailangan nilang tulong sa ngayon. Bibigyan tayong lahat ng Prop F ng magkakaparehong pagkakataon upang mapanatili ang ating mga tahanan kapag naharap tayo sa pagpapaalis.
- **Bawasan ang homelessness o kawalan ng tahanan.** 71% ng mga homeless o walang tahanan sa San Francisco ang dati nang nanirahan sa ating lungsod. Mahalagang hakbang ang paghadlang sa hindi makatarungan at walang batayang pagpapaalis upang mapigilan ang pagkakaroon ng maraming tao na napipilitang mamuhay sa lansangan.

- **Makatitipid sa gastusin.** Lubhang abot-kaya ng lungsod ang gastusin para sa pagkakaloob ng legal na depensa para sa pagpapaalis -- AT ang halaga ng pagpapanatili sa mga tao sa kani-kanilang mga tahanan at wala sa lansangan ay nangangahulugang sa dulo, makatitipid ng pera ang ating lungsod.

Sinusuportahan ang Proposisyon F ng malawak at mayroong pagkakaiba-ibang koalisyon ng mga nonprofit na organisasyon para sa pabahay, pangkat na nagtataguyod para sa pabahay, guro, at inihalal na lider, na may pananagutan na itigil ang pagkawala ng tinitirhang lugar at pigilan ang hindi makatarungang pagpapaalis.

Mangyaring samahan kami sa ika-5 ng Hunyo at bumoto ng 00 sa F.

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

AIDS Housing Alliance (Alyansa sa Pabahay para sa mga taong may AIDS)

Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)
Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Umuupa sa Komunidad)

Community Housing Partnership (Pagsasanib-pwersa para sa Pabahay sa Komunidad)

Housing Rights Committee of San Francisco (Komite para sa mga Karapatan sa Pabahay ng San Francisco)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)

Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan sa San Francisco)

United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador sa San Francisco)

UNITE HERE Local 2

SF Right to Counsel Committee (Komite para sa Karapatang Magkaroon ng Abugado ng SF)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Salungat sa gusto ng mga nagtataguyod na paniwalaan ninyo, mahigpit na ipinatutupad ang mga regulasyon sa pagpapaalis, at lubhang bihira ito sa San Francisco. Bukod rito, ayon sa ulat noong 2014 ng Budget and Legislative Analyst, mayroon nang “hindi bababa sa 14 nonprofit na organisasyon sa San Francisco na nagkakaloob ng mga legal na serbisyong walang bayad o mura sa mga nangungupahan.”

Noong 2017-2018, ipinakikita ng mga istatistika ng Rent Board (Lupon para sa Pagpapaupa) na nagkaroon ng 1,657 pagpapaalis para sa 172,000 apartment na kontrolado ang upa sa San Francisco, na ang ibig sabihin, mas maliit pa sa isang porsiyento sa mga nangungupahan ang humarap sa pagpapaalis. Sa mga ito, napaalis ang napakalaking mayorya sa mga kadahilanang tulad ng hindi pagbabayad ng upa, o paglikha ng gulo sa iba pang residente.

Napakalaking paglilihis din ang isaad na 83% ng mga nangungupahan ang hindi nagkaroon ng sapat na representasyon sa mga kaso ng pagpapaalis. Sa katunayan, ipinapakita ng datos mula sa ulat ng Budget and Legislative Analyst na 38% ng lahat ng nangungupahan ang hindi nag-abalang magpakita man lamang sa hukuman, at kung hindi man boluntaryo nang umalis sa kanilang apartment, wala nang lehitimong dahilan upang labanan ang pagpapaalis.

Dagdag pa rito, hindi ipinapakita ng mga istatistika na mas malamang na humaharap sa pagpapaalis ang mga nangungupahang mababa ang kita kaysa sa mayayamang nangungupahan. Sa lungsod kung saan malapit na sa \$100,000 kada taon ang panggitnang kita, ilalagay ng panukalang-batas na ito sa balota ang Lungsod sa pagkakatali na bayaran ang singil ng mga abugado para sa mayayamang residente na madali namang makapagbabayad para sa sarili nilang abugado, kaysa ipasa sa Lungsod ang mga legal na singil sa kanila.

Pangwakas, pinagsisilbihan lamang ng mga may-panukala ng batas na ito ang kanilang sariling interes. Ang mga may-panukala ring ito ang siyang makikinabang mula sa mga kontrata sa Lungsod na nagkakahalaga ng milyon-milyong dolyar.

Kailangang bigyan ng prayoridad ng Lungsod ang mga dolyar nito tungo sa mga panukala na mas may epekto.

San Francisco Apartment Association (Asosasyon ng mga Apartment sa San Francisco)



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Kahit na posibleng magmukhang magandang ideya ang pagkuha ng mga abugadong binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis para sa mga nangungupahang humaharap sa pagpapaalis, kapaki-pakinabang din namang tingnan ang mga detalye ng panukalang ito, at kung ano-ano talaga ang eksaktong uri ng pagpapaalis na paggagamitan ng Lungsod ng pampublikong salapi upang ipaglaban ng mga abugado sa hukuman.

Bagamat napababalita ang mga pagpapaalis batay sa Ellis Act (Batas Ellis) at Owner Move-in (Pagtira ng May-ari), ang totoo nito, ang lubhang napakaraming mayorya, na humigit kumulang 2/3 ng mga pagpapaalis na nagaganap kada taon, ay “may kasalananang” pagpapaalis, kung saan lumikha ng mga problema ang nangungupahan para sa iba pang umuupa sa gusali, o hindi nakapagbayad ng kanilang upa sa loob ng ilang buwan. Kasama sa pinakakaraniwang uri ng pagpapaalis noong 2016-2017 ang pagpapaalis dahil sa paglabag sa mga patakaran ukol sa panggugulo at pag-upa – para sa mga bagay-bagay tulad ng bayolenteng aso, karahasan sa tahanan, o pagbebenta ng droga.

Bukod rito, ayon sa independiyenteng pagsusuri ng Office of the Controller (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya), nagkakaloob na ang Lungsod ng “walang bayad o mura na batayang legal na serbisyo,” bukod pa sa “walang bayad na buong legal na representasyon sa mga pagdinig ukol sa pagpapaalis para sa... kuwalipikadong nangungupahan batay sa ilang pamantayan, kasama na ang edad, kita, at katayuan ng kalusugan.”

Nangangahulugan ang pag-aproba sa panukalang-batas na ito ng pagbabago ng kalakaran, kung saan pinagkakalooban ang mga nangungupahan ng legal na tulong batay sa pinansiya na pangangailangan, at sa halip, itatakda sa mga nagbabayad ng buwis na bayaran ang pribadong mga law firm (kompanya ng mga abugado) na labanan ang bawat pagpapaalis sa San Francisco, para sa bawat nangungupahan sa San Francisco, kahit na iyong kumikita ng milyon-milyong dolyar kada taon.

Dahil walang tinutukoy na pagmumulan ng pondo ang mungkahing ito, malinaw na ililihis nito ang mga dolyar ng nagbabayad ng buwis mula sa General Fund (Pangkalahatang Pondo), na inaasahan natin para sa mga serbisyo sa homeless o walang tahanan, paglilinis ng ating mga kalye, at pagtatayo ng abot-kayang pabahay.

Bilang mga botante at nagbabayad ng buwis, dapat ba nating aprubahan ang isang panukalang-batas para bayaran ng Lungsod ang mga abugadong mataas ang singil, upang labanan nila ang mga pagpapaalis nang dahil sa karahasan sa tahanan, panggugulo sa publiko, o pagbebenta ng droga?

Hindi magdaragdag ang Prop F ng pabahay, hindi magpapababa sa upa, o magpapabuti sa kalidad ng buhay.

Bumoto ng Hindi sa F.

SF Apartment Association (Asosasyon ng mga Apartment sa SF)

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

40,000 nangungupahan ang humarap sa pagpapaalis sa loob ng limang taon – mahigit 2/3 nito ang walang legal na representasyon – na humantong sa kawalan ng tinitirhang lugar, pagtaas ng halaga sa pag-upa at kawalan ng tahanan.

Sinasabi ng mga nagpapaupa sa San Francisco na okay lang ito. Ano naman ang tingin ninyo?

Sa karamihan sa mga kaso ng pagpapaalis, kinakatawan ang nagpapaupa ng abugado habang walang kumakatawan sa nangungupahan. Malinaw na gustong panatilihin ganito ang sitwasyon ng San Francisco Apartment Association, na kumakatawan sa pinakamalalaking nagpapaupa sa lungsod.

Huwag magpaloko sa kanilang mapanlinlang na akusasyon na naka-insulto sa mga nangungupahan sa San Francisco. Hetong mga katunayan o facts:

- **Mapandayang mga pagpapaalis.** Ipinapakita ng independiyenteng pag-aaral na mahigit sa 25% ng mga pagpapaalis na dahil sa “pagtira ng may-ari” ay mapandaya -- hindi kailanman tumitira roon ang may-ari at ang totoo’y pinaalis ang nangungupahan para lamang maitaas ang upa.
- **Mga pagpapaalis dahil sa panggugulo.** Maraming nangungupahan ang humarap sa hindi makatarungang pagpapaalis para sa gawa-gawang reklamo dahil sa “panggugulo,” at maliit na bagay lamang ang ilan dito, tulad ng pagsasampay ng labada sa maling lugar o sa pagpaparada ng bisikleta sa pasilyo.
- **Hindi totoo ang abiso ukol sa pagpapaalis.** Nagbibigay ang pinakamasamang nagpapaupa ng Lungsod ng hindi totoo ang abiso ukol sa pagpapaalis sa mga bulnerableng nangungupahan -- lalo na sa nangungupahang mababa ang kita, matatanda, at

migranteng limitado ang Ingles -- dahil alam nilang mas gugustuhin pa ng mga itong lumipat kaysa igiit ang kanilang karapatan.

Kailangan nating magkaloob ng depensa laban sa hindi makatarungang pagpapaalis at nang maprotektahan ang mga nangungupahan at maiwasan ang kawalan ng tahanan. Mangyaring samahan ang mga non-profit na organisasyon para sa pabahay at nagtataguyod para sa mga nangungupahan, at **bumoto ng 00 sa F.**

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

AIDS Housing Alliance (Alyansa sa Pabahay para sa mga taong may AIDS)

Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)

Community Housing Partnership (Pagsasanib-puwera para sa Pabahay sa Komunidad)

Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Umuupa sa Komunidad)

Housing Rights Committee of San Francisco (Komite para sa mga Karapatan sa Pabahay ng San Francisco)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)

Senior and Disability Action (Aksiyon para sa Matatanda at May Kapansanan sa San Francisco)

United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador sa San Francisco)

UNITE HERE Local 2

SF Right to Counsel Committee (Komite para sa Karapatang Magkaroon ng Abugado ng SF)



G

Parcel Tax (Buwis sa Parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)

Dapat bang mangolekta ang Lungsod ng taunang buwis na \$298 kada parsela ng lupa para sa pamumuhunan sa edukasyon, kung saan may ilang hindi saklaw tulad ng para sa mga senior citizen o matatanda?

OO ← 
HINDI ← 

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Binibigyan ng edukasyon ng San Francisco Unified School District ang humigit-kumulang 57,000 mag-aaral at nag-eempleyo ng humigit-kumulang 6,200 guro at para-educator (katuwang sa pagtuturo). Tumatanggap ang School District (Distritong Pampaaralan) ng pondo mula sa mga pang-estado at pederal na gobyerno at mula sa Lungsod ng San Francisco.

Ang Mungkahi: Bibigyan ng Proposisyon G ng awtorisasyon ang Lungsod na mangolekta ng taunang parcel tax na \$298 kada parsela ng nabubuwisang lupa at gusali sa Lungsod na magsisimula sa Hulyo 1, 2018 at magtatapos sa Hunyo 30, 2038, at iniaayon taon-taon para sa inflation o pagtaas ng bilingin.

Itatakda ng Proposisyon G sa Lungsod na ilipat ang lahat ng kita mula sa parcel tax sa School District. Magagamit lamang ng School District ang pondo para sa mga sumusunod na layunin:

- Upang taasan ang suweldo at benepisyo ng mga guro at para-educator;
- Upang magdagdag ng kawani at pondo para sa mga paaralang mataas ang pangangailangan at sa paaralan ng komunidad;
- Upang taasan ang suweldo at/o benepisyo ng iba pang empleyado ng School District;
- Upang magkaloob ng karagdagang propesyonal na pag-unlad sa mga guro at para-educator;
- Upang mamuhunan sa teknolohiya, kasama na ang digital learning (paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral); at
- Upang pondohan ang mga paaralang tsarter sa Lungsod.

Magkaloob ang Proposisyon G ng dalawang hindi pagkakasaklaw mula sa buwis:

- Hindi sasaklawin ng panukala ang mga senior citizen o matatanda na magiging 65 taong gulang bago ang Hulyo 1 ng tax year (taon batay sa pagbabayad ng buwis), nagmamay-ari ng interes sa ari-ariang binubuwisan, at ginagamit ang ari-arian bilang kanilang pangunahing tirahan.
- Karaniwang hindi sasaklawin ng panukala ang ari-arian na itinalaga bilang espasyong paradahan kung pagmamay-ari ng iisang tao ang paradahan at ang residensiyal na parsela.

Itatakda ng Proposisyon G sa City Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na maghanda ng taunang ulat kung paano ginagastos ang mga pondong ito. Itatakda rin nito sa isang independiyenteng komite na pamahalaan kung paano ginagastos ng School District ang mga pondong ito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong bigyan ng awtorisasyon ang Lungsod na mangolekta ng taunang buwis na \$298 kada parsela para sa pamumuhunan sa edukasyon, kung saan may ilang hindi saklaw, kasama na ang mga senior citizen o matatanda.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang parcel tax na ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “G”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang-batas, magbubunsod ito ng pagkakaroon ng bagong kita mula sa buwis na humigit-kumulang \$50 milyon taon-taon batay sa mga kasalukuyang porsiyento. Nagtatakda ang panukala ng buwis na \$298 kada parsela taon-taon sa mga lupa at gusali sa San Francisco. Tataas ang halaga ng buwis at kita sa pagdaan ng panahon kapag iniayon ang porsiyento kada parsela para sa inflation o pagtaas ng bilingin.

Nakatuon ang makukuhang pondo sa suweldo at pagsasanay ng mga guro at iba pang layunin ng San Francisco Unified School District (SFUSD) ayon sa nakatukoy sa panukalang-batas. Espisipikong isinasaad ng panukalang-batas na kokolektahin ang parcel tax simula Hulyo 1, 2018 sa loob ng 20 taon, na hanggang Hulyo 1, 2038.

Noong Hunyo ng 2008, inaprubahan na ng mga botante ng San Francisco ang katulad na buwis upang mapakinabangan ng SFUSD, sa halagang \$198 kada parsela sa loob ng 20 taon, na magtatapos sa Hulyo 2028. Noong Hunyo ng 2010, inaprubahan na ng mga botante ng San Francisco ang espesyal na buwis sa mga pasilidad ng paaralan para sa SFUSD, sa halagang \$32.20 kada parsela, sa loob ng 20 taon, na magtatapos sa Hulyo 2030.

Mayroong mga administratibong patakaran ang panukalang batas na iba sa umiiral na parcel tax ng Lungsod para sa SFUSD, na posibleng magresulta sa kaunting pagtaas ng gastos sa pamamahala sa buwis.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “G”

Noong Pebrero 7, 2018, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon G upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018 na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Pahihintulutan ng **OO** sa Proposisyon G ang San Francisco na makahikayat at makapagpanatili ng mga de-kalidad na guro.

Isa ang San Francisco sa pinakamahal na matitirhang lugar sa bansa. Dahil sa abot-langit na upa at krisis sa pagiging abot-kaya ng pamumuhay sa Bay Area, naging napakahirap na sa mga guro na kumita nang sapat upang mabuhay. Bibigyan ng Proposisyon G ang ating mga guro ng makatarungang sahod na nararapat sa kanila. Magkakaloob ito ng kailangang-kailangang ayuda sa ating mga edukador sa gitna ng nakapanghihina ng loob na krisis sa pagiging abot-kaya ng pamumuhay, at tutulungan silang makayanan ang pagtira dito.

Sumasang-ayon tayong lahat na napakahalaga ng mahuhusay na guro sa tagumpay ng mga estudyante. Titiyakin ng Proposisyon G na mayroong mga kinakailangang pinansiyal na rekursu ang ating mga paaralan upang masuportahan at mapanatili rito ang ating de-kalidad na mga guro.

Nitong nakaraang taon, nag-empleyo ang San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) ng mahigit sa 500 guro, pero mayroon pa ring kakulangan sa guro ang ating mga paaralan. Sa pamamagitan ng Prop G, makahihikayat ang ating distritong pampaaralan ng bago at de-kalidad na mga guro upang mapunan ang lumalaking kakulangan sa ating Lungsod.

Palalakasin ng panukalang-batas na ito ang computer science, teknolohiya at digital learning (pag-aaral sa pamamagitan ng teknolohiya) upang maging handa ang ating mga estudyante na maging mahusay sa kolehiyo at makipagkompetensiya sa pandaigdigang ekonomiya sa ika-21 siglo.

Gagastusin ang lahat ng pondong itatatag ng Prop G dito mismo sa San Francisco upang pataasin pa ang bayad sa mga guro, at walang puwedeng makuha sa mga pondo ang pang-estado o pederal na gobyerno. Titiyakin ng citizen's oversight committee (komite ng mga mamamayan para sa pamamahala) at ng taunang pag-o-audit na gagastusin ang lahat ng pondo ayon sa ipinangako.

Samahan ang mga magulang, guro, lider sa negosyo at industriya ng teknolohiya, at mga manggagawa, sa pagboto ng OO sa G upang magkaroon ang ating mga anak ng de-kalidad na mga guro na nararapat sa kanila, upang patuloy na umunlad at magtagumpay.

Mayor Mark Farrell

Presidente ng Board of Supervisors London Breed

Superbisor Jane Kim

Dating Senador Mark Leno

Dating Superbisor Angela Alioto

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Pinalalabas ng mga may-panukala sa Proposisyon G na sinasalungat natin ang "isyung hindi pinagtatalunan (motherhood and apple pie)". Sinasabi nila sa atin, na muli na namang walang kasamang argumento, na kailangan natin ng bagong 20-taon na parcel tax (buwis sa parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) upang bigyan ang mga guro sa pampublikong paaralan ng San Francisco ng karagdagang 2% pagtaas ng suweldo upang makayanan nilang mamuhay sa Lungsod.

Hindi nila sinasabi sa atin, na dahil sa mas mataas na gastos sa pagtira dito, binabayaran na nang mas malaki ang ating mga guro sa pampublikong paaralan ng mas mataas kaysa sa sinumang guro sa kabuuan ng Bay area. O na **higit na mas malaki ang ibinabayad sa kanila kaysa sa mga guro sa paaralang pribado o relihiyoso, na hindi kailanman nagbantang magwewelga**. O na madalas na nagsasakripisyo ang mga magulang para sa alternatibong pribadong paaralan o pag-aaral sa tahanan, kung kaya't **59% lamang sa mga batang nasa pampaaralang edad ang kumukuha ng edukasyon sa pampublikong paaralan**.

Hindi rin sila naliligalig sa kawalang katarungan ng parcel tax. Iyon lamang isa sa tatlong bahagi ng kabuuang bilang ng mga taga-San Francisco ang nagbabayad nito. Isa itong regressive flat sum tax (hindi nagbabago ang halaga at kung saan mas

malaki ang porsiyentong kinukuha sa mas maliit ang kita kaysa sa mas malaki ang kita). Hindi importante ang laki o halaga ng parsela.

Gayon pa man, gusto ng mga guro ang mga panukalang-batas ukol sa parcel tax dahil madaling naipapasa ang mga ito, kapag may "guro" o "edukasyon" sa titulo. Kung gayon, bakit *hindi* sila humiling ng bagong 20-taong parcel tax, **kahit na mayroon pang isang dekada ng pagbabayad na ipagpapatuloy sa huling gayon ding parcel tax?**

Labanan ang pagmamaniplula ng unyon ng mga guro. **BUMOTO NG HINDI SA G.**

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

www.LPSF.org



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Alam natin ang dalawang bagay na pinakamahasag na ginagawa ng gobyerno: MAGBUWIS at GUMASTA. Napakatalinong ginagawa ang dalawang ito ng Prop G. **Nagpapataw ito ng parcel tax na \$298 kada taon sa lahat ng parsela ng lupa ng lungsod para sa susunod na 20 taon upang pahintulutan ang San Francisco Unified School District na magtaas ng suweldo at magpondo sa mga natukoy na programang pampaaralan.** Kasama rito ang mga virtue-signaling program (programang nagpapahayag ng mga pinahahalagahan) para sa estudyanteng troubled (may panganib na maging marahas sa sarili o sa iba), halimbawa, “paglilingkod sa mga estudyante, kasama na ang mga napatalsik mula sa ibang paaralan, o nasa probasyon o pansamantalang paglaya mula sa pagkakakulong.”

Ano pa nga ba ang hindi kanais-nais dito? Iniiwasan ng parcel tax ang mga restriksiyon ng Prop 13 na ipinatutupad sa mga tradisyonal na buwis sa ari-arian. Ito ay \$298 lamang, at iniaaayon sa pagtaas ng bilingin o inflation adjusted (posibleng labis na ang \$299.98). Para maibsan ang anumang hirap, mayroong eksempsiyon o hindi pagsali sa mga tahanan para sa senior o nakatatandang mamamayan at sa parsela na espasyong paradahan na katabi ng mga tahananang ito.

At palaging madaling ibenta ang mga panukalang-batas ukol sa pagbubuwis para sa edukasyon. **Tunay ngang nailagay sa balota ang panukalang-batas na ito bilang resulta ng negosasyon sa suweldo ng unyon ng mga guro, na humantong sa matibay na pagtaas ng suweldo sa loob ng 3 taon, at sa kasunduan na**

humingi ng pag-apruba sa mga botante ukol sa parcel tax, para sa posibleng 2% na karagdagan. Bagamat mabuti sana kung mas madaling maging abot-kaya ang pabahay sa lungsod para sa mga guro (at sa pangkalahatan sa panggitnang uri), hindi ang mga referendum (direktang pagboto sa panukala) ang pinakamainam na paraan upang malutas ang mga problemang kontraktuwal, tulad ng bayad sa guro para sa paghahanda ng kursong advanced placement (may kredit sa kolehiyo).

Ang pagiging pinaka-regressive (mas malaki ang porsiyentong kinukuha sa mas maliit ang kita kaysa sa mas malaki ang kita) na uri ng pagbubuwis ng mga parcel tax ang problema. At naiipon ang maliit na buwis. **Sa kasalukuyan, binabayaran pa rin ng mga taga-San Francisco ang pangmaraming-taon na mga parcel tax para sa City College (Kolehiyo ng Lungsod) at para sa malinis na tubig at pagpapanumbalik ng kapaligiran sa Bay (Look).** Dahil dito, posibleng humigit pa ang pinagsamang parcel tax na fixed sum (hindi nagbabago ang halaga) sa hindi kalakihang parsela sa San Francisco kaysa sa property tax na batay sa 1% ng halaga, na siyang mitsa ng pag-aalsa ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng Prop 13 noong 1978.

Iwasan ang pagbubuwis na labis-labis at ipinapataw sa paraang hindi napapansin (stealth taxation). **Bumoto ng HINDI sa G.**

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
www.lpsf.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Tutulong ang Proposisyon G na makahikayat at mapanatili ang napakahuhusay na guro, at nang magtagumpay ang ating mga anak.

Direktang gagamitin ang mga pondong makakalap ng Prop G upang taasan ang suweldo ng mga guro ng San Francisco. Naghahatid ang Prop G ng lokal na kontrol at katatagan sa pagpopondo sa mga paaralan. Walang pondong makakalap ng Prop G ang puwedeng makuha ng pang-estado o pederal na gobyerno. Titiyakin ng ipinag-uutos at independiyenteng pag-o-audit na wastong magagastos ang lahat ng pondong makakalap sa pamamagitan ng Prop G.

Isa ang San Francisco sa pinakamahal na lugar na matitirhan sa ating bansa, at nahihirapan ang ating mga gurong may dedikasyon, na masigasig na nagtatrabaho upang suportahan ang ating kabataan, na matugunan ang mga pansariling pangangailangan. Nararapat lamang sa ating mga guro na magkaroon ng pagtaas ng suweldo na makatutulong upang makahikayat at mapanatili sa ating mga paaralan ang de-kalidad na mga edukador at bawasan ang kakulangan sa guro ng Distrito.

Bumoto ng OO sa Prop G upang tulungan ang mga estudyante na patuloy na umunlad.

Titiyakin ng Prop G na magkakaroon ang bawat bata sa paaralan sa kabuuan ng San Francisco ng pamamaraang magkaroon ng guro na pinakamataas ang kalidad, at pinakamahuhusay na programang pang-edukasyon, saang komunidad man sila

nakatira. Bibigyang-lakas ng panukalang-batas na ito ang ating mga guro sa pamamagitan ng pagpapahusay sa ating mga programa sa pagsasanay, rekurso, at suporta sa classroom.

Alamin pa ang tungkol dito sa YesToSFTeachers.com.

Kailangan ng mga bata ng napakahuhusay na guro upang maihanda sila para sa kolehiyo at mga oportunidad sa pandaigdigang ekonomiya ng ika-21 siglo. Mapupunta ang mga pondong makakalap ng Prop G sa pagtataas ng suweldo ng guro, upang makayanan ng ating mga edukador na manatili rito at makapaglingkod sa mga estudyante ng San Francisco at kanilang mga pamilya.

Palakasin ang ating Lungsod sa pamamagitan ng pagsuporta sa ating mga guro at kabataan. Bumoto ng OO sa Proposisyon G.

Hydra Mendoza-McDonnell, Presidente, Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Kari Gray, Presidente ng PTA sa Ikalawang Distrito

Lita Blanc, Presidente, United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador sa San Francisco)

Susan Solomon, Bise Presidente, United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador sa San Francisco)

*Myong Leigh, Deputy Superintendent (Katuwang na Superintendente), San Francisco Unified School District**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.



H

Polisiya sa Paggamit ng Taser ng mga Pulis ng San Francisco

Dapat bang magtakda ang Lungsod ng polisiya ukol sa mga pagkakataon na puwedeng gumamit ang mga pulis ng taser at bigyan ng awtorisasyon ang Police Department (Departamento ng Polisiya) upang bumili ng taser para sa lahat ng pulis, basta't mayroong mga espesipikong kondisyon?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang San Francisco Police Commission (Komisyon ng Polisiya) ang sibilyang lupon na nagtatakda ng mga polisiya para sa Police Department (Departamento ng Polisiya). Noong Nobyembre 2017, binigyan ng awtorisasyon ng Komisyon ang Police Department na gumamit ng mga taser simula Disyembre 2018. Binubuo na ng Komisyon ang polisiya ukol sa mga taser.

Ang mga taser ay sandata na kumukoryente sa indibidwal. Ang automated external defibrillator (nakapagsusuri at nakatutugon sa pamamagitan ng paggamit ng koryente) naman ang mga nabibitbit na medikal na kagamitang ginagamit sa inatake sa puso. Sa kasalukuyan, hindi gumagamit ang mga pulis ng San Francisco ng taser. Humigit-kumulang sa kalahati ng mga pam-patrolyang sasakyan ng Police Department ang may defibrillator.

Hindi na mababago ng Komisyon o ng Police Department ang anumang polisiyang inaprubahan ng botante ukol sa mga taser.

Sa ilalim ng mga patakaran sa pagbabadyet ng Lungsod, kailangang aprubahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ng Mayor ang badyet ng Lungsod taon-taon. Gumagawa ang Police Department ng paghiling ng badyet para sa mga kagamitan bilang bahagi ng proseso ng pagbabadyet.

Ang Mungkahi: Nagtatakda ang Proposisyon H ng polisiya ukol sa mga pagkakataong puwedeng gumamit ang mga pulis ng taser. Puwedeng magamit ang taser kung aktibong nanlalaban, sumasalakay, o nagpapakita ang isang tao ng anumang aksiyon na malamang na humantong sa malubhang pinsala sa katawan o pagkamatay ng ibang tao, ng kanilang sarili, o ng pulis.

Bibigyan ng Proposisyon H ng awtorisasyon ang Police Department na bumili ng mga taser para sa bawat pulis, batay sa mga sumusunod na kondisyon:

- Matagumpay na pagkompleto ng pagsasanay sa paggamit ng puwersa at pagtatasa ng panganib.

- Iyon lamang mga taser at holster (sukbitan) na ibinigay ng Police Department ang gagamitin;
- Pagkakabit ng holster sa bahagi ng katawan na nasa kabila ng bahagi kung saan naroroon ang baril;
- Paglalagay ng defibrillator sa mga sasakyan ng Police Department sa mga distrito kung saan nagbibitbit ng taser; at
- Pag-iimbestiga at pag-uulat sa bawat pagkakataon na gagamit ang pulis ng taser.

Kailangang humiling ng pondo ang Police Department para sa pagbili ng mga taser at defibrillator 45 araw matapos maisabatas ang panukalang ito.

Puwede lamang maamyendahan ang panukalang-batas na ito ng mayorya ng mga botante ng San Francisco o ng ordinansang pinagtibay ng botong four-fifths (apat sa limang bahagi) ng Board of Supervisors.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magtakda ng polisiya para sa paggamit ng mga taser at binibigyan ninyo ng awtorisasyon ang pagbili ng taser ng Police Department para sa bawat pulis, batay sa mga espesipikong kondisyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong ipatupad ang panukalang-batas na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “H”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Nakabatay ang gastos ng mungkahing ordinansa, sakaling maaprubahan ito ng mga botante, sa mga desisyon na gagawin ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa kabuuan ng proseso ng pagbabadyet, dahil hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



sa hinaharap na magkaloob ng pondo para dito o para sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, malamang na malaki ang halaga ng lubusang pagpopondo sa programang nililikha ng panukalang-batas, sakaling ipatupad ito ng mga tagagawa ng polisiya sa hinaharap.

Nagtatakda ang panukalang-batas ng polisiya at programa ng Lungsod na pagkalooban ng taser ang bawat naka-unipormeng pulis ng San Francisco Police Department (SFPD). Dahil sa programa, lalaki ang gastusin ng Lungsod nang tinatayang \$4.5 milyon para sa pagbili ng mga taser at para sa panimulang pagsasanay. Magkakaroon din ng bago at nagpapatuloy na taunang gastusin na humigit-kumulang \$200,000 para sa pagsasanay, muling pagbibigay ng sertipikasyon at kagamitan. Liliit nang kaunti ang mga gastusing ito kung iaayon ng SFPD ang pagpapatupad at iskedyul ng programa.

Espesipikong itinatakda ng panukalang-batas ang pagsasanay at pagkuha ng sertipikasyon ng mga Pulis sa paggamit ng taser at sa pag-iimbestiga at pag-uulat ng anumang pagkakataon na nagamit ang taser. Itinatakda ng panukalang-batas na magkaroon ng magagamit na defibrillator sa mga sasakyan ng pulis, na siyang gawain na ng SFPD.

Gaya ng nakasaad sa itaas, hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors sa hinaharap na magkaloob ng pondo para dito o sa anumang iba pang layunin. Sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, nakabatay ang kahulihang gastusin sa mungkahing ito sa mga desisyong gagawin sa taunang proseso ng pagbabadyet ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “H”

Noong Pebrero 9, 2018, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon H upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018, na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatkdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

Paghuusayin ng Prop H ang kaligtasan sa komunidad para sa LAHAT ng taga-San Francisco

Pangunahing prayoridad ng San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya) na panatilihin ang lahat. Kailangan ng ating mga pulis na magkaroon ng magagamit na opsiyon na mas hindi nakamamatay, upang makontrol ang posibleng mapanganib na mga komprontasyon nang hindi humahantong ang mga ito sa malubhang pinsala o kamatayan. Nagkakaloob ang mga CED, na mas kilala bilang Taser, ng alternatibong mas hindi nakamamatay.

Itatakda ng panukalang-batas na ito sa Lungsod at County ng San Francisco na tiyakin na makagagamit ang San Francisco Police Department ng mga Taser at makakukuha ng masigasig na pagsasanay sa Taser sa napapanahong paraan, at dapat mangyari ito nang walang nababawas sa iba pang mahahalagang gawain ng pulisya.

Dapat bumoto ang San Francisco ng OO sa H upang:

- **Palawakin ang pagsasanay at edukasyon ng mga pulis sa mga opsiyon ukol sa paggamit ng lakas na mas hindi nakamamatay**
- **Bawasan ang pagkakapinsala sa mga miyembro ng komunidad at pulis**
- **Magkaloob ng kinakailangang mga rekurso sa SFPD upang magawa ang kanilang trabaho**
- **Bawasan ang mga pamamaril kung saan may pulis na kasangkot**

Kahit nagkaroon na ng 13 taon ng mga debate, pagdinig, at pagsulat ng mga polisiya, hindi pa rin nagdadala ng Taser ang mga pulis ng San Francisco. Noong Nobyembre 2017, inaprubahan ng SF Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ang paggamit ng mga Taser, at inaprubahan din nito kamakailan ang isang polisiyang itinutulak ng pamumulitika at hindi naman nagpoprotekta sa mga taga-San Francisco. Para sa pakinabang ng ating komunidad at ng ating mga pulis sa komunidad, kailangan natin ng praktikal na polisiya ukol sa mga Taser.

Samahan kami upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad! **Bumoto ng OO sa Prop H!**

Martin Halloran

Walang Isinumiteng Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

Pinahihina ng Proposisyon H ang mga rekomendasyon ng Department of Justice (Departamento ng Hustisya) noong Pamahalaang Obama ukol sa reporma sa pulisya, pamamahala, at implementasyon ng mga taser. Isa itong panukalang-batas na mapanganib, mapanlinlang at batay sa espesyal na interes, at dinisenyo ito upang tanggalan ng kakayahan ang komunidad, ang Police Commission at ang Hepe ng Pulisya, na magtakda ng polisiya sa mga taser batay sa sentido komun, at gumawa ng kinakailangang mga pagbabago, ayon sa pangangailangan.

Matapos ang isang-taong proseso na nagtatampok sa opinyon ng mga pambansang eksperto, ng komunidad, at ng mga tagapagpatupad ng batas, bumoto ang Police Commission noong Nobyembre upang ipagamit sa pulis ang mga taser, at lumikha ng polisiya ukol sa paggamit ng mga ito. Dinisenyo ang Prop H upang sirain ang stratehikong proseso, at sa halip, itali sa batas ang problematikong polisiya na magpapahintulot sa mga pulis na gumamit ng taser nang hindi muna nagsasagawa ng subok nang pamamaraan na nakaliligtas sa buhay at nakababawas sa kaigtangan ng sitwasyon.

Ipinakikita ng mga pag-aaral sa paggamit ng lakas na hindi pinabababa ng pagpapakilala sa mga taser ang paggamit ng mga pulis ng baril. Sa pagpasa sa Prop H, ipagwawalang-bahala natin ang mga pag-aaral na ito at lalaktawan ang kinakailangang pagsasanay.

Sa liham sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon), tinawag ng Hepe ng Pulisya na si Bill Scott ang Proposisyon H bilang “salungat na argumento (anti-thesis)” ng

mga rekomendasyon na ginawa ng DOJ, nang may kolaborasyon, at siyang naging dahilan ng pagkaka-empleyo niya, at nang maipatupad “dahil hindi nito itataguyod ang mabilisang proseso na magpapahintulot sa mga modipikasyon o pagbabago sa mga polisiyang kaugnay [ng mga taser].”

May ilan sa amin na sinusupportahan ang pag-aarmas ng mga taser sa Police Department. May ilan sa amin na hindi. Sumasang-ayon kaming lahat na ang Prop H ay makapipinsalang paraan ng pagpapatupad sa paggamit ng taser.

Huwag magpaloko. Hindi botong oo o hindi sa mga taser ang Proposisyon H. Boto ito upang bigyan ng awtorisasyon ang POA na magtakda ng polisiya para sa departamento ng pulisya.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.

Superbisor Malia Cohen

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Jane Kim

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Norman Yee

Julius Turman, Presidente, Police Commission (Komisyon ng Pulisya)

*Sheryl Davis, Direktor, Human Rights Commission (Komisyon para sa mga Karapatang Pantao)**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Walang Isinuniteng Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H



Relokasyon ng mga Propesyonal na Sports Team (Koponang Pampalakasan)

Dapat bang magpatupad ang Lungsod ng polisiya na hindi hihikayatin ang mga propesyonal na sports team (koponang pampalakasan) mula sa ibang lungsod na lumipat sa San Francisco, at upang tutulan ang anumang pangkat na nagmamay-ari ng sports team na sumusubok na umiwas sa pagbabayad ng pampublikong utang na mayroon pa sila?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Kasama sa mga propesyonal na sports team ng Lungsod ang baseball team na San Francisco Giants. Naglalaro naman ang San Francisco 49ers football team ng mga home game nito sa Santa Clara.

Kasalukuyang naglalaro ang Golden State Warriors ng mga home game nito sa Oakland, pero magsisimula na itong maglaro ng mga home game sa San Francisco kapag nakompleto na ang Chase Center, ang maraming gamit na arena na itinatayo sa komunidad ng Mission Bay sa San Francisco. Inaasahang bukas na ang area para sa 2019-20 season (panahon ng paglalaro) ng Warriors.

Ang Mungkahi: Ipatutupad ng Proposisyon I ang polisiyang nagtatakda na hindi iimbitahin, hihikayatin, hihimukin, aakitin o palalampasin ng Lungsod ang relokasyon ng anumang propesyonal na sports team na nakapamalagi na sa ibang lungsod at nakapagpakita na ng malinaw at kapani-paniwalang suporta mula sa komunidad at tagahanga, nang hindi bababa sa 20 taon, at nakapag-aakyat ng kita.

Ipatutupad rin ng panukalang-batas ang polisiya na maninindigan ang Lungsod laban sa anumang pangkat na nagmamay-ari ng sports team na sumusubok na umiwas sa pagbabayad ng pampublikong utang na mayroon pa sila.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpatupad ang Lungsod ng polisiya na hindi hihikayatin ang mga propesyonal na sports team mula sa ibang lungsod na lumipat sa San Francisco, at upang tutulan ang anumang pangkat na nagmamay-ari ng sports team na sumusubok na umiwas sa pagbabayad ng pampublikong utang na mayroon pa sila.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong ipatupad ang mga polisiyang ito ng Lungsod.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa “I”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon I:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang mungkahing pahayag na polisiya, hindi ito magkakaroon ng epekto sa gastusin ng gobyerno.

Kung Paano Nailagay sa Balota ang “I”

Noong Oktubre 25, 2017, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon I upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakdang ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang pahayag ng polisiya sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 5, 2018, na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong “oo” para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org otawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Bilang residente ng San Francisco magmula pa noong 1960, ako, si Allen Jones, ay nakaramdam ng matinding pag-udyok na isulat ang panukalang-batas sa balota na, “Thou shall not covet (Huwag mong pagnasaan ang mayroon ang iba)” dahil sa aking paniniwala na kumilos ang City Hall nang mapag-imbol ang kalooban at hindi bilang mabuting kapitbahay, sa pagtulong nito upang magtagumpay ang Golden State Warriors sa hangaring magtayo ng palaruan ng basketball sa komunidad ng Mission Bay sa San Francisco.

Binigyang-katwiran ng mga pangunahing halal na opisyal ng SF ang kanilang asal sa simpleng tugon na, “Una naman silang nandito.” Naitago na ang dahilan kung bakit umalis ang Warriors sa San Francisco para sa Oakland noong 1971.

Sa kanilang sampung season o panahon ng paglalaro (1961-62 hanggang 1971) sa Lungsod, hindi sinuportahan ng mga taga-San Francisco ang propesyonal na basketball.

Sa kanilang unang anim na taon bilang San Francisco Warriors, ang Warriors ang may pinakamababang bilang ng mga manonood sa liga, kahit na dalawang beses silang umabot sa finals o huling yugto ng kampeonato.

Bukod rito, binaligtad ni Mayor Joseph Alioto ang desisyon ukol sa bond (utang ng gobyerno) na magpopondo sa pagtatayo ng arena o mapaglalaruan ng koponan, sa kalagitnaan (1971) ng kilala noon bilang “Panahon ng pinakamaraming pagtatayo ng mga gusali” sa kasaysayan ng San Francisco.

Gayon pa man, bagamat nagkaroon ng legal na tunggalian upang mapigilan ang itinuturing na “hindi maingat na napagpasyahang” pagtatayo ng arenang may 18000 upuan at katabi ng ospital, sa lugar na may kasaysayan ng pagkakilala bilang “Quiet Zone (Tahimik na Sona)”, namayani pa rin ang mga opisyal ng lungsod at magkakatuwang na namuno sa proyekto.

Ang pagkakaroon ng arena sa tabi ng UCSF Medical Center and Children’s Hospital (Sentrong Medikal at Pambatang Ospital) ay posibleng maging pinakamalaking pagkakamali sa kasaysayan ng Lungsod. Sa kabila nito, hindi tamang pakikitungo sa kapitbahay ang pagkakaroon ng mapag-imbol na kalooban upang agawin ang Warriors mula sa Oakland.

Tinutulungan dapat ng isang lungsod, na maihahambing sa pinakamahuhusay na lungsod sa mundo, ang mga kapitbahay nito; hindi nito dapat kinakamkam ang mga hiyas ng kapitbahay. At sa pagboto, magkakaroon ng pagkakataon ang mga taga-San Francisco na humingi ng paumanhin sa ating kapitbahay, ang Oakland, CA, at mangakong hindi na pahihintulutan; sa pamamagitan ng Pagpapahayag ng Polisiya, ang gayong kahiya-hiya at taliwas sa pagiging taga-San Francisco na pag-asal, na magawa pa ng SF City Hall sa hinaharap.

Allen Jones, GOODNEIGHBOORCOALITION.ORG

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I



Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sinagot ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota

? Sino ang makaboboto?

Mga mamamayan ng U.S., 18 taong gulang o mas matanda pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco sa o bago sumapit ang deadline ng pagpaparehistro.

? Kailan ang deadline para magparehistrong bumoto o i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Ang deadline ng pagpaparehistro ay Mayo 21, labinlimang araw bago dumating ang Araw ng Eleksyon. (Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang sfelections.org, "Rehistrasyon para sa mga Espesyal na Kalagayan")

? Kailan at saan ako makaboboto sa Araw ng Eleksyon?

Maaari kayong bumoto sa inyong lugar ng botohan o sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall) sa Araw ng Eleksyon mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong lugar ng botohan ay nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Matatagpuan din ninyo ito sa sfelections.org/pollsite o tumawag sa (415) 554-4310. Ang City Hall Voting Center ay nasa labas ng Room 48.

? Mayroon bang anumang paraan para bumoto bago ang Araw ng Eleksyon?

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- **Bumoto sa pamamagitan ng mail (koreo).** Sagutan at i-mail ang Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito, kumpletuhin ang aplikasyon online sa sfelections.org/vbm, o tumawag sa (415) 554-4310 para humiling na bumoto sa pamamagitan ng mail. Ipadadala sa inyo ang isang vote-by-mail na balota. Dapat **matanggap** ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang Mayo 29, o
- **Bumoto nang personal** sa City Hall Voting Center, simula sa Mayo 7 (tingnan ang pahina 5 para sa mga petsa at oras).

? Kapag hindi ako gumamit ng aplikasyon o nakatawag, maaari ba akong makakuha ng vote-by-mail na balota sa ibang paraan?

Opo. Maaari kayong magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon. Kasama **dapat** sa kahilingang ito ang: nakalimbag na address ng tirahan ninyo, address kung saan

ninyo gustong i-mail ang balota, petsa ng kapanganakan ninyo, nakasulat na pangalan ninyo, at ang inyong **pirma**. I-mail ang inyong kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon sa address na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito o i-fax ito sa (415) 554-4372. Dapat **matanggap** ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang, Mayo 29.

? Kung ako ay nahatulang may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?

Opo, maaari. Kuwalipikado kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nahatulang may-sala sa kasong misdemeanor o nakakulong sa bilangguan ng county at nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor.
- Nakakulong sa bilangguan ng county dahil ang pagkakakulong ay isang kondisyon ng probation.
- Naka-probation.
- Nasa programa ng mandatory supervision.
- Nasa programa ng post-release community supervision (pamamahala ng county probation matapos makalaya).
- Nakumpleto na ang inyong parole.

Kung naghihintay kayo ng paglilitis o kasalukuyang nililitis, ngunit hindi pa nahatulang may-sala, maaari kayong magparehistro at bumoto.

? Ang aking ika-18 kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ngunit sa, o bago ang Araw ng Eleksyon. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Maaari kayong magparehistrong bumoto sa mismong, o bago ang, araw ng deadline ng pagpaparehistro, at bumoto sa eleksyong ito—kahit na hindi pa kayo 18 noong nagparehistro kayo.

? Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo.

- Kung naging mamamayan kayo ng U.S., bago o sa mismong araw ng deadline ng pagpaparehistro (Mayo 21), maaari kayong bumoto sa eleksyong ito, ngunit kailangan kayong magparehistro nang hindi lampas sa deadline;
- Kung naging mamamayan kayo ng U.S. *pagka-raan* ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro **at** bumoto sa City Hall Voting Center bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon kapag may katibayan ng pagiging mamamayan.



❓ **Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago duma-tang ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumu-sunod:

- Pumunta sa City Hall Voting Center, sa mismong Araw ng Eleksyon o bago sumapit ito, kumpletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante **at** bumoto; o
- Pumunta sa inyong bagong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa *sfelections.org/pollsite*, o tumawag sa (415) 554-4310.

❓ **Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa ibang bansa. Paano ako makaboboto?**

Maaari kayong magparehistrong bumoto at mapadalhan ng vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application. I-download ang aplikasyon mula sa *fvap.gov* o kumuha nito mula sa mga embahada, mga konsulado o mga opisyal ng military na tumutulong sa pagboto.

❓ **Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa lugar ng botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?**

Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan, o maaari ninyong tingnan ang *sfelections.org* o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

❓ **Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?**

Opo. Nakatutulong kung nakapagpasiya na kayo bago pa kayo pumunta sa lugar ng botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Ang inyong Halimbawang Balota ay makikita sa Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Maaari ninyong gamitin ang alinman sa dalawa, ang Halimbawang Balota o ang Ballot Worksheet na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

❓ **Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?**

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.



SF72.org



AlertSF

Kumonekta

I-text ang **AlertSF** sa **888-777**

Magpadala ng text sa **888-777** at i-type ang **AlertSF** sa linya ng mensahe para makapagpatala agad para sa mga emergency text na alerto.

Pumunta sa **alertsf.org**

Ipasadya ang mga pang-emergency na alerto moayon sa kapitbahayan.

Sundan ang **@SF_Emergency**

Sundan kami sa Twitter para sa mga pang-emergencyna alerto, pampublikong impormasyon at mga abiso.

Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Primaryang Eleksyon — Hunyo 5, 2018

A

Accessible voting para sa mga botanteng may kapansanan.	10
Address ng inyong lugar ng botohan. (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota. (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado. (likod na pabalat)	

B

Batas sa mga karapatan ng botante.	58
---	----

D

Direktor, Sulat mula sa.	2
-------------------------------	---

I

Itanong, Mga madalas na.	76
-------------------------------	----

K

Kandidato at katungkulan, impormasyon tungkol sa mga.	14
Kandidato, mga pahayag ng kuwalipikasyon	
Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos.	16
Kandidato para sa Asembleya ng Estado.	21
Kandidato para sa Punong-bayan.	23
Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor (Distrito 8 lamang).	27
Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 4.	29
Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 7.	30
Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 9.	31
Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg 11.	33
Komite para Gawing mas Simple ang Balota.	3
Kumpidensiyal (Pagiging) at Mga rekord ng botante.	58

L

Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante.	3
Lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento, impormasyon tungkol sa.	35
3 Panrehiyong Panukala 3.	38
A Mga Revenue Bond (Utang para sa Proyektong Kumikita) para sa Pamublikong Utilidad.	42
B Pagbabawal sa mga Naitalagang Komisyoner sa Pagtakbo para sa Puwesto.	47
C Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pangangalaga at Edukasyon ng Bata.	50
D Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pabahay at mga Serbisyon Tumutugon sa Homelessness o Kawalan ng Tahanan.	54
E Pagbabawal sa mga Nagbebenta ng Sigarilyo at Tabako sa Pagtitinda ng mga May Lasang Produkto ng Tabako.	59
F Pagpopondo ng Lungsod sa Legal na Representasyon sa mga Nangungupahan sa Residensiyal na Gusali sa mga Paghahabla upang Mapaalis sila sa Tinitirhan.	62

G Parcel Tax (Buwis sa Parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco).	66
H Polisiya sa Paggamit ng Taser ng mga Pulis ng San Francisco.	70
I Relokasyon ng mga Propesyonal na Sports Team (Koponang Pampalakasan).	74
Lugar ng botohan, kumpirmahin ang lokasyon.	4

M

Maagang pagboto.	5
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon. (loob ng likod na pabalat)	

N

Nagkamali habang bumoboto, paano makakakuha ng balota.	8
---	---

P

Pagboto sa pamamagitan ng mail.	5
Pagboto, mga instruksiyon sa.	6
Pag-endorso ng partido.	15
Permanenteng pagboto sa pamamagitan ng mail, impormasyon tungkol sa.	5
Petsa, mga importante. (loob ng harap na pabalat)	
Primaryang Eleksyon sa California.	34
Programang Ligtas sa Tahanan.	58

R

Ranked-choice voting (Pagboto na Aantasin ang mga piniling kandidato).	7
Remote Accessible na Sistemang Vote-by-Mail.	9

S

Salitang Dapat Ninyong Malaman.	36
--------------------------------------	----

W

Website ng Departamento ng mga Eleksyon. (loob ng likod na pabalat)	
Wikang Filipino, Tulong sa.	46
Worksheet ng Balota. (huling pahina)	



Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon ng anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa mail ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* at sa *Sing Tao Daily* sa Mayo 23 at 24, at sa *El Reportero* sa Mayo 23.

Worksheet ng Balota: Eleksyon sa Hunyo 5, 2018

Magtipid ng oras sa pagboto! Isulat ang mga pinili dito.

Gamitin kapag nagmamarka ng inyong balota.

Hindi lahat ng botante ay kuwalipikado na bumoto sa lahat ng paligsahan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang inyong halimbawang balota.



**SAN FRANCISCO
ELECTIONS**

MGA KATUNGKULAN

MGA LOKAL NA KATUNGKULAN *Mag-antas ng iba't ibang kandidato sa bawat hanay*

	UNANG PINILI	PANGALAWANG PINILI	PANGATLONG PINILI
Punong-Bayan			
Miyembro, Lupon ng mga Superbisor, Distrito 8			

MGA LOKAL NA KATUNGKULAN *Bumoto ng isa*

Hukom ng Korte Superyor, puwesto #4
Hukom ng Korte Superyor, puwesto #7
Hukom ng Korte Superyor, puwesto #9
Hukom ng Korte Superyor, puwesto #11

MGA FEDERAL AT ESTADO NA KATUNGKULAN *Bumoto ng isa*

Gobernador	Komisyonado ng Seguro
Tenyente Gobernador	Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
Kalihim ng Estado	Senado ng Estados Unidos
Kontroler	Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12 o 14
Ingat-yaman	Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19
Pangkalahatang Abugado	Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

MGA PANUKALA

MGA PROPOSISYON NG ESTADO: Matuto ng higit pa sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa California	OO	HINDI
68 Pahihintulutan ang pagpopondo ng mga bono sa mga parke, proteksyon sa mga likas na yaman, pag-ayon sa klima, kalidad at supply ng tubig, at proteksyon sa baha		
69 Nag-aatas na gamitin ang ilang partikular na bagong kita sa transportasyon para sa mga layuning pantransportasyon		
70 Kinakailangan ang boto ng mayorya ng lehislatura na nag-aaprubang paggamit ng nakareserbang pondo sa cap-and-trade		
71 Nagtatakda sa petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa mga panukala sa balota		
72 Pinapahintulutan ang lehislatura na ibukod ang mga bagong tayong sistema na pansalo ng ulan sa kinakailangang muling pagtatasa ng buwis ng ari-arian		
PANREHIYONG PANUKALA: Matuto ng higit pa sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante sa San Francisco		
3 Plano sa Pagpapahupa ng Trapiko sa Bay Area		
MGA LOKAL NA PROPOSISYON: Matuto ng higit pa sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante sa San Francisco		
A Mga Revenue Bond (Utang para sa Proyektong Kumikita) para sa Pampublikong Utilidad		
B Pagbabawal sa mga Naitalagang Komisyoner sa Pagtakbo para sa Puwesto		
C Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pangangalaga at Edukasyon ng Bata		
D Karagdagang Buwis sa mga Paupahang Komersiyal na Gusali Upang Magamit ang Malaking Bahagi ng Pondo sa Pabahay at mga Serbisyong Tumutugon sa Homelessness o Kawalan ng Tahanan		
E Pagbabawal sa mga Nagbebenta ng Sigarilyo at Tabako sa Pagtitinda ng mga May Lasang Produkto ng Tabako		
F Pagpopondo ng Lungsod sa Legal na Representasyon sa mga Nangungupahan sa Residensiyal na Gusali sa mga Paghahabla upang Mapaalis sila sa Tinitirhan		
G Parcel Tax (Buwis sa Parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)		
H Polisiya sa Paggamit ng Taser ng mga Pulis ng San Francisco		
I Relokasyon ng mga Propesyonal na Sports Team (Koponang Pampalakasan)		